# *Ang Pangitain Sa Patmos*

. . .Habang inaanunsyo 'yun ni Kapatid na Neville, na. . . sinasabi po ni Kapatid na Moore noong isang araw, sinasabi 'yung tungkol sa Espiritu ng Panginoon, na pumasok. . .sa pagpasok nito sa gusali. Sabi niya, "Talagang umigting nang husto ang paligid na inakala ko tuloy na dumating na ang Pag-agaw hanggang sa tumingin ako sa paligid, nakita ko ang iba na nakaupo rito," sabi, "hindi pa, hindi pa dumarating, dahil kung—kung nandito pa sila kung ganoon alam ko na nandito pa rin ako." Kaya kung minsan inihahatid ng Espiritu ng Panginoon ang ganoong kabutihan sa atin.

2 Ikinatutuwa natin nang lubos na marami tayong mga kaibigan na nakikita natin na narito sa loob ng gusali. Marami po sila para banggitin lahat. Mangyari po na napansin ko, sa pagpasok sa pintuan, si Kapatid na Carpenter, ang lalaki po na nagkasal sa maybahay ko't ako. Si Kapatid na Carpenter, siya po'y talagang malaking pagpapala sa atin dito sa iglesya, at siya'y matagal nang pagpapala sa atin sa dako ng pagmiministeryo, at siya'y nangangaral saan man, halos sa lahat ng dako. At ikinagagalak natin na kasama natin siya rito, oh, kasama ang marami pang iba.

3 Ngayon mayroong isa pang katanungan dito na iniabot sa akin kagabi:

> **Kapatid na Branham, ang lima po bang dalagang hangal ng Mateo 25 ay ibinibilang na mga nalabi ng Gentil? Sa pagkakaintindi ko ang limang dalagang hangal ay ligtas pero kailangan nilang dumaan sa panahon ng malaking kapighatian. Tama po ba ito? Kung tama po, ano ang magiging huling destinasyon nila? Sila po ba ang mga tupa na inihiwalay mula sa mga kambing sa Mateo 25:33 at 34?**

4 Isa pong mahusay na teologo sa aking. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]. . .na naiisip din ito, na sila ang mga nalabi, ang natutulog na birhen ay ang mga nalabi na sinaysay sa Apocalipsis; ng binhi ng babae na tumutupad sa mga utos ng Diyos at may kamit na patotoo ukol kay Jesus Cristo. Ang isa ngang babae ay kukuha ng isang—isang tela at ilalatag 'yun; buweno, ngayon, 'yung bagay na paggugupitan niya ng tela. . . o kukuha siya ng padron at ipapatong niya 'yun sa bahagi na magustuhan niya, kung saan ba siya gugupit. At pagkatapos ang matitira sa kanya'y 'yung tinatawag na nalabi, pero mangyari nga na pinili niyang gupitan 'yun mula sa isang partikular na bahagi gamit ang sarili niyang pag-iisip. Pero ang natira nga'y tinatawag na nalabi.

5 Ngayon, kung papansinin n'yo, may limang hangal at may limang matatalinong birhen; lahat sila'y mga birhen, gawa sa siya ring materyal. Pero, sa pamamagitan ng paghirang, pinili ng Diyos ang Kanyang Nobya sa pamamagitan ng paghirang bago pa man itatag ang mundo, inilagay ang mga pangalan nila sa Aklat ng Buhay ng Cordero na pinaslang bago pa itatag ang mundo; bago pa nagpasimula ang mundo, ang Diyos sa Kanyang pag-iisip, sa pagiging walang katapusan.

6 At ginagamit natin ang salita kung minsan, na "paunang pagtatalaga," pero isa ngang naiwang kuwestiyon sa kapanahunan ng iglesya na kinabubuhayan natin. Isa nga 'yung tunay na dakilang bagay na ginamit noong panahon ng mga martir, dahil tunay na naniniwala sila rito. Pero sila'y napalayo na mula Rito ngayon, nagawi na sa legalistang mga ideya, sa legalistang pagtuturo sa loob ng iglesya na dumating. . . Na isang mabuting bagay, dahil ang lahat ng 'yun ay napadpad sa pagiging Calvinistic doon sa Inglatera na ang nangyari'y nawalan na sila ng mga rebaybal, at dumating si John Wesley na ipinapangaral ang turo't aral na Arminian na nagbalanse dun. Sa tuwina nga'y binabalanse 'yun ng Diyos.

7 Mangyari nga pagkatapos na 'yung mga dalagang hangal ay yaong mga walang langis sa kanilang ilawan, na naniniwala ako na itinapon sa kadiliman sa labas kung saan may iyakan, pananangis, at pagngangalit ng ngipin. At kung ihahambing n'yo 'yan, o diyan sa mga tala n'yo sa baba ng pahina, tutugaygay nga 'yun pabalik sa malaking kapighatian. At iniisip ko na sila 'yung maiiwan at dadaan sa malaking kapighatian. At isa ngang malawak na aralin 'yan, kung may oras lang sana tayo para talakayin 'yan. Kung kayo. . .

8 Ngayon, alalahanin n'yo, nabanggit ko na ito noong una pa lang, kung saan kapag makikinig kayo sa mga teyp, "Ang mga bagay na ito ay ayon sa paraan ng paniniwala ko rito na tama." Kita n'yo? Ngayon, kung mali ang mga ito, hindi ko—hindi ko alam na ganito ito. Aking. . . At ang tanging masasabi ko lang ay ang bagay na pinaniniwalaan ko. At hindi ko po hangad na saktan ang damdamin ng sinuman. Kailangan lang nating isantabi ang mga 'yan sa pagpasok natin, at pagkatapos ay kunin ang bagay na ipinangusap, at saliksikin ito, at tingnan kung tunay bang mga Kasulatan ito o hindi. Yun ang pinaka mainam na paraan na gawin dito. Tapos. . . Dahil sa panahon na tulad nito na kinabubuhayan natin ngayon, sa isang bansa kung saan ito'y hinihimalay nang hinihimalay nang hinihimalay nang hinihimalay ng lahat na ng klase ng lahat, buweno, napakahirap na maibunsod ang mga tao na tunay na unawain ito, di tulad dun sa mga teritoryo na baguhan pa lang. Magsasaysay ka sa kanila, paniniwalaan nila ito, ganoon nga roon.

9 Pero, ngayon, may isa na darating na may dalang *ganitong* ideya, at may isa na darating na dala ang *ganito* namang ideya,

at mayroon na tuloy tayong siyamnaraan at kung ilan na iba't ibang mga iglesyang denominasyon, at ang bawat isa'y salungat (ang kanyang pagtuturo) sa isa pa; at may isa nga sa kanila na mali, at may isa na tama. Kaya ngayon ang tanging patunay lang nito, ay ibaling 'yun pabalik sa Biblia; kita n'yo, isangguni sa Biblia. Ngayon, maraming beses, na naglalagay ang mga tao ng sarili nilang interpretasyon. Pero sinisikap natin ang pinaka mainam nating magagawa, na hindi maglagay ng anumang interpretasyon ng tao rito. Sadyang basahin Ito nang kung ano mismo Ito, at sabihin, "Ganito mismo Ito."

10 At pagkatapos lagi kong napapansin, kung tatanggapin n'yo lamang ang bagay na sinasabi Niya, ibubunsod nun na ang lahat ay maglakip-lakip nang eksakto sa Kasulatan. Para nga 'yung pagbubuo ng isang jigsaw puzzle, kailangan mong tingnan ang huwaran bago n'yo mabuo ang puzzle. Kung hindi, lagi ko ngang sinasabi, "Magkakaroon ka ng . . . Sa larawan mo, mayroon kang baka na kumakain ng damo sa ibabaw ng isang puno." Kaya ang kalalabasan nito—ang kalalabasan nito'y hindi tama.

11 At kung hahayaan lamang natin ang Espiritu Santo . . . Sino po ba ang nagsulat ng Biblia? Ang Espiritu Santo ang nag-udyok sa mga kalalakihan at isinulat ang Biblia. Kaya naman kung walang Espiritu Santo, kahit na gaano pa kayong kaedukado, hinding-hindi n'yo mauunawaan Ito. Dahil maging si Jesus ay nagpasalamat sa Diyos na Kanyang itinago Ito mula sa mata ng mga pantas at matatalino, at ihahayag Ito sa mga sanggol na mga matututo pa. At bawat isa sa mga alagad noon ay higit-kumulang mga mangmang at mga taong hindi nakapag-aral maliban sa isa, at 'yun ay si Pablo. At si Pablo man ay nagsabi na kailangan niyang kalimutan ang lahat ng nalalaman niya upang masumpungan si Cristo. Kaya sinabi niya sa iglesya ng Corinto, na siya'y "hindi pumaroon sa karunungan ng tao at kagalingan sa pananalita," dahil kung ganoon ang kanilang—kanilang pananampalataya ay magiging sa karunungan lang ng tao, anupa't nagtungo siya sa kanila sa kapangyarihan at pagpapamalas ng Espiritu Santo, nang sa gayon ang kanilang pananampalataya ay manangan sa mga gawa ng Espiritu Santo batay sa Salita ng Diyos. At diyan nga tayo nagsusumikap na manangan nang sadyang malapit, ngayon, dahil bago matapos ang sanlinggo, o oras na matapos ang sanlinggo, makikita n'yo ito, kung ano ang eksaktong nangyari, 'yung munting kurdon na 'yun na tumutugaygay sa kapanahunan nang simula't sapul.

12 Salamat po sa paglalagay nitong pisara nang mas mataas. Mas maigi na pong tingnan.

13 Ngayon, oh, tayo . . . Kung maaari lang sana na mayroon tayong buong taglamig, para matalakay natin ang buong Aklat mismo ng Apocalipsis at sadyang talakayin Ito nang husto. Napakagandang mga pagtuturo ang naroon. At naalala ko, sa palagay ko dalawampung taon na rin ang nakakaraan o

dalawampu't lima, noong ang iglesya'y bago pa, nagsimula tayo nang. . . bago lamang ang taglagas, at halos umabot ng sunod na taglagas, sa pagtalakay natin sa Aklat ng Apocalipsis.

14 Ngayon, naalala ko po noong tinalakay ang Aklat ni Job. Oh, Kapatid na Wright! Napatagal ako nang husto sa paksa na 'yun na anupa't may isang babae na sumulat at nagtanong sa akin, ang sabi niya, "Kapatid na Branham, hindi mo ba aalisin si Job mula sa bunton ng abo na 'yun?" Buweno, nais ko lamang gumawa ng punto, dahil 'yun nga'y dako kung saan ang lahat ng mga bagay ay tumutugaygay, sa isang dako na 'yun; doon nga sa dako na 'yun kung saan ang Espiritu ng Panginoon ay dumako sa kanya, pagkatapos noong kumidlat at kumulog na, ang Espiritu'y dumako roon sa propeta at nakita niya ang pagdating ng Panginoon. At gusto ko lamang patimuin 'yun nang husto, 'yun ang dahilan kung bakit natagalan ako't napanatili ko siya sa ibabaw ng abo nang mahaba-haba, para—para mabigyang diin ang punto na 'yun. At alam ko na kung minsan ay nakakabagot marahil, sa iba. Ako man ay naliligalig, din, kapag nakakapakinig ako ng isang tao na paikot-ikot lang sa isang bagay, na mukha namang kung magpapatuloy lang siya roon ay tatamaan na niya ang punto. Pero marahil pinangungunahan ng Diyos ang tao na 'yun para sa layunin na 'yun.

15 Ngayon balik dito sa mga nalabi, bago natin iwan ang tanong. Umaasa ako na nalinaw ko ito. Ito. . . Tunay po na naniniwala ako na ang mga nalabi'y pinili ng Diyos. Ako—ako po'y naniniwala rito, na pinili rin ng Diyos ang mga nalabi bago itatag ang mundo; at ginawa 'yun sa pamamagitan ng Kanyang "paunang kaalaman." Hindi 'yung salitang. . . Ngayon masdan n'yo ang *paunang pagtatalaga*, kita n'yo, dahil ito'y medyo kontrobersyal na salita sa gitna ng mga tao. Kita n'yo? Pero ang Diyos, bago pa itatag ang mundo, sa Kanyang dakila't walang katapusang kaisipan, ay pinili ang Iglesya, pinili si Jesus, pinili ang Iglesya, at alam na sa pasimula pa lang kung ano ang magiging sa katapusan. Siya. . . Kung Siya'y walang katapusan, walang bagay mismo na hindi Niya nalalaman. Alam Niya ang bawat pulgas na lilitaw sa lupa, at kung ilang beses na ikukurap nito ang mata nito. Ngayon, ganoon nga mismo. . . at kung gaanong karaming sebo ang gagawin nito, at kung gaanong karami ang gagawin nilang lahat. Yan po'y pagka-walang katapusan, ang pagka-walang katapusan; inyong—inyong. . . wala ngang paraan para maipaliwanag Ito. At ang Diyos, ganoon nga Siya, na isang Diyos na walang katapusan.

16 Kaya, kung mapapansin n'yo, sinabi ng Biblia na sa huling mga araw ay lilitaw ang anticristo sa lupa. . .

17 Ngayon pakinggan n'yong maigi! Yun lang ang tanging kapintasan. . . Sa palagay ko ay makahahanap siya ng milyon sa akin. Pero tungkol sa ating kalugud-lugod na Kapatid na Billy

Graham, noong isang araw, ang katangi-tanging pangangaral na 'yun na ipinangaral niya noong nakaraang Linggo, at tunay po na iniisip ko na napapanahong mensahe 'yun. At . . . pero nabanggit niya na "ililigaw ni Satanas maging ang Mga Hirang."

18 Hindi, ang sabi ng Biblia, "Kanyang ililigaw ang Mga Hirang *kung* maaari." Pero hindi maaari, dahil pinili na sila ng Diyos bago pa itatag ang mundo. Kita n'yo? Ang Cordero . . . Si Jesus Cristo ang Cordero na pinaslang buhat nang itatag ang sanlibutan. Kapag inisip ng Diyos, kapag salitain Niya ang Salita na 'yun, hinding-hindi Ito maaaring magbago, hinding-hindi Ito maiiba. Kita n'yo, dahil Siya—Siya'y—Siya'y walang katapusan, at ang Kanyang Mga Salita ay matutupad.

19 Isipin n'yo na lang, ito mismong . . . ang mundo mismo na kinauupuan natin sa gabing ito ay ang Salita ng Diyos na nahayag. Ang mundo'y natatag sa pamamagitan ng mga bagay na hindi pa lumilitaw. Sinabi lamang Niya, "Magkaroon," at nagkaroon. Gaano ngang kadali para sa isang Diyos na 'yun na pagalingin ang isang katawan na may sakit kung ganoon, kung nagagawa Niyang gumawa ng isang likha sa pamamagitan lamang ng pagsasalita rito. Kita n'yo, ang Kanyang Salita. Kung makakapagkamit lamang tayo ng pananampalataya na makita kung ano talaga ang Kanyang Salita! Masyado kasi tayong tali sa mundo at halubilo ang ating isip na tuloy tayo . . . Oh, di ko alam. Kung anu-ano ang itinuturok sa atin, isang turok mula sa isa rito, at isang turok mula sa isa na 'yun, at—at humantong sa isang punto na siya'y nabaluktot na nang husto. Pero kung magagawa n'yo lang na ugain ang buong bagay na 'yun para makawala, manumbalik para kilalanin na Siya ay Diyos, at ang Kanyang Mga Salita ay hindi kailan mabibigo kung papaanong hindi Siya mabibigo. At kung ang Salita na 'yun ay mabibigo, kung ganoon ang Diyos ay mabibigo; at kung ang Diyos ay mabibigo dun . . . hindi Siya Diyos. Kita n'yo? Kaya . . . At kung maaalala n'yo, hindi Siya makapagsasabi ng isang bagay *rito* at iba namang bagay *rito*; kinakailangan mismo na manatili Siya sa Kanyang unang pagpapasya upang maging Diyos. Kaya, atin lamang ila- . . .

20 At isang bagay lang ang hinihingi Niya sa atin, ang manampalataya sa kung ano ang sinabi Niya na Katotohanan, at Kanyang ibubunsod 'yun na mangyari. Oh, grabeng ganda! Naghihintay kayo ng isang biglaang bagay na mangyari; kung minsan ang kailangan lang talaga'y mumunting pananampalataya. Hindi man gagawa ng himala, pero kung panghahawakan n'yo ito, ilalabas kayo nito; manatili lamang kayo rito. Gaya ng sinabi Niya, "Ang binhi ng mustasa, ang pinaka maliit sa lahat ng mga binhi." Pero napansin n'yo, ang mustasa nga'y hindi maihahalong-lahi sa iba. Hindi n'yo maihahalong-lahi ang mustasa sa anuman, hindi 'yun uubra. At kung may pananampalataya kayo, kahit

munting pananampalataya lang na hindi mahahaluan ng di-pananampalataya o anumang pagkamaka-iglesya o dogma, anupa't mananatili lang na tapat sa Diyos, sadyang mananatili lamang Dito, itatawid kayo mismo Nito sa daang balot ng ulap, itatawid kayo mismo palabas. Siyanga! Manatili lamang sa pananampalataya na 'yun.

21 Ngayon, sa pasimula, noong ang Diyos . . . Ang sabi ng Biblia, sa Apocalipsis, na, "Ang anticristo, sa huling mga araw . . . " Ngayon tingnan n'yo ang mga kaiglesyahang ito na lahat sila'y nagsasama-sama na. "Ang anticristo, sa huling mga araw, ay dadayain ang lahat ng nasa lupa na ang mga pangalan ay hindi nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero mula nang itatag ang sanlibutan." Kailan inilagay ang inyong pangalan sa Aklat ng Buhay? Bago pa man magkaroon ng mundo, pinili na kayo para tanggapin ang Espiritu Santo sa kapanahunan na ito.

22 Nakikiisa ako kay Eddie Perronet:

> Aking iniaangkla ang aking kaluluwa sa kanlungan ng kapahingahan,
> Para hindi na maglayag sa ligaw na pag-aalinlangang karagatan;
> Marahil ang unos ay mananangay sa mabangis, na mabagyong kalaliman,
> Pero kay Jesus tayo'y ligtas magpakailanman.

23 Walang makapaghihiwalay sa atin (ang Diyos ay hindi nga . . . hindi babawiin ang Kanyang Salita. At kung Siya'y walang katapusan, at bibigyan kayo ng Espiritu Santo *rito*, yamang nalalaman na Kanyang maiwawaglit din kayo *rito*, anong klaseng pamamahala ang Kanyang pinatatakbo?), kung hindi kayo madadaya sa inyong karanasan, kung may kamit kayong Espiritu Santo. Pero tingnan n'yo nga ang sinabi ng Biblia, Mga Taga-Efeso 4:30, "Huwag n'yong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos, na sa Kanya'y kayo'y natatakan hanggang . . . " Sa huling rebaybal ba? Tama po ba 'yun? "Kayo'y natatakan hanggang sa araw ng inyong katubusan!" Gaanong katagal? Hanggang sa inyong katubusan.

24 Kumuha kayo ng bagon, ilagay n'yo sa riles, at kapag ganap na itong nakargahan . . . Ngayon, hindi pa nila maisasara ang bagon na 'yun, kailangan munang dumating ang inspektor. At sisiyasatin niya, at titingnan kung may maluwag ba na puwedeng maalog. Yung bagon nga'y maaaring . . . Marahil puno ng kargamento ang bagon, pero kung may dako roon na maluwag, kailangan n'yong ayusin ang pagkakarga nun uli. At 'yan po ang nangyayari, marami sa atin ang hindi pa nakakamit ang Espiritu Santo mismo; na kapag ang inspektor ay darating, marami Siyang nakikitang maluluwag na dako, kita n'yo, kaya hindi pa Niya 'yun seselyuhan.

25 May isang magaling na teologong bumisita sa akin noong isang araw, o hindi po pala noong isang araw, nasa tatlo o apat na taon na ang nakararaan, at sabi niya, "Gusto kitang tanungin ng isang bagay." Sabi, "Nanampalataya si Abraham sa Diyos, at 'yun ay ibinilang sa kanya bilang katuwiran."

Sabi ko, "Totoo po 'yun, tama."

Sabi, "Ano pa bang magagawa ng isang tao kundi manampalataya?"

Sabi ko, "Yun lang ang tanging magagawa niya."

26 Sabi niya, "Kung ganoon saan mo mailalagay ang Espiritu Santo na ito maliban dun?" Ngayon, alam n'yo isa siyang Baptist. At sabi niya—sabi niya, "Saan mo mailalagay ang Espiritu Santo na ito?" Sabi, "Kung ang isang tao nga'y sumampalataya! Gayong 'yung mismong minuto na nanampalataya ka, natanggap mo na ang Espiritu Santo."

Sabi ko, "Hindi, hindi. Ngayon, makakabunsod ka—makakabunsod ka ng pagsasalungatan sa mga Kasulatan kung ganyan, ang mga Kasulatan ay hindi nagsasalungatan sa Isa't Isa. Kita n'yo? Ang tanong sa kanila ni Pablo, 'Natanggap n'yo na ba ang Espiritu Santo *simula* nang manampalataya kayo?'"

At sabi niya, "Buweno . . . "

27 Sabi ko, "Tunay na si Abraham na ama ng pananampalataya ay nagbigay . . . kamit niya ang pangako ng Diyos at sumampalataya sa Diyos, at 'yun ay ibinilang sa kanya na katuwiran, pero ibinigay ng Diyos sa kanya ang tatak ng pagtutuli bilang isang tanda na Kanyang tinanggap ang kanyang pananampalataya."

28 Ngayon, kung hindi pa Niya kayo sineselyuhan ng Espiritu Santo, kung hindi pa Niya natatanggap ang inyong pananampalataya sa Kanya, may maluluwag pa kasi kayong bahagi. Kita n'yo? Marahil nananampalataya kayo, siyanga, pero marami pang maluluwag na bahagi. Pero kapag 'yang lahat ng maluluwag na bahagi na 'yan ay naikarga na nang tama, pagkatapos nga'y Kanyang seselyuhan kayo ng Espiritu Santo hanggang sa araw ng inyong katubusan. Yan ang kumpirmasyon ng Diyos na Kanyang tinanggap na ang pananampalataya na inyong ipinapahayag sa Kanya.

29 Si Abraham ay nagpahayag ng pananampalataya, at sabi ng Diyos, "Bibigyan Kita ng isang tanda ngayon na iyong . . . na tinanggap na Kita." At nagbigay Siya sa kanya ng tanda ng pagtutuli.

30 Ngayon, kapag natanggap n'yo si Cristo bilang sariling Tagapagligtas at manampalataya sa Kanya at humiling sa Kanya na linisin ang iyong buhay, at pagkatapos sa Kanyang pagbabalik dala ang Espiritu Santo at ibibigay sa inyo ang

tanda ng Espiritu Santo, kung ganoon ay naselyuhan na kayo hanggang sa inyong katubusan.

31 Itong bagon dito, kung ito'y maluwag. . .Matapos na kinargahan nang puno at isara na ang pintuan at nalagyan na ng selyo, hayan nga't ito'y—ito'y selyado na hanggang sa patutunguhan nito, ipabibilanggo kayo nang habambuhay ng mga kompanya ng riles kung sisirain n'yo ang selyo na 'yun. Hindi 'yun maaaring sirain. Selyado na 'yun hanggang sa patutunguhan nito; hindi nga maaari na may kung sino sa daraanan ng riles na hihila dun para mabuksan at sisilipin ang loob, at sisiyasatin 'yun at titingnan, at maghahagis ng ilang mga bagay sa loob, maglalagay pa ng ilang mga bagay sa loob. Hindi, hindi!

32 Sasabihin ng iglesyang ito, buweno, ng dogmang 'yun, "Hindi *ito* ganito, hindi *iyon* ganoon." Kapag binigyan na kayo ng Diyos ng Espiritu Santo, 'yun na 'yun! Alam n'yo kung saan kayo nakatayo, alam n'yo kung anong nangyari, at kayo'y naselyuhan na hanggang sa araw mismo ng inyong katubusan, hanggang sa patutunguhan n'yo sa makalupang paglalakbay na ito. Oh, grabe! Yan nga'y tunay na makapagpapabunsod sa sinuman na magkaroon mismo ng pananampalataya at manampalataya sa Diyos, sadyang babangon mismo sa kapangyarihan ng Espiritu Santo.

33 Ngayon, ang mga birhen na ito na hindi nakamit ang Espiritu Santo, (Naalala n'yo ba?) ang tanging bagay na kulang sila ay langis sa kanilang mga ilawan. Tama po ba? Sinabi ng Biblia na ang *langis* ay sumisimbolo sa "Espiritu Santo," 'yan ang dahilan kung bakit nagpapahid tayo sa mga maysakit ng langis, at kung ano pa, dahil ito'y simbolo ng Espiritu Santo. Ngayon, hayan mismo't kung—kung ang Espiritu Santo ay hindi dumako sa kanila, hindi nila Ito natanggap. At kaya naman sa Kanyang pagdating, ang sabi nila. . .Ngayon, sa mga birhen na may langis, sabi. . .

34 Nakita n'yo, nandun sila sa kapanahunan ng iglesya; may ilan sa kanila dun na mabubuting tao pero wala sila sa Liwanag ng bituwin, ang ibig kong sabihin, ay 'yung mitsa'y ibinabad sa langis. Kita n'yo, at walang ilaw 'yun. Walang liwanag mismo, kanilang naihiwalay ang kanilang sarili. Ang sabi ni Pablo, noong panahon niya, "Inihiwalay nila ang kanilang mga sarili sa atin, wari bagang walang kamit na pananampalataya." Kita n'yo, at lumayo mula sa kanila, "Lumayo sila mula sa atin dahil hindi sila sa atin." Ngayon, nagsimula 'yun noong sinaunang kapanahunan ng Efeso at tumugaygay hanggang sa kapanahunan ngayon. Siya ring bagay, bawat isa sa mga kapanahunan na 'yun, 'yung bagay na nangyari sa kanila ay nagpasalin-salin hanggang sa mga kapanahunan dito. Dadako po tayo riyan nang malalim maya-maya.

35 Ngayon, pansinin n'yo na ang birhen na ito, hayan nga, napadpad siya roon sa kung saan may iyakan, pagtatangis, at pagngangalit ng ngipin.

36 Hayaan n'yong sabihin ko ito, aking kalugud-lugod na minamahal na kaibigan; dahil kadalasan sa simbahan dito, kapag nagpupunta ako rito, nagpupunta lang ako rito at nagdadaos ng gawain ng pagpapagaling at nananalangin para sa mga maysakit, at hahayo sa buong bansa mismo kung saan. Pero ito na 'yung panahon, na binabanggit ko na sa inyo nang matagal na panahon na, ilagay n'yo po ang inyong diwa sa inyong bulsa. Ngayon nagnanais tayo—nagnanais tayo na makadulog at maging tapat mismo't totoo sa isa't isa, dahil nandito na tayo sa huling araw. Oo!

37 Ngayon, diyan nga kayo mga kalugud-lugod na mga Nazarene at mga Pilgrim Holiness na nasa ilalim ng pagpapaging banal nabigo. Kita n'yo? Ngayon, alam n'yo ba na si Judas Iscariote'y namuhay hanggang sa makaabot sa siya ring katayuan na 'yan? Nanampalataya si Judas sa Panginoong Jesus bilang Tagapagligtas, tinanggap Siya bilang Tagapagligtas. At siya man ay pinagpaging banal din. Pinagpaging banal siya, sa Juan 17:17, noong sabihin ni Jesus, "Ama, banalin Mo sila sa pamamagitan ng Katotohanan, ang Iyong Salita ang Katotohanan." At Siya ang Salita. Siyanga!

38 Sa Mateo 10, pinagkalooban sila ng kapangyarihan para magpagaling ng maysakit, magbuhay ng patay, magpalayas ng mga diyablo. At humayo sila sa lahat ng mga dako ng—ng bansa at nagpalayas ng mga diyablo, at bumalik na nagbubunyi at sumisigaw at nagpupuri sa Diyos. At sinabi sa kanila ni Jesus, "Huwag ninyong ikagalak na ang mga diyablo'y naisusuko sa inyo, bagkus magalak kayo dahil ang inyong mga pangalan ay naroon sa Aklat ng Buhay." Tama po ba? At isa sa kanila si Judas, si Judas ay kasa-kasama nila, pero 'yun nga'y isang taon at anim na buwan bago mapako si Jesus sa krus.

39 Ngayon, pagkatapos noong dumating na sa Pentecostes, para tanggapin ni Judas ang Espiritu Santo at kung ano pa, ipinakita niya ang tunay niyang kulay. Ipinagkanulo niya—ipinagkanulo niya si Jesus, at naging isang taksil sa Kanya. At diyan nga mismo galing ang espiritu na 'yan; na nagpatuloy sa panahon nila Luther, Wesley, hanggang sa ang iglesya na 'yun ay dumating sa pagpapaging banal na taglay ang birhen na buhay (dalisay, malinis, banal, mainam, pinaka kalugud-lugod na mga taong makikilala n'yo), pero pagdating sa . . . noong ang mga tao'y nagsalita na ng iba't ibang wika at tinanggap na ang Espiritu Santo, haya't ang Nazarene, Pilgrim Holiness, Free Methodist, pagkatapos nga'y sinasabi, "Ang diyablo 'yan." At doon nga mismo'y pinupusong n'yo ang Espiritu Santo at pinuputol n'yo ang inyong sarili nang magpakailanman; "Sapagkat kung sinuman ang magsalita ng isang salita laban sa Anak ng tao ay

patatawarin, ngunit ang sinuman na magsalita laban sa Espiritu Santo ay hindi na kailanman patatawarin."

40 Alalahanin n'yo, lahat ng mga alagad ay nagsalita sa iba't ibang wika. Namatay si Jesus Cristo sa krus, na nagsasalita ng wika. Uh-hum. Kaya kung hindi kayo makikipag-ugnay sa kanila rito, na maging palakaibigan sa kanila rito, papaano na lang doon? Sa kanila . . . Kung ang mga ito'y diyablo, ibig sabihin pala'y ganoon din sila. Kaya nakikita n'yo na ba kung saan lumitaw ang kanyang kulay? Hayun nga ang birhen na 'yun, malinis gaya ng iba pa sa kanila, dalisay ang buhay. Kukunin ko nga ang sinaunang mga Nazarene, Pilgrim Holiness na mga kaiglesyahan, na tunay na naniniwala sa pagpapaging banal, hindi ka nga makapagtuturo ng daliri sa kanilang buhay; ganoon sila kalinis mismo. Mainam na bagay na makapamuhay tayong lahat ng gaya nun. Siyanga, marapat lamang kayo.

41 Ngayon, alam natin na marami tayo rito sa mga Pentecostal na mga mapagpanggap lang. Totoo po 'yan. Pero habang nakikita n'yo ang isang pekeng dolyar, alam n'yo na iginaya 'yun sa isa na totoo, isang tunay mismo. Ganoon nga. At may—may tunay na Espiritu Santo, Isang tunay mismo na nagsasalita sa iba't ibang wika at nagpapamalas ng mga tanda't mga kababalaghan, at 'yun nga'y nagpatuloy mula pa noong Pentecostes hanggang ngayon. Kaya kailangan na mayroon tayong mga manggagaya. Kailangan may masamang babae na walang kainaman, para pagningningning tunay ang isang tunay na babae. Kailangan may oras ng gabi tayo, maitim na kadiliman, para ipakita na ang liwanag ng araw ay maluwalhati. Tama. At marapat lamang na magkasakit kayo, para matamasa n'yo ang mabuting kalusugan. At 'yun ang batas ng mabuti't masama; at ganoon 'yun—ganoon 'yun sa tuwina, at lagi ngang magiging ganoon, habang may panahon.

Ngayon, kaya, diyan sa katayuan na 'yan iniusad ng iglesya ang sarili nito.

42 Ngayon, hindi ba't sinabi ni Jesus na "Sa huling mga araw," sa Mateo 24, "na ang dalawang espiritu na ito ay magiging halos magkapareho na ililigaw nito ang Hirang mismo kung maaari"? Uh-hum. Pero siya na pinili mula pa noong itatag ang mundo'y may Walang Hanggang Buhay. Walang Hanggang Buhay, hinding-hindi n'yo Yun mapaparam. Yun nga'y Walang Hanggan gaya mismo ng Diyos, hinding-hindi kayo paparam sa pag-iral kung papaanong ang Diyos ay hindi paparam sa pag-iral. Ganoon nga. Dahil kayo'y bahagi ng Diyos, kayo'y anak na lalaki at anak na babae ng Diyos, ang inyong buhay ay binago na at bahagi na kayo ng Diyos, taglay n'yo ang Buhay na Walang Hanggan. Oh, iniibig ko Siya. Hindi ba't kayo rin?

43 Ngayon, may nag-abot sa akin ng isang papel dito, isang munting tanong. Hindi po tayo gugugol ng maraming

oras ngayon para sagutin ito. At alalahanin n'yo, sa tuwing maglalagay kayo ng munting katanungan dito, sisikapin ko na sagutin ito sa abot ng mainam kong makakaya. Hayan nga't isa po itong importanteng katanungan:

> **Mayroon pong isa na gustong malaman kung mali para sa kababaihan ang magpatotoo, o umawit, o magbigay ng mga mensahe ng pagsasalita sa iba't ibang wika, magsalin ng mga mensahe, o magpropesiya, sa loob ng simbahan.**

44 Hindi, hindi po mali, ito'y isang. . .basta't nasa ayos lang. Kita n'yo? Ang iglesya'y nasa kaayusan, at tanging kung. . . Ang tunay, na totoong paraan para gawin ito ay yaong mga nakakapagsalita ng iba't ibang wika't mga bagay, 'yung mga mensahe nila'y dapat na maibigay bago ang pagmemensahe mula sa pulpito, hindi po dapat sabay; dahil ang Espiritu Santo'y kumikilos mula sa isang dako sa isang pagkakataon, gaya ng ipinangusap ni Pablo noon. Pero ang mga kababaihan nga ay may kaloob ng pagpropropesiya, at may kaloob ng mga wika't mga pagsasalin, at lahat na maliban sa pagiging mangangaral. Hindi sila dapat maging mangangaral. Sila'y hindi pinapayagan na mangaral sa mga simbahan, siyanga, na kukunin ang puwesto, o maging tagapagturo o anuman sa loob ng simbahan. Pero pagdating sa mga kaloob, ang kababaihan ay mayroon ng lahat ng 'yun, maaaring umokupa ng isa o alinman sa siyam na espirituwal na mga kaloob batay sa Unang Mga Taga-Corinto 12, at hindi pinagbawalan na ang kanyang mensahe ay hindi maipahayag sa lugar nito. Kita n'yo, ang bawat mensahe kasi'y naghihintay sa panahon nito.

45 "Kung mayroong isa na magsasalita sa iba't ibang wika, na walang magsasalin, tumahimik muna siya hanggang sa magkaroon ng magsasalin." Kita n'yo? At ang mga mensaheng ito ay ibinibigay, kadalasan, bago lamang ang pagtitipon, pagkatapos ang propeta, o, ang mangangaral, na Bagong Tipan na propeta, isang mangangaral, kapag siya'y dadako na roon ang Diyos ay unti-unting kikilos sa kanya, kita n'yo, pagkatapos kapag tapos na siya hayan nga na ang mga mensahe'y magsisimula na, iba na naman, pagkatapos, tulad ng dati, lagi po itong nasa kaayusan, sa tuwina; pero ang isang babae nga'y may karapatan.

46 Ang kasunod po, na nais kong, maglaan ng kaunting panahon para sagutin ito, babasahin ko lang po ang ulo ng balita:

> TATLONG PANANAMPALATAYANG PAGSASALIN NG ISANG BIBLIA SISIMULAN NA. Washington, ika-15 ng Oktubre. Ang mga Katoliko, Protestante at mga Judiong iskolar na nagtratrabaho bilang isang lupon ay nagsimula na ng isang bagong hugpungang pagsasalin ng

Mga Kasulatan na marahil siyang magiging matagal-nang-hinihintay na kanon daw na Biblia.

47 May ilan pang mga bagay rito ang gusto kong pag-aralan pa nang kaunti bago ako mag-anunsyo tungkol dito. Sa madaling salita, nakikita n'yo mismo kung anong ipinapangusap natin dito, sadyang eksakto mismo sa sinasabi ng Kasulatan na magaganap sa huling mga araw na ito, na ang mga ito'y magsasama-sama at aanyo ng larawan ng hayop. Mismo. Sinusubukan na nila, at trinatrabaho na ngayon ito, at ngayon nakakuha na sila ng pinaka mainam na oportunidad na nagkaroon sila para ipresenta ito, dahil nandun na 'yun mismo sa kanilang mga kamay. At 'yan ang pinaka dahilan kung bakit inilalahad ko ang mga propetikong mga mensahe na ito, dahil naiisip ko na napapanahon ito.

48 At kung mayroon pong makakabalik-balik bawat gabi, sisikapin natin na magsimula nang maaga at magpalabas nang maaga. At kung di ko matapos ang paksa, hayan po na iaanunsyo ko 'yun sa susunod na umaga. At kung di natin matapos ang tagpo ng 19, ng ika-9 na talata hanggang ika-20 ngayong gabi, sisimulan natin ito nang umaga nang alas diyes. Ipapaalam po namin sa inyo sa pagsasara ng gawain, kumpurme po sa takbo natin.

49 At pagkatapos bukas ng gabi ay tungkol sa iglesya ng Efeso, sisimulan, tutugaygayin natin ng pitong gabi: Efeso, ang Kapanahunan ng Iglesya ng Efeso; at ng Smirna; at Pergamo; at Tiatira; at Sardis; at Filadelfia; at Laodicea, sa susunod na Linggo.

50 At yamang nalalaman itong dakilang mga hiyas na naghihintay sa daan, napakahirap po na umiwas munang talakayin ang mga ito hanggang sa oras na. Kapag nakikita ko ang mga ito rito, at nararamdaman ang Espiritu na nagpapakain sa kalagitnaan ng mga tao, talaga pong parang ibinubunsod nito na ako'y dumako agad dun at—at mangusap ng mga bagay tungkol sa mga ito; pero kailangan ko talaga na huwag munang sabihin at ilagay sila sa kanilang kapanahunan at kanilang panahon. Kaya kung mapalampas n'yo ang pagdalo sa gabi, siguraduhin n'yo na makakuha nung teyp o ibang paraan para makahabol kayo Rito, dahil nais kong ipamahagi ito sa lahat ng dako. At ganito po ang ginawa ko dahil may nararamdaman akong pangunguna ng Espiritu Santo na gawin ito; 'yan po ang tanging rason kaya ginagawa ko ito. At ako, kung naiisip ko na hindi ito makatutulong sa iglesya...At sa araw na ito, alalahanin n'yo, malapit nang dumating ang oras kung saan hindi na tayo makakapagdaos ng ganitong mga pagtitipon, at kailangan n'yong gawin na ito ngayon habang may panahon pa tayo na gawin ito. Kita n'yo, hindi natin alam kung kailan nila tayo patitigilin, ngayon.

51 At kaya magkakaroon ng pag-uunyon sa kalagitnaan ng mga kaiglesyahan at magkakaisa sila, itatatag 'yung ulo ng kompederasyon ng mga simbahan, na mayroon na kayong malaking U.N. na gusali at bawat denominasyon ay naroon na. At alinman sa sasapi ka sa kung anong mga denominasyon na ito o patatalsikin ka. At 'yun 'yung panahon kung saan ipapakita na natin ang tunay nating kulay at siguraduhin mismo na alam natin, hindi na hula-hula lang, kundi alam mismo na GANITO ANG SABI NG PANGINOON kung saan kayo nakatayo. Ang munting Iglesya'y laging nasa panig ng kakaunti, isa itong munti't maliit na grupo na . . . isang munting kurdon, na parang isang—isang pulang tali na ginagawang pananda sa Biblia, pero ito nga'y ang Iglesya sa tuwina. At nais nating alalahanin ito.

52 Ngayon kaunting komentaryo lang po bago tayo bumasa uli. Kaninang umaga tinalakay natin ang Kataas-taasang Pagka-Diyos ng Kapahayagan ukol kay Jesus Cristo, na inihayag Siya ng Diyos sa atin kaninang umaga bilang Kataas-taasang Pagka-Diyos: ang Dakilang AKO NGA (hindi Ako *noon* o *sa hinaharap*), AKO NGA, sa tuwina. At mapapansin natin dito sa unang kabanata ng Apocalipsis, ng Kapahayagan . . . Ukol sa ano ang kapahayagan? Kay Jesus Cristo. Ano ba 'yung pinaka unang bagay na Kanyang inihayag ukol sa Kanyang Sarili dito? Ang Diyos ng Langit. Hindi isang tatluhang diyos, kundi isang Diyos. Isang Diyos, at Kanyang inihayag ang Kanyang Sarili sa paraan na 'yun sa unang bahagi ng Apocalipsis. At binanggit 'yun nang apat na beses sa unang kabanata para hindi magkaroon ng anumang kamalian. Ang unang bagay na kailangan n'yo malaman, ay: hindi Siya isang propeta, hindi Siya isang—isang maliit na diyos, hindi Siya pangalawahing diyos, Siya ang Diyos! Siya ang Diyos. At kaya naman lumantad ang Kapahayagan, at tayo'y magpapatuloy pa rin Dito ngayong gabi pababa habang tinatalakay natin ang Kanyang pitong-luping personahe ng Kanyang pagkakakilanlan.

53 At, oh, nawa'y tulungan tayo ng Diyos habang itinuturo natin ang mga Salitang ito. Aking—aking—aking pinag-aralan ito mula sa pananaw ng kasaysayan, pero hintayin n'yo na makadako ako sa pulpito rito para sa inspirasyon. Dahil naniniwala ako na nakaupo tayo rito nang sama-sama sa makalangit na mga dako kay Cristo Jesus, at nang ang inyong Espiritu, ang inyong bahagi, ang dila ng Apoy (ang Espiritu Santo) na nasa Iyo ay dumako sa iba pa, at sa iba pa at iba pa, pinasisiklab Nito ang dakilang Katawan ng Diyos at pinalalagablab Ito, at diyan nga ang mga kapahayagan . . .

54 Ngayon, itong bagay na pinag-uusapan natin, itong tanong na itinanong sa akin, "Ang mga kababaihan ba'y dapat na . . . at iba pa?" Yan mismo ang nagbunsod sa iglesya na malagay sa kaguluhan sa pasimula, kinuha nila ang lahat ng kataimtiman mula sa mga tagapakinig at inilagay sa pulpito. Pero ang

Diyos ay Diyos ng mga tagapakinig. Kumikilos Siya sa bawat tao, nananahan Siya sa bawat puso na mapapasukan Niya. Nasusumpungan Niya ang mga taong 'yun na may kaloob at kumikilos sa kanila. Ngayon, kung hindi sila mahuli ng diyablo sa isang bagay, hayan nga't nagtutungo siya roon at sadyang gumagawa ng malaking bunton ng halo-halong walang kabuluhan at inilalayo ang mga tao. Gaya ng sinabi ni Pablo, "Kapag kayo'y magkakatipon na magkakasama, kung lahat kayo ay magsasalita ng iba't ibang wika, at papasok ang isang walang kaalam-alam, hindi baga sasabihin niya, 'Kayo'y hibang! Hangal!'? May magsasalita sa iba't ibang wika, at *ganito* at *ganito* na wala sa kaayusan, at lahat na, na hindi naman gumagana. Pero," sabi niya, "mangyari na kung ang isa'y magpropropesiya at ihahayag ang lihim ng puso, mangyari na sasabihin nila, 'Tunay na ang Diyos ay kasama ninyo.'" Pero kung ang isa'y magsasalita sa iba't ibang wika sa pamamagitan ng isang kapahayagan at ibibigay ang salin nun, bagay na makakapagpatibay sa iglesya, hayan nga na ang buong iglesya ay mapagtitibay sa pamamagitan nun. Isang bagay nga na sasalitain at ang Diyos ay nagsasalita sa mga lingguwahe na wala tayong nalalaman na anuman tungkol dun at ibibigay 'yun sa isa at isasalin ng isa, at sasabihin ang isang partikular na bagay na mangyayari nang sadyang eksakto sa pagkakasabi rito, kung ganoon ay kamit n'yo ang Espiritu ng Panginoon sa kalagitnaan n'yo. At, oh, pagsikapan natin 'yun, mga kaibigan; ating—ating panatilihin ang apoy na 'yun na nag-aalab.

55 Ngayon, bago lamang natin buklatin ang . . . itong dakilang kanon ng Kasulatan, iniisip ko lang kung hindi naman kalabisan kung tatayo lamang tayo at ibahin ang postura natin nang kahit ilang minuto lang habang tayo'y mananalangin.

56 Pinakamakapangyarihan sa lahat na Diyos na nagbangong mag-uli sa Panginoong Jesus mula sa patay at iprinesenta Siya sa amin (matapos ang labing-siyam na raang taon) bilang ang hindi-nagkakamaling Diyos ng Langit, pinasasalamatan Ka po namin dahil dito at dahil sa Kanyang Presensya sa piling namin bawat araw sa araw-araw naming paglakad. At kami po'y lubos na nagagalak na malaman na sa oras na ito ng kalituhan sa panahon na hindi alam ng mundo kung anong gagawin, sila'y nagsisipaghukay ng mga kublihan sa lupa, at pinaliligiran nila ang kanilang mga sarili ng sementong mga kuta, pero, Oh Diyos, hindi sila makatatago mula sa galit ng Diyos. May nag-iisa lang—nag-iisa lang na remedyo, Panginoon, at kami'y lubos na nagagalak na natanggap namin Ito: "Kapag nakita Ko ang Dugo ay lalampasan Ko kayo." Oh, ganoon na lamang ang galak namin dahil sa buong-kasapatan na proteksyon ngayong gabi ng Dugo ng Cordero ng Diyos, ng Dakilang Saserdote, na naroon sa Kaluwalhatian ngayong gabi na namamagitan sa aming mga pagpapahayag. Kami po'y lubos na nagagalak na narito Siya sa

amin ngayong gabi, ang dakilang Tagapangusap, ang dakilang Espiritu Santo, ang dakilang tagapagbigay-pahid, ang dakilang tagapagbigay-Buhay.

57 At ngayon, Panginoong Diyos, sa akin pong pagtawag sa mga tao rito na magkatipun-tipon sa ilalim ng bubong na ito ngayong gabi, at kami po'y nagkakatipon dito bilang ang iglesya o bahagi nito, hindi po kami nagkakatipon sa pangalan ng tabernakulong ito o sa pangalan ng sinumang indibiduwal, bagkus ay sa Pangalan ni Jesus Cristo. Iyo pong itulot ang Espiritu na namahala sa Kanyang katawan at Kanyang diwa, at kinontrol Siya, na pumarito sa amin ngayong gabi at ipaliwanag ang Salita at ipangaral ang Salita, at ibigay Ito sa aming gutom na mga puso habang kami'y naghihintay sa Kanya. Sapagkat hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan at para sa Kanyang kaluwalhatian. Amen. (Maaari na po kayong makaupo.)

58 Ngayon sa inyo po na dala ang inyong Biblia, bumuklat po sa unang kabanata ng Apocalipsis at magsimula sa ika-9 na talata; ihanda ang inyong mga lapis at papel, at sisikapin ko na ibigay sa inyo ang ilang mumunting petsa at iba pa habang tumutugaygay tayo.

59 Ngayon, ito po sa katunayan. . . Yung kaninang umaga po'y mas pangangaral ang istilo, na inilalagay ang pundasyon sa pagka-Diyos, ng Kapahayagan; na ang Diyos ay nahayag kay Cristo. Ilan po ang sumasampalataya Rito? Ang Diyos ay nahayag kay Cristo, si Jehovah ay nahayag kay Cristo. Ngayon saan ihahayag ang Diyos? Sa Kanyang Iglesya, sa Kanyang mga hirang, sa atin. Ang siya ring Espiritu, siya ring mga gawa, siya ring paghahayag, siya ring pag-ibig, siya ring pagpapatawad, siya ring pagpapahinuhod, kahinahunan, pagtitiis, kapayapaan, habag, lahat ng nakay Cristo ay nasa Iglesya. Alalahanin n'yo, huwag n'yo pong iwaglit ito sa inyong isipan: ang lahat-lahat kung ano ang Diyos ay ibinuhos kay Cristo (Siya ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos sa kahayagan ayon sa laman), at ang lahat-lahat kung ano si Cristo ay Kanyang ibinuhos sa Iglesya. Diyos na sumasa ibabaw natin, Diyos na kasama natin, Diyos na sumasa atin. Ang kaisahan ng Diyos, ang Diyos na nahayag sa tatlong iba't ibang paraan: Ama, Anak, Espiritu Santo.

60 Ipinapakita ng Apocalipsis na hindi Siya tatlong diyos, hindi rin Siya nahahati sa tatlong piraso. Pero Siya'y isang Diyos na siyang Diyos sa panahon noon ng pagka-Ama, Siya'y Diyos sa panahon noon ng pagka-Anak, Siya'y Diyos sa panahon ng dispensasyon ng Espiritu Santo, ang siya ring Diyos. Hindi tatlong magkakaiba, hindi tatlong persona, hindi tatlong personalidad. Siya'y isang Persona, isang personalidad. Hindi ka maaaring maging isang personalidad nang hindi ka isang persona. May ilang tao na nagsasabi, "Hindi siya tatlong persona, pero Siya'y tatlong personalidad." Hindi

n'yo puwedeng mapaghati-hati; dahil kung Siya'y isang personalidad, Siya'y isang persona; kinakailangan na isang persona para mapaging isang personalidad. Kaya Siya'y isang Persona, isang personalidad; ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman; Alpha, Omega; Siya noon, ang ngayon, at ang parating. Oh, Siya'y ang LAHAT mismo. Gustung-gusto ko 'yun.

61 Masdan n'yo ang Kanyang kalikasan, Kanyang buhay, Kanyang mga gawa. Iyon nga'y marapat lamang na mahayag dito mismo sa tabernakulo, gaya noon sa panahon Niya. (Hindi ko sinasabi ito nang may pagtatangi; alam 'yan ng Diyos.) Hindi lang po rito, kundi sa buong mundo. Ako'y nagagalak na ganoon ito. Kung ganun nga'y alam natin kung saan tayo nakatayo dahil taglay natin ang siya ring Espiritu na 'yun sa atin, na kumikilos sa atin at ipinapakita na Siya'y narito. Hindi tayo ito, Siya ito; hindi natin kayang gumawa ng ganung mga bagay-bagay, ang Diyos po ito. Maliban pa riyan, sa daigdig ng siyensiya, pinahintulutan Niya na makunan Siya ng litrato. Haya't kasama natin, sumasa atin, nasa paligid natin, nasa ibabaw natin, nasa pagitan natin, na kumikilos sa loob at sa pamamagitan natin. Oh, grabeng kahanga-hanga!

62 May inaawit sila dati-rati na isang munting awitin:

> AKO NGA ang nangusap kay Moises sa nag-aapoy na kahoy ng Alab,
> AKO NGA ang Diyos ni Abraham, ang Maningning na Tala sa Umaga.
> AKO NGA ang Rosa ng Saron, oh, saan ang sinasabi mo na Ako'y nagbuhat?
> Nakikila mo ba ang Aking Ama, o masasabi mo ba ang Kanyang Pangalan?
>
> Oh, masasabi mo ba na Ako nga, o saan ang sinasabi mo na Ako'y nagbuhat,
> Nakikilala mo ba ang Aking Ama, o masasabi mo ba ang Kanyang Pangalan?
> AKO ang Alpha, Omega, ang pasimula mula wakas,
> AKO ANG buong sangnilikha, at Jesus ang Pangalan.

63 Oh, talagang kamangha-mangha, ng Kapahayagan! Ngayon, alalahanin n'yo, hindi n'yo Ito makukuha sa pamamagitan ng mga teologo, hindi Ito dumarating sa ganoong paraan. Dumarating lamang ito bilang isang kapahayagan. Ang pagbabautismo sa tubig, na ginagamit ang Pangalan ni Jesus Cristo, ay maibibigay lamang bilang kapahayagan. Si Jesus at Diyos na siya ring Persona ay dumarating lamang bilang isang kapahayagan. Ang buong Biblia'y nakatatag sa kapahayagan. Ang buong Iglesya'y nakatatag sa ibabaw ng kapahayagan.

Sinasabi ng Mateo 17, "Datapwat sinasabi Ko, 'sa ibabaw ng batong ito (ang espirituwal na kapahayagan) Aking itatayo ang aking Iglesya, at ang pintuan ng impyerno'y hindi makakapanaig laban Dito.'" Hinahamon ko ang sinuman na ipakita sa atin, saan man, sa kasaysayan o sa Kasulatan, kung saan may sinuman na nabautismuhan sa pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo" sa labas ng iglesyang Katoliko hanggang sa araw ni Martin Luther. Pagkatapos ang iglesyang Protestante, 'yun ay . . .

64 At bawat kasamaan, pakinggan n'yo po, habang tutugaygay tayo sa mga kapanahunan ng iglesya, bawat kasamaan na naroon sa unang iglesya'y, sumasalin sa kasunod. Nagpatuloy nang nagpatuloy hanggang sa wakas ay sumapit sa ganap na apostasiya sa huling araw. Bawat kasamaan ay patuloy lang na sumasalin sa bawat iglesya, bawat munting ismo na nagpasimula. Gaya noon sa Genesis, ang baging, nagsimulang tumubo, gumapang ito sa kaiglesyahan at lumantad sa huling mga araw. Hindi nakapagtataka na sinabi ng Biblia, "Mapalad sila na makatatakas sa araw na yaon." Siyanga, po, na makatatakas sa lahat ng mga bagay na 'yun.

65 Ngayon hilingin n'yo sa Diyos na . . . habang pinag-uusapan natin ang tungkol sa Apocalipsis, hilingin n'yo sa Kanya na ibigay sa inyo ang isang kapahayagan ukol Dito. Dahil Ito'y malalaman lang sa pamamagitan ng kapahayagan, at maliligtas ka lang sa pamamagitan ng kapahayagan. Marahil may kaalaman kayo ukol Dito, sa intelektuwal, pero hindi kayo maliligtas hanggang sa mahayag Ito sa inyo. "Walang sinuman ang makatatawag kay Jesus na Cristo, kundi sa pamamagitan lamang ng Espiritu Santo." Yan mismo ang sinasabi ng Biblia. Walang tao ang makapagsasabi na si Jesus ay ang Cristo hanggang sa matanggap niya ang Espiritu Santo. Marahil sasabihin nung tao, "Sinasabi naman ng pastor, sinasabi naman ng Biblia." Ang mga 'yan ay mga katotohanan naman. "Sinasabi naman ng iglesya." Totoo naman 'yan. Pero hindi n'yo malalaman ito sa sarili n'yo hanggang sa ihayag Ito sa *inyo* ng Espiritu Santo, at Siya'y naging sumasa *inyo*. "Walang sinuman ang makatatawag kay Jesus na Cristo, kundi sa pamamagitan lamang ng Espiritu Santo." Hindi sa pamamagitan ng kaalaman, hindi sa pamamagitan ng intelektuwal.

66 Papaano ngang gagawa sila ng isang Biblia na . . . Ipagpipilitan Ito, na Ito'y umayon sa mga Judio, sa mga Katoliko, at mga Protestante, gayong sila'y magkaibang-magkaiba sa isa't isa na parang araw at gabi. Iniisip ko nga na mas matalino ang mga Judio na hindi sumang-ayon sa ganyan; sa palagay ko ay sadyang oras lang talaga nito para dumating, kung saan ang lahat ay masasadlak sa malaking apostasiya. Kaya, haya't sa lahat ng mga bagay alalahanin n'yo lang, hindi natin ito mapipigil, pero ang tanging bagay na magagawa natin ay patamain ang Liwanag doon, marahil ialay ang ating sarili

bilang martir at umalis na, mangyari nga na ’yan lang ang tanging paraan na magagawa ito. Pero marami ang masasadlak dun. At mangyari lang na ganyan ang paraan ng pagkakalahad ng Biblia at ng mga bagay na daraanan natin. Kung hindi ako magbabantay, madadaanan ko ito.

67 Ngayon, ang unang bagay sa Aklat ng Apocalipsis, ang bungad nito’y Ito ang Kapahayagan ukol kay Jesus Cristo, kung sino Siya. Ngayon, si Jesus Cristo ang Diyos na Pinaka Makapangyarihan sa lahat. Alam natin ’yan. Ilan po ang sumasampalataya rito? sabihin n’yo “Amen.” [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Siya’y Diyos na Pinaka Makapangyarihan sa lahat, at mayroon Siyang isang Pangalan. Ang Pangalan na ’yun ay ang tanging pangalan na ibinigay sa silong ng Langit na kung saan kayo’y maliligtas, Jesus Cristo. “Bakit nila kinatatakutan Ito sa tubig ng bautismuhan?” ’yan nga ang pinagtatakahan ko. Uh-huh. Kita n’yo? Dahil nga ang espiritung ’yun ay nakagapang papasok noon pa sa Kapanahunan ng Smirna; at nakapagpatuloy hanggang makaabot sa matinding madilim na kapanahunan, at ginawa ’yung doktrina, at lumantad mismo sa huling araw. Ngayon, masdan n’yo lang ang kasaysayan at ang Biblia habang tinutugaygay natin ito sa buong sanlinggo, kung papaanong—kung papaanong ibinunyag nito ang mga bagay-bagay.

68 Ngayon ang kasunod na bagay. Ibinigay Ito ni Cristo kay Juan, sa pamamagitan ng isang anghel, para ibigay naman sa Kanyang (ano?) mga iglesya, para ihayag Ito sa Kanyang mga kaiglesyahan. At ang pitong bituwin sa Kanyang kamay ay ang pitong mensahero ng pitong iglesya. At bawat tao na magdadala ng isang Mensahe, ay dadalhin ’yun, ang siya ring tunay na Mensahe na nagsimula noon sa umpisa.

69 At marami pa, sa pagtugaygay natin sa malalalim na dako riyan, ang makita mismo kung papaanong pinakilos ng Diyos ang mga bagay na ito, ’yun nga’y kahanga-hanga. Ibubunsod kayo nito na sumigaw. Akin ngang, binabasa ito, at pagkatapos ay lalakad-lakad nang kaunti at maiiyak, lalakad uli’t mauupo muli, pagkatapos lalakad-lakad na naman nang kaunti. Ako nga’y galak na galak na malaman ’yun: Papaano nga na ang Diyos ay ganoon na lamang ang habag sa atin na ipinahintulot sa atin na makita ang bagay na ’yun sa oras na kinabubuhayan natin? Haya’t, katulad nga ’yun ng sinabi ni Jesus, “Isang lalaki ang nagbenta ng lahat ng kanyang pagmamay-ari para bilhin ang isang partikular na brilyante.” Ipagbibili n’yo ang lahat ng makasanlibutan, mga bagay ng mundo, at lahat ng nauukol sa anupamang ibang bagay, para lang makamtan Ito. Ganoon nga, ikakabit n’yo ang buong angkla Doon mismo. Angkla ng kaluluwa mismo ang makita ang Kanyang Kapahayagan ng Kanyang Salita.

70 Ngayon, sinumang bumabasa Rito ay mapalad. Tama po ba? At nabanggit natin kaninang umaga, na kung hindi man kayo makapagbasa, sinuman ang makapakinig Dito na binabasa, ay pinagpala. Ngayon, ang bungad Nito'y isang pagpapala sa kanila na uupo at makikinig Dito habang binabasa, at isang sumpa sa sinuman na magtangka na magdagdag ng anuman Dito o mag-alis ng anuman mula Rito. Kaya naman kung tahasan na inihahayag ng Biblia na si Jesus ang Pinaka Makapangyarihang Diyos, kung ganoon ay sa aba nila na mag-aalis ng anuman mula roon. Siyanga. Isa itong kapahayagan. Sinuman ang magdadagdag ng anuman. . . Ito'y ang kumpletong kanon ng— ng Kapahayagan; ito'y ang huling Aklat ng Diyos, Kanyang huling Mga Salita, Kanyang hu-. . . At anumang lilitaw na kapahayagan na salungat Diyan, ay isang huwad na propesiya; hindi ito sa Diyos, dahil ito ay ang Katotohanan.

71 At, alalahanin n'yo, ito lang ang tanging aklat sa Biblia na inendorso ni Cristo, Mismo. Isipin n'yo 'yun! Ang tanging aklat, ang kapahayagan ukol sa Kanyang Sarili. Ang tanging aklat na Kanyang tinatakan ng Kanyang selyo, at inilagay ang Kanyang mga pagpapala at Kanyang mga sumpa. Pagpapala para sa kanila na tatanggap Dito, sumpa naman para sa kanila na hindi Ito tatanggapin.

72 Ngayon—ngayon dumako na tayo sa pulo ng Patmos ngayon para makapag-umpisa na, sa ika-9 na talata. Unang-una, nais nating sabihin ito. . . Ang pamagat nito ay: *Ang Pangitain Sa Patmos*. Nangyari ito noong A.D., sa pagitan ng A.D. 95 at 96. Ang lugar ay sa pulo ng Patmos. ang lokasyon nito ay tatlumpung milya mula sa baybayin ng Asya Menor, pakanluran, kaharap mismo ng iglesya ng Efeso, sa Dagat ng Aegeo na katabi ng Mediterraneo. Yun 'yung lokasyon kung nasaan ito.

73 Isipin n'yo! Ngayon, isang munting isla na tatlumpung milya mula sa baybayin ng Asya Menor, sa Dagat ng Aegeo. Kaharap lang ng iglesya ng Filadel-. . . o ng iglesya ng Efeso, kung saan ang unang Mensahe'y ibinigay, kung saan si Juan ang pastor noong panahon na 'yun. Sa madaling salita, kung tatanaw siya pasilangan haya't nakatingin siya diretso sa kanyang iglesya, kung saan siya nakatayo. At ang unang Mensahe ay inukol sa kanyang iglesya, na sumasagisag sa isang kapanahunan ng iglesya. Buweno, ang pangitain ay ibinigay kay San Juan divino, na pastor ng iglesya ng Efeso noong panahon na 'yun.

74 Ano ba ang kondisyon ng islang ito? Nasaan ba ito, at ano ba ang kondisyon? Buweno, kilala ito sa kasaysayan bilang isang mabatong isla na punung-puno ng mga ahas, mga alakdan, mga bayawak, at iba pa. Tatlumpung milya ang paikot nito, at batuhan. Ginagamit 'yun, noong panahon ni Juan, na parang isang Alcatraz. Isang lugar kung saan doon ipinapatapon ng imperyo ng Romanong emperador ang mga kriminal, mga ubod ng samang kriminal, na hindi nila mapanatili sa bilangguan

at iba pa, itinatapon nila ang mga taong ito roon sa isla para mamatay; hahayaan lang doon hanggang sa sila'y mamatay.

75 Tanong: Anong dahilan at nandun si Juan? Isang maka-Diyos na tao, matuwid na tao, isang tao na may magandang reputasyon, mabuting katangian, hindi nasangkot sa gulo, bakit naroon ang lalaking ito? Ang sabi ng Biblia, "Dahil sa Salita ng Diyos at sa patotoo niya ukol kay Jesus Cristo."

76 Ngayon nailatag na natin ang tagpo. Ang pulo ng Patmos, sa Dagat ng Aegeo, na tatlumpung milya mula sa baybayin, ay tinataya na tatlumpung milya ang paikot nito, bato-bato, punung-puno ng mga bayawak at mga alakdan at iba pa, at ginagamit na isang dakong bilangguan (kagaya ng Alcatraz). Kapag may bilanggo sila na hindi nila mapanatili sa bilangguan sa isang dako rito, kanilang...kapag talagang kilabot na kriminal, ipinapatapon nila ang bilanggong 'yun sa Alcatraz.

77 At ngayon dinakip nila ang banal na si Juan divino...ang pinakahuling namatay sa mga alagad, at ang tanging isa na namatay ng natural na kamatayan. Si Juan, bago pumunta sa isla, ay inakusahan na isang "mangkukulam," at pinakuluan sa isang kawa ng mantika nang dalawampu't apat na oras, nang hindi man lang siya nalalapnos. Hindi mo mapapakuluan ang Espiritu Santo palabas sa isang tao...?...Pinakuluan siya nang dalawampu't apat na oras sa isang kawa ng mantika, nang hindi siya nasasaktan. At ang sabi, ang dahilan na ibinigay ng mga—mga Romano, ay, "Isa siyang mangkukulam, at kaya kinulam niya ang mantika." Talagang grabeng mag-isip ang karnal na pag-iisip! Ngayon, kita n'yo, sa tuwing binabansagan nila tayo na "mga nagbabasa ng isip, at mga manghuhula, at Beelzebub," nakikita n'yo ba kung saan galing ang matandang espiritu na 'yun? Pero nakikita n'yo rin ba kung saan nanggagaling ang tunay na Espiritu? Sa mga kapanahunan ng iglesya. Kita n'yo? Dalawampu't apat na oras, pinakuluan sa isang mainit, na tumitilamsik na mantika, at ni hindi nga siya nadampian nun. Oh, ganoon na lamang ang pagbabalot ng Diyos sa kanya sa loob Niya sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu Santo. Hindi pa kasi tapos ang gagawin niya.

78 Ipinatapon nila siya sa pulo ng dalawang taon. At habang solo siya ng Diyos sa dako roon, isinulat niya ang Aklat ng Apocalipsis habang inihahayag 'yun sa kanya ng Anghel ng Panginoon. At noong matapos na 'yun, nakabalik siya sa lugar niya at pinagpasturan ang iglesya ng Efeso. At namatay at inilibing sa Efeso, si Juan divino.

79 Oh, napakagandang tagpo mismo! Buweno, haya't ang iglesya sa ilalim ni Juan, o sa ilalim ng malakihang pag-uusig, isinulat ni Juan ang ika-9 na talata:

> *Akong si Juan, na inyong kapatid*...sa kapigha-...
> *at inyong karamay sa mga kapighatian, at sa kaharian*

*at sa pagtitiis na kay Jesus Cristo, ay nasasa pulo na tinatawag na Patmos, dahil sa salita ng Dios at sa patotoo ni Jesus Cristo.*

80 Sa madaling salita, dala niya ang Salita ng Diyos at pinatutunayan Ito, na Ito ang Salita mismo ng Diyos, at si Cristo'y bumaling sa pamamagitan niya at nagpatotoo na siya'y tama. Hayan nga. Ang Salita ng Diyos ay nahayag sa kanya, pinatutunayan na siya'y lingkod ng Diyos. Hindi nila Iyon maitatanggi, kaya binansagan nila siya na isang "mangkukulam." "Kinulam niya ang mantika at kaya hindi siya masaling nun, at kinulam niya ang mga tao at hindi sila gumaling, at isa siyang manghuhula na hindi. . .Isang masamang tao, isang masamang espi-. . .isang karumal-dumal na espiritu." At 'yun ang dahilan kung bakit ipinatapon nila siya sa dakong 'yun, inaakala nila na siya'y mapanganib sa gitna ng pamayanan. Pero tinutupad lamang niya ang kalooban ng Diyos, at ang Diyos ay may layunin sa ilalim man ng lahat ng kalagayan na 'yun.

81 Hindi pa siya magamit ng Diyos, haya't nariyan ang lahat na ng pag-uusig at mga bagay-bagay, dahil tuluy-tuloy ang pagpunta ng mga banal, "Oh, Kapatid na Juan, ano kayang gagawin namin ukol *dito*? At ano kayang puwede naming gawin?"

82 Si Juan ay isang propeta, alam natin 'yan. At hayan nga na sinasangguni nila ang mga tanong na ito, kaya ang ginawa ng Diyos ay ibinunsod ang Imperyong Romano para kunin siya at ilagay siya roon sa pulo. At sabi, "Ngayon, halika na, Juan, nais Kong ipakita sa iyo ang bagay na mangyayari." Ang pinakahuling natitira sa mga alagad, wala nang puwedeng magsulat Nito kundi si Juan na lang. Kaya mangyaring ipinatapon nila siya sa pulo ng Patmos mula A.D. 95 hanggang A.D. 96. At ang isinulat niya Rito, haya't ang sabi niya:

*Ako. . .na inyong kapatid, at karamay sa kapighatian,. . .*

83 Ngayon, hindi ang Malaking Kapighatian ang tinutukoy niya rito. Hindi 'yun ang Malaking Kapighatian, at hindi 'yun sasapit sa Iglesya. Ang Malaking Kapighatian ay darating sa mga Judio, hindi sa Iglesya. Kaya hindi 'yun 'yung Kapighatian, na Malaking Kapighatian.

84 Ngayon sa ika-10 talata:

*Ako'y nasa Espiritu nang araw ng Panginoon, at narinig ko sa aking likuran* ang*. . .tinig,. . .tulad sa isang pakakak,*

*Ako'y nasa Espiritu nang araw ng Panginoon,. . .*

85 Ngayon, hindi ka makagagawa ng anumang bagay na mainam hanggang sa mapasa Espiritu ka unang-una; hindi

ka magagamit ng Diyos. Ika'y—ika'y—ika'y. . .Lahat ng mga pagsisikap mo ay—ay mauuwi sa walang kabuluhan hanggang sa unang-una'y gawin mo ito na mapasa Espiritu. "Kung ako'y aawit, aawit ako sa Espiritu. Kung ako'y mananalangin," sabi ni Pablo, "Ako'y mananalangin sa Espiritu." At pagkatapos kung may bagay na darating sa akin na may kainaman, kinakailangan na mahayag 'yun sa akin ng Espiritu at makumpirma sa pamamagitan ng Salita (nahahayag sa pamamagitan ng mga resulta na ipinamumunga nito).

86 Ngayon kagaya nga, sa madaling salita, kung sasabihin ko, ipinangako ni Jesus Cristo sa Kanyang Salita na ako'y magsisisi, mababautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, tatanggapin ko ang kaloob ng Espiritu Santo. Ang unang bagay na gagawin ko ay magsisi. Ipinahayag ito sa akin na 'yun ay totoo. Pagkatapos ay mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, pagkatapos ang mga resulta ay: tatanggapin ko ang Espiritu Santo.

87 Kung ako'y may sakit, at ipinangako Niya sa akin na kung ako'y sasampalataya at papahiran ng langis ng matatanda, na ipananalangin nila ako, ang panalangin na may pananampalataya'y makapagliligtas ng maysakit. "Panginoon, ako'y sumasampalataya. Aking sinusunod ang Iyong mga tagubilin, na maipanalangin ako ng matanda, mapahiran ako ng langis." Yun na 'yun, magpatuloy lang, tapos na—tapos na 'yun kung ganun.

88 "Oh," sasabihin n'yo, kayo "wala naman akong nararamdaman na naiba, siyanga." Hindi pa naipapanganak si Jesus, noong paslangin Siya ng Diyos bago itatag ang mundo, noong Siya'y ang—Siya'y ang Cordero ng Diyos, na pinaslang bago itatag ang mundo. Pero sa Sariling kaisipan ng Diyos, Kanyang nagawa na ito. Ako man ay wala pa rito, maging kayo rin; pero sa aklat ng Diyos, kung ang ating mga pangalan ay naroon mismo, nailagay na 'yun bago pa itatag ang mundo.

89 Kapag ang Diyos ay bibigkas ng anumang bagay, Ito'y siguradong mangyayari. Kaya kapag naging narapat ka sa mga kuwalipikasyon ng Diyos, alalahanin n'yo lang, ihahayag ng Diyos ang Sarili Niya at Siya na ang bahala sa mga natitira pa, magpatuloy ka lang, isa itong tapos na gawa. Oh, hindi ba't kahanga-hanga? Oh, grabe, isipin n'yo 'yun! Sabihin n'yo lang sa Diyos. . .At ang sabi ng Diyos, "Gawin n'yo *ito*, at gagawin Ko *ito*." Buweno, kung gagawin ko *ito*, talagang Kanyang gagawin *iyon*.

90 Ngayon, sasabihin ng diyablo, "Nakita mo na, Siya'y nagpapahapay."

Wala ngang kinalaman 'yun dun. Si Daniel ay nanalangin isang beses at dalawampu't isang araw 'yun bago dumalaw sa kanya ang Anghel, pero hindi siya nawalan ng pag-asa, alam niya na Siya'y darating at darating mismo, kaya siya'y naghintay

hanggang sa Siya'y makarating doon. Ganoon po 'yun. Oh, sa oras na 'yan kayo makakapagkamit ng pananampalataya. Ngayon kailangan na nating umusad mula riyan, mayroon pa tayong gawain ng pagpapagaling maya-maya, hindi po ba? Siyanga. Sige po, ukol sa pananampalataya. Pero nais natin ng gawain para sa kagalingan ng kaluluwa, para pagalingin ang kaibuturan, dahil 'yun ang bagay na nagtatagal, magkakamit kayo ng Buhay na Walang Hanggan. Ang Buhay na Walang Hanggan ay hindi naglalaho ni tumatanda man, nananatili ito, nanatiling 'yun pa rin.

91 Ngayon, siya'y napasa Espiritu bago mangyari ang anumang bagay. Ang unang bagay na ginawa niya, naroon siya sa pulo ng Patmos (lahat ng mga bagay na ito na kanyang ginawa), at ang sabi niya, "Nakarinig ako ng isang tinig," at lahat nitong iba pang mga bagay. Pero bago mangyari ang anumang bagay, siya'y napasa Espiritu. At kung mapapansin n'yo sa inyong Biblia, malaking unang letra sa Espiritu, Banal na Espiritu. Amen! Napasa Espiritu siya. Oh, iniisip ko nga na kahanga-hanga 'yun:

*Ako'y nasa Espiritu nang araw ng Panginoon, . . .*

92 Nang anong araw? Nang araw ng Panginoon. Ngayon, hayan po ang isang malaking diskusyon. Atin pong payapain 'yan, pansumandali.

93 Ngayon, gaya ng nabanggit natin kaninang umaga, may ilan na nagsasabi na ang kapahayagan daw, diyan sa San Mateo 17, ay si "Pedro." Ang sabi ng iglesyang Katoliko, "Itinayo Niya ang Kanyang Iglesya sa ibabaw ni Pedro; siya ang unang papa." Papaanong magiging isang papa si Pedro at haya't may asawa? Kita n'yo? At ang sabi raw, "Si Pedro'y nagtungo sa Roma, doon siya inilibing." Kung ganoon magbanggit kayo sa akin ng isang dako, sa kasaysayan o kung saan man, na si Pedro'y nagtungo ng Roma kahit kailan. Kita n'yo? Si Pablo ang nagtungo roon, hindi si Pedro. Buweno.

94 Kaya nakita natin na ang lahat ng mga ismo na ito at mga bagay-bagay, ay nakagapang na papasok. Kita n'yo? Pero, at ang mga tao sa panahon ngayon ay. . .saan mang dako kayo magpunta, sila. . .May bantog na iglesyang nagsasabing nasa kanila raw ang ganitong pako na ginamit sa Kanyang kamay. Alam n'yo ba kung ilang pako ang mayroon sila, mga awtentikong pako raw, ngayon na naroon sa. . .? Labing-siyam. May mga buto pa raw sila, may—may mga piraso ng balabal, at salangan at hawakan. At wala tayo—wala tayo nung mga bagay na 'yun, di natin kailangan nun. Si Cristo ay buhay! Siya'y nasa atin, hindi kung anong pako, o piraso ng krus, o piraso ng buto, o kung ano. Siya ang buhay na Diyos, na nabubuhay sa atin ngayon, inihahayag ang Kanyang Sarili. Mayroon lamang tayong isang bagay ng paggunita, 'yun ay ang Hapunan ng Panginoon, paggunita sa Kanyang kamatayan. Pero

hinggil kay Cristo Mismo, Siya'y kasama natin at sumasa atin. At 'yan ang bagay na gusto nating iwagayway (ang kaluwalhatian ng Espiritu Santo) sa mundo. Iwawagayway Ito hanggang sa lumaganap ang Liwanag. Buweno.

95 Ngayon, ang. . .Hayan nga, kita n'yo, tinugaygay natin ang kabilang bahagi ng kalsada. Alam n'yo na lagi kong pinagsusumikapan ito, at laging inihahayag ito sa akin ng ating Panginoon; may isang pinakapadpad na gilid, at isa pang pinakapadpad na gilid, pero sa gitna mismo ng kalsada ay naroon ang Katotohanan. Napansin n'yo ba sa Isaias, kung saan sinabi Niya na mayroong isang lansangan? Isaias 35. At naalala n'yo ba 'yung malimit awitin ng kalugud-lugod nating mga kapatid na Nazarene, alam n'yo, "*Ang Lansangan ng Kabanalan. Lansangan ng Kabanalan*." Ngayon, kung babasahin n'yo ang Biblia n'yo nang tama, hindi sinasabi dun na "lansangan ng kabanalan." Ang sabi Dun, "Magkakaroon ng isang lansangan at *isang daan*, at tatawagin itong," hindi lansangan ng kabanalan, kundi "*ang daan* ng kabanalan." Ang *at* ay isang pang-ugnay na tumatapos sa inyong pangungusap. Kita n'yo? "Doon ay isang lansangan *at* isang daan, at tatawagin itong *ang daan* ng kabanalan," hindi lansangan ng kabanalan.

96 Kita n'yo, isang kalsada ang itinayo, *isang daan*. . .Kapag ang isang maayos na kalsada'y itinayo, 'yung pinakamataas na bahagi ay 'yung gitna, para 'yung lahat ng kalat ay maanod sa magkabilang gilid. Ganoon nga. Kapag ang isang tao'y tunay na lumalapit kay Cristo, itinutuon niya ang kanyang mga mata na nakasentro kay Cristo. Kung siya kasi'y medyo emosyunal, siya'y magiging panatiko. Kung siya nama'y malamig ang loob, mapapadpad siya sa kabilang gilid at magmimistulang pipino, sa kabilang gilid na 'yun; kita n'yo, kanyang pagka-intelektuwal. Pero ang pangunahing bagay ay naroon mismo sa gitna ng kalsada, kamit ang sapat na Espiritu sa kaibuturan n'yo, na pinapanatili kayong mainit at umuusad. Amen! At may sapat na kaalaman para panatilihin kayo sa ilalim ng pagsunod sa Espiritu, para kumilos kung papaano nga na ang Espiritu'y kumikilos; hindi kung hanggang kailan lang or pagkatapos lang, haya't sa pagkilos mismo ng Espiritu.

97 Ang sabi ng iglesyang Katoliko, "Ang kapahayagan ay si Pedro."

Ang sabi naman ng iglesyang Protestante, "Si Cristo 'yun."

Pero ang itinuturo ng Biblia, "Iyon ay ang Kapahayagan na ibinigay Niya (ibinigay ng Diyos kay Pedro) ukol kay Cristo."

"Ikaw ang Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos."

"Mapalad ka Simon, na anak ni Jonas, laman at dugo'y hindi ito inihayag sa iyo, walang tao, seminaryo, o monasteryo man, anuman, na nagturo Nito sa iyo. Kundi inihayag ito sa iyo ng Aking Ama na nasa langit. Ikaw si Pedro, sa ibabaw ng batong

ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng impyerno'y hindi makakapanaig laban Dito."

98 Ngayon humantong tayo sa isang dako rito kung saan may dalawang magkaibang kaisipan sila. Ngayon, marahil ako'y mali; kung ako man ay mali, patawarin ako ng Diyos. Pero ako'y di sasang-ayon sa mga Seventh-day Adventist na sinasabi na, "Yung ikapitong araw na kinaroroonan niya, ang araw ng Panginoon." Ang mga kapatiran sa Seventh-day Advent, haya't marami sa kanila, ang sinasabi na araw ng sabbath ang tinutukoy niya na araw ng Panginoon. Ang tawag dito ng iglesyang Cristiano, ang araw ng Panginoon, "Ang—ang Linggo, ang unang araw." At napansin natin nang maraming beses na—na ang iglesyang Cristiano, ngayon, ang mga Protestante, ang tawag nila rito ay "Ang araw ng Panginoon, Linggo." Hindi po 'yun nakaayon sa kasulatan. Ang Linggo ay ang unang araw ng sanlinggo sa Biblia, hindi araw ng Panginoon. At hindi rin ang ikapitong araw, na sabbath. Imposible na magiging alinman 'yun sa mga araw na 'yun dahil inabot si Juan nang dalawang taon para isulat ang Apocalipsis. Kaya anong araw 'yun kung ganoon? Haya't napakaraming ikapitong mga araw at unang mga araw ang nagdaan.

99 Ang Biblia, ang Apocalipsis ay isinulat mula A.D. 95 hanggang 96, dalawang taon. Yun ang araw ng Panginoon. Eksaktong 'yun mismo ang sinasabi nito na araw ng Panginoon, at 'yun nga ito. Dinala si Juan sa Espiritu sa araw ng Panginoon. Ito'y araw ng tao, pero ang araw ng Panginoon ay darating. Pababa pa sa Mga Kasulatan masusumpungan natin na siya'y naparoon sa araw ng Panginoon, dinagit ng Espiritu at dinala roon sa araw ng Panginoon. Amen! Tama. Kita n'yo, siya'y naparoon sa araw ng Panginoon. Ipinapangusap ng Biblia ang tungkol sa araw ng Panginoon. Dadako tayo riyan maya-maya, sa maraming mga Kasulatan.

100 Ang unang bagay, ang araw ng sabbath, sa pagtalakay natin dito, ang araw ng sabbath ay hindi tungkol sa pangingilin ng isang partikular na araw. Wala tayong utos na ipangilin ang Sabado bilang sabbath. Wala tayong utos na ipangilin ang unang araw bilang sabbath, sa Bagong Tipan. Ang sabi ng Biblia, sa Mga Hebreo sa ika-4 na kabanata, "Kung pinagkalooban na sila ni Jesus ng kapahingahan, ay hindi na sana Siya nangusap pagkatapos ukol sa ibang araw." Ganoon nga. Pero may natitira pang kapahingahan, o pangingilin-ng-sabbath, sa mga tao ng Diyos. Dahil tayo na mga nagsisampalataya, rin, ay pumasok na sa Kanyang kapahingahan; tumigil na mula sa ating mga gawa gaya ng Diyos na tumigil din noon sa Kanyang mga gawa.

101 Masdan! Oh! Purihin ang Panginoon. Talagang umiinam ang pakiramdam ko, na napapangunahan ko tuloy ang sarili ko.

102 Pansinin, sa araw na sabbath. Nilikha ng Diyos ang mundo nang anim na araw, at noong ikapitong araw pumasok Siya sa isang kapahingahan at hindi na bumalik pa para lumikha ng iba pang mga mundo. Pagkatapos ibinigay Niya ito sa mga tao bilang isang alaala. Dahil hindi n'yo 'yun matutupad kung tutuusin, dahil sa pangingilin n'yo ng sabbath dito, 'yung kabilang bahagi ng mundo'y Linggo na naman uli. Kita n'yo? Kaya ipinapakita na ito'y para noon sa isang bayan, isang agwat at panahon para sa Israel. Kaya kung ganun ay may nananatiling pangingilin-ng-sabbath para sa mga hirang ng Diyos.

> *Sapagka't tayong*. . .*nagsisipanampalataya* ay *nagsisipasok sa* Kanyang *kapahingahan,*. . .bagama't *ang mga gawa*. . .(sinisipi ko po ang Mga Hebreo, ika-4 na kabanata). . .*bagama't ang mga gawa* ay n*angatapos mula nang itatag ang sanglibutan.*

> *Sapagkat kanyang* sinabi *sa isang dako*. . .*ang ganito,*. . .*tungkol sa ikapitong araw*. . .

> At *muli, siya'y* nagtangi *ng isang araw, na sinabi sa mga awit ni David,*. . .(sa inyo po na naglilista, Mga Hebreo 4)

> *Muli, siya'y* nagtangi *ng isang araw, na sinabi sa mga awit ni David, Ngayon, pagkatapos ng ilang panahon; ito'y* narinig, Nang inyong *marinig*. . .o *sinabi,* Ngayon kung *marinig ninyo ang kaniyang tinig, Huwag ninyong papagmatigasin ang inyong* puso.

> *Sapagka't kung si Jesus* ay *ibinigay sa kanila ang* isang *kapahingahan,* (araw). . .*ay hindi na sana* niya *sasalitain* pagkatapos *ang ibang araw.*

> Bagkus *may natitira pa*. . .*isang pamamahingang* (o pangingilin-ng-sabbath). . .

103 Ang salitang "kapahingahan." Ang *sabbath* ay isang kakaibang salita sa atin, na ang ibig sabihin ay "kapahingahan." Isa itong Hebreong salita na ang ibig sabihin ay "kapahingahan" na araw, isang araw ng sabbath; hindi magtratrabaho, magpapahinga.

> *Sapagka't kung si Jesus* ay *nagbigay sa kanila ng kapahingahan,*. . .*ay hindi na sana niya*. . .*sasalitain pagkatapos ang ibang araw.*

> Pero *may natitira pa*. . .*na isang pamamahingang* (o pangingilin-ng-sabbath) *ukol sa bayan ng Dios.*

> *Sapagka't* ang *pumasok sa kaniyang kapahingahan,*. . .tayo'y nagpahinga na *sa* ating. . . *mga gawa*, gaya *ng Dios sa kaniyang mga gawa.*

104 Hindi tayo bumabalik-balik dun pagdating ng kasunod na sanlinggo at magsisimula na naman muli, nakapasok na tayo sa isang Kapahingahan. Si Jesus na nangungusap tungkol sa mga

banal na pagpapala, ang sabi Niya, "Narinig n'yo na sila na sinasabi noon, 'Huwag kayong papatay.' Sinasabi Ko naman sa inyo, na sinuman, ang mapoot sa kanyang kapatid nang walang dahilan, ay pinatay na niya ito. Narinig n'yo na sinasabi, nila noong lumang panahon, 'Huwag kayong mangangalunya.' Yun ang kautusan. Pero sinasabi Ko sa inyo, sinuman ang tumingin sa isang babae na magnanasa sa kanya ay nakapangalunya na kasama ang babaing 'yun sa kanyang puso." Tama po ba 'yun?

105 Kaya ang lahat ng mga bagay na ito'y alaala, mga tanda lamang, mga kababalaghan, na nakaantabay sa tunay na panahon na parating. Ngayon, noong tapusin 'yun ni Jesus, sa Mateo 11, (ang mga banal na pagpapala), ang sabi Niya:

> *Magsiparito sa akin, kayong lahat na* nangapapagal, pagod, *at nangabibigatang lubha, at kayo'y pagkakalooban ko ng kapahingahan* sa inyong mga kaluluwa.
>
> *Pasanin ninyo ang aking pamatok* sa akin, *at magaral kayo sa akin; sapagka't ako'y maamo at mapagpakumbabang puso* . . . (tama po ba?)
>
> *Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at . . . nangabibigatang lubha, at kayo'y pagkakalooban ko ng kapahingahan* sa inyong mga kaluluwa. ("Kung kayo'y nagpagal nang isang araw, sampung araw, limang taon, tatlumpu't limang taon, limampung taon, siyamnapung taon, at kayo'y napapagod at napapagal, lumapit kayo sa Akin, bibigyan Ko kayo ng Kapahingahan. Kukunin Ko ang lahat ng pabigat na kasalanan na 'yan mula sa inyo, at papasok sa inyo, at pagkakalooban kayo ng sakdal na kapahingahan at kaluguran.")

106 Ngayon, ano ang kapahingahan na 'yun? Atin lang—atin lang sagutin ito nang kaunti, tingnan kung ano mismo ito. May ilan sa kanila na nagsasabi, "Aba, umanib kayo ng iglesya." Hindi! "Isulat n'yo ang pangalan n'yo sa aklat." Hindi! "Buweno, isang uri ng bautismo sa tubig." Hindi! Atin lamang sagutin ito at tingnan kung ano ba ito. Nais n'yo bang gawin 'yan ngayon dito habang naghihintay tayo? Titingnan natin kung saan nagtungo si Juan. Sa ano bang klase ng araw siya nagtungo?

107 Noong mamatay si Jesus sa lupa, at matapos ang Kanyang gampanin, dumako Siya sa isang dako kung saan.

108 Ngayon bumaling tayo pabalik sa Isaias sa ika-28 kabanata, at sa ika-8 talata. Sa palagay ko'y doon nga, ngayon, Isaias 28:8. At basahin natin, Isaias 28, nagsasalita ang propeta pitong daan at labing-dalawang taon bago ito mangyari. Ngayon, ilan po rito ang nais malaman kung ano ang tunay na *sabbath*, kung ano ang tunay na kapahingahan? Heto na po. Ngayon, dito nga 'yun

ipinangusap ng propeta, at ipakikita ko sa inyo kung saan 'yun napangyari. Masdan, Isaias 28:8:

> *Sapagka't lahat*. . .(iprinopropesiya ng propeta ang ukol sa mga araw na ito)
>
> *Sapagka't lahat ng mga dulang ay puno ng suka at ng karumihan,* (dahil ang mga tao'y nakikisalo sa komunyon, na mga naninigarilyo naman at umiinom ng alak at nagsisinungaling at nagnanakaw). . .*na anopa't walang* dakong malinis.
>
> Kanino *siya magtuturo ng kaalaman*?. . .

Kanino kaya kayo magtuturo ng kaalaman ngayon?

109 Ilan po ang nakapakinig na kay Billy Graham? Kahanga-hangang pangangaral 'yun na kanyang ipinangaral, kung papaanong ang mga tao'y maniniwala sa isang kasinungalingan at mananatili roon sa kasinungalingan na 'yun at—at ipangangatwiran pa ang sarili at iisipin na ang ginagawa raw nila'y tama naman. Inilantad ang Amerikanong publiko, sabi niya, at sinasabi, "Filter ng matalinong ginoo, at sigarilyo ng naninigarilyong ginoo," kinakatigan ang isa sa mga kasinungalingan ng diyablo, at sa halip na ilantad siya bilang hangal, anuman siya, sa paninigarilyo ng ganoong bagay at itinuturing pa rin siyang matalinong lalaki. Siya nga'y hangal sa paghithit pa lang nun, yamang ang. . .yamang tadtad 'yun ng kamatayan at kanser at lahat na iba pa, at hihithitin pa rin pababa sa kanyang mga baga. Isa nga siyang hangal. Hindi 'yun—hindi 'yun—hindi 'yun filter ng isang matalinong ginoo, at wala pong ganoon. Hindi gumagamit ng ganoon ang isang matalinong ginoo.

110 "Walang buhay maliban kung Oertel's 92," o parang ganoon. Wala pong Buhay sa labas ni Cristo, 'yan po ang tunay na totoong Buhay. Anong nagbubunsod sa kalalakihan at kababaihan na uminom ng gaya nun? Ang dahilan ay sinusubukan nilang pawiin ang kanilang uhaw sa kaibuturan nila na inilagay roon ng Diyos na mauhaw para sa Kanya, at sinusubukan nilang pawiin 'yun ng mga bagay ng sanlibutan. At 'yan ang dahilan kung bakit may mga bagay tayo na gaya n'yan. Yan ang dahilan kung bakit umaakto ang mga tao na gaya n'yan, dahil sinusubukan nilang pawiin ang kauhawan na nasa kaibuturan nila na para sa Diyos, at ang ibinibigay sa kanila ng diyablo'y kamatayan sa halip na Buhay.

> . . .*lahat ng mga dulang ay puno ng suka*. . .

111 Ang mga ministro, lahat na, sinasabi ito, "Ayos lang na magsaya-saya nang kaunti't malinis naman." Wala pong ganoon!

> Kanino *siya magtuturo ng kaalaman? at* kanino *niya*. . .*ipatatalastas ang balita? silang nangalayo sa*

> *gatas, at nangahiwalay sa suso*. (Ngayon hindi na po tayo mga sanggol.)
>
> *Sapagka't utos at utos, utos at utos; bilin at bilin, bilin at bilin; dito'y kaunti, doo'y kaunti:*
>
> *Kundi sa pamamagitan ng nauutal na mga labi at* iba't ibang wika *ay sasalitain niya sa bayang ito*.
>
> *Na kaniyang pinagsabihan, Ito ang*. . .(ano? pangingilin-ng-sabbath!). . .*ang kapahingahan* kung saan *ibubunsod ang mga pagod*. . .("Magsiparito kayong lahat sa Akin na mga napapagal at nabibigatang lubha.") . . .*ibubunsod ang mga pagod na papapagpahingahin; at ito ang* kaginhawaan: *gayon ma'y hindi nila pinakinggan*.

112 Kailan 'yun nangyari? Pitong daan at labing-dalawang taon pagkatapos nun doon sa Araw ng Pentecostes kung saan bumaba sa mga tao ang nauutal na mga labi at silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo at nagsimulang magsalita sa iba't ibang wika at, pinamahalaan ng Espiritu Santo ang kanilang mga buhay, at huminto sila sa kanilang makasanlibutang mga gawain. Pagkatapos pumasok sila sa isang Kapahingahan kasama si Cristo. Ang sabi ni Pablo, sa Mga Hebreo sa ika-4 na kabanata, "Tayo na mga pumasok na sa Kanyang kapahingahan ay nagpahinga na sa lahat ng makasanlibutang mga gawa gaya ng ginawa ng Diyos noong araw ng Kanyang paglikha, pumasok Siya sa Kanyang kapahingahan, at tayo'y pumasok kasama Siya matapos na ang ating pangmundong mga gawa'y natapos na." Hayan nga ang inyong tunay, na totoong Sabbath.

113 Kaya si Pablo ay inangat at nakapasok sa Espiritu ng Sabbath, at dinala ng Espiritu Santo patungo sa araw ng Panginoon.

114 Bakit may mga digmaan tayo? Bakit may mga kaguluhan tayo? Bakit ang isang bansa'y laban sa isang bansa? Dumating si Jesus, ang Prinsipe ng Buhay, at pinatay nila Siya.

115 Ilang sanlinggo na lang, o maski ngayon na mismo, nagkalat na ang mga usang reindeer at mga Santa Claus at—at mga jingle bell at lahat na ng isinasabit-sabit, na isang paganong seremonya. Isa 'yung artikulo ng iglesyang Katoliko. Gumagastos ang mga tao nang malaki at nagpapalitan ng regalo at mga bagay na gaya nun, pagano! Ang Pasko'y isang araw ng pagsamba.

116 At gayundin, si Cristo'y hindi ipinanganak nang ika-dalawampu't lima ng Disyembre. Hindi maaari. Kung nakapunta na kayo ng Judea, ang mga bulubundukin dun ay puno ng niyebe, mas matindi kumpara rito. Ipinanganak nga Siya ng Abril kung kailan ang buong kalikasan ay sibol na sibol.

117 Ngayon, pero ’yun ang tradisyon nila. At bakit—bakit natin ginagawa ang mga bagay na ’yun? Dahil sumusunod tayo sa mga tradisyon ng tao sa halip na mga utos ng Diyos. Sila . . . Ayos lang naman sana ang ganoong bagay, pero ginawa nila ’yung araw na ’yun na negosyo. Isa ’yung kadustaan, isang kahihiyan para sa kanila na gawin ang bagay na tulad nun. Isang paganong seremonya! Kailan pa nagkaroon ng kinalaman si Santa Claus kay Jesus? Kailan pa nagkaroon ng kinalaman ang kuneho ng Pasko ng Pagkabuhay o manok o . . . na kinulayan nang kung anong klase ng tinta o kung ano, o kung anong klaseng munting puting kuneho na may kinalaman sa pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo? Hindi n’yo ba nakikita kung papaanong ang daigdig ng komersyo . . . ?

118 Yan ang dahilan kung bakit nagbebenta sila ng mga maruruming magasin na ito ng rock-and-roll, at mahahalay na litrato, at malalaswa, at mga bagay na gaya nun, ay dahil ang kalikasan ng tao’y nananabik nang labis sa ganoong walang kabuluhang mga bagay. Ito’y dahil may kung anong mali sa puso nila, hindi sila kailanman nakapasok sa Kapahingahan na ’yun ng Diyos ni nahinto man lang sa mga bagay na ito. Kapag nakapasok na sila roon at tinanggap ang Espiritu Santo, kung ganoon ay tapos na sila sa sanlibutan at mga bagay ng sanlibutan.

119 Dinala siya ng Diyos. Oh, naniniwala ako na hindi siya iniangat gaya ni Pablo, ngayon, papunta sa ikatlong langit at nakita ang mga bagay-bagay. Buweno, kumilos ang kalugud-lugod na Espiritu Santo mga ilang linggo lang ang nakararaan, dito, ipinakita sa akin . . . Sa madaling salita, takot ako sa kamatayan, at dinala ako ng Espiritu Santo at ipinakita sa akin kung ano ’yun. Narinig n’yo na ang patotoo na ’yun. Pagkatapos noong makabalik na ako, “Kung ganoon, kamatayan, nasaan na ang iyong tibo?” Dinala ako sa dako na ’yun para makita kung anong nasa ibayo ng tabing. Itinulot Niya na ako’y makabalik para sabihin sa inyo na sa ibayo roon tayo’y hindi mga multo at espiritu, tayo’y mga lalaki’t mga babae, bata, hindi namamatay, hindi nagkakasakit, na mga naroon lang sa ibayo ng tabing. Wala ngang magagawa sa iyo ang kamatayan maliban sa dalhin kayo sa Dako na ’yun.

120 Ngayon, si Juan ay dinala mula sa pulo ng Patmos, sa Espiritu, patungo sa araw ng Panginoon. Ito rito’y araw ng tao, na ang mga tao’y nagaaway-away, pero ang araw ng Panginoon ay darating kapag ang mga kahariang ito ay magiging mga kaharian na ng ating Panginoon at ng Kanyang Cristo, pagkatapos magaganap na ang dakilang Milenyum. Ang araw ng Panginoon, ang araw ng Kanyang pagparito, Kanyang paghatol, ’yun ang magiging araw ng Panginoon.

121 Ito rito’y araw pa ng tao, ’yan ang dahilan kung bakit tinutuligsa kayo at ginagawa ang anumang gustuhin nila na

gawin sa inyo, pero darating ang panahon . . . Tatawagin kayo . . . tinatawag nila kayo ngayong, "holy-roller at panatiko," pero darating ang panahon, kita n'yo, na hindi na nila gagawin 'yan. Mapapalahaw sila at mananangis at masusubasob sa inyong paanan. Ang sabi ng Biblia, sa Malakias 4, lalakaran n'yo ang kanilang mga abo matapos nilang matupok; hindi magtitira maski ugat ni sanga man. Yan mismo ang sinasabi ng Biblia, "Lalakaran ng matutuwid ang abo ng masasama." Ganoon mismo. Walang matitira sa kanila maski ugat ni sanga man, walang matitira para umusbong muli. At sila'y tapos na roon. Ngayon ito po'y araw ng tao (kilos ng tao, gawa ng tao, iglesya ng tao, ideya ng tao), pero ang araw ng Panginoon ay parating.

122 Ngayon, siya'y pumaroon sa Espiritu sa araw ng Panginoon. Buweno, at ang unang bagay na narinig niya noong naroon siya sa Espiritu sa araw ng Panginoon . . . Ngayon dumako na tayo sa ika-10 talata:

> *. . . nasa Espiritu nang araw ng Panginoon, at* kanyang *narinig . . . ang isang . . . tinig, na tulad sa . . . isang pakakak,*

123 Huwag nating palampasin ang isang parabula, ngayon. Kung kailangan natin itong talakayin bukas, puwede nating talakayin, kita n'yo. Sige't may magbantay lang po sana ng orasan, nang sa gayon hindi ako lumampas sa oras.

124 Buweno, ngayon, ". . . nasa Espiritu nang araw ng Panginoon." Ngayon alalahanin n'yo, ang unang bagay na dapat n'yong gawin ay ano? Ang pumaroon sa Espiritu. Papaano dadako sa inyo ang mga kapahayagan na ito? Pumaroon kayo sa Espiritu. Papaano kayo makadadako sa Espiritu Santo? Pumaroon kayo sa Espiritu. Pumaroon sa Espiritu!

125 Noong makasalanan pa kayo at sumasali sa isang sayawan, pumapasok kayo sa espiritu na *'yun*. Oh, naku, unti-unti kang mapapapalakpak ng iyong kamay at mapapapadyak ng iyong paa, at iinda-indayog na, at iniitsa ang iyong sumbrero sa lapag, at umiikot-ikot na dun, na parang baliw ang kilos. Naroon ka kasi sa espiritu nun. Maiisip n'yo na lang ang isang tao, na matakaw sa pagsasayaw, na tutungo sa sayawan, sasabihin, "Buweno, haya't nagkakasayahan yata kayo riyan, sa palagay ko."

"Oh!" sasabihin nila. "Para kang bulaklak sa dingding n'yan, pumarito ka!" Kita n'yo?

126 Pupunta ka sa isang beysbol, tapos may manlalaro na makaka-homerun, o kung ano, nauupo ka lang doon at nanonood, at sasabihin, "Buweno, sa palagay ko napakainam nun." Hindi, hindi kayo maituturing na mahilig sa beysbol, hindi kayo maituturing na totoong . . . wala ka sa espiritu nung beysbol kung ganoon. Kapag may makaka-homerun, tatayo ka at maghihihiyaw, "Whew! Naku! Panalo!" May tatamaan pa nga

ng bola't mahahagip ang sumbrero nang *paganoon*, wala ngang iimik tungkol dun.

127 Pagkatapos sa simbahan kapag kayo'y nasa Espiritu, talagang tumatayo kayo at humihiyaw mismo, "Luwalhati! Hallelujah! Purihin ang Panginoon!"

May mapapalingon, magsasabi, "Holy-roller." (Oh, Kapatid na Wood. . .)

128 Tatanungin ko kayo ng isang tanong. Kung tayo'y mga holy-roller dahil ginagawa natin 'yun, kung ganoon sila nama'y mga *unholy*-roller. Mas pipiliin ko pang maging isang holy-roller (hindi ba't kayo rin?) kaysa sa isang hindi holy-roller. Naku! Talaga! Mga unholy-roller.

129 Ngayon, siya'y naparoon sa Espiritu. Dumako siya sa Espiritu, pagkatapos nun may mga bagay na unti-unting nangyari. At pagkatapos noong makadako siya roon, nakarinig siya ng isang trumpeta. Ngayon, ang trumpeta'y laging nag-aanunsyo ng pagdating ng isang bagay. Katulad kapag kayo'y dudulog. . .Kapag ang—ang hari ay paparating, nagpapatunog sila ng trumpeta. Sa pagdating ni Jesus, Siya'y magpapatunog ng trumpeta. Tama ba? Noong si Joseph noon ay dumarating, nagpapatunog sila ng trumpeta. At ngayon may bagay nga na dumarating papalapit, dumako si Juan sa Espiritu at narinig niya ang trumpeta. Narinig niya ang trumpeta, at bumaling siya para tingnan kung ano ang nasa likuran niya noong marinig niya ang trumpeta; matapos niyang makadako sa Espiritu.

130 Marahil siya'y nagsasasayaw, nagtatatalon, patakbo-takbo sa palibot ng isla. Siya'y nagtatamasa ng maluwalhating panahon, siya'y sumasa Espiritu. Tapos, at siya. . .Marahil di magandang pakinggan ito, pero hindi po ganoon ang ibig kong sabihin dito, kita n'yo. Marahil ganoon ang ginawa niya! Haya't. . .buweno, marahil ganoon ang ginawa niya. Naniniwala ako na nagtamasa siya ng maluwalhating panahon sa Espiritu, habang sadyang nagpupuri sa Diyos, dahil 'yun mismo ang nangyari noong bumaba ang Espiritu sa kanila noong una. Noong bumaba sa kanila ang Espiritu Santo, nagpasuray-suray sila na parang mga lasing na kalalakihan at kababaihan, at ang kilos ay para silang lasing, at salita nang salita. At tuma-. . . patuloy na ganoon hanggang sa sabihin ng mga tao, "Ang mga taong ito'y lasing sa bagong alak." Ganoon ang ikinilos nila noong unang beses, kaya sa pagdating ng Espiritu uli, marahil ganoon din ang kanyang ikinilos. Kita n'yo? Walang bagay na bago dito—dito sa bagay na ito, ito'y isang *makalumang-panahon* na relihiyon. Oo.

131 "Sa Espiritu nang araw ng Panginoon." Ngayon, napakinggan na natin. Ngayon ano? Ngayon, ano ang kanyang ginagawa? Inilipat siya mula sa pulo ngayon, sa Espiritu, patungo sa araw ng Panginoon. At noong pagkadako niya

mismo sa araw ng Panginoon, nakarinig siya ng isang trumpeta. Ano 'yun? May dumarating. May dakilang Isa na parating. Tumunog ang trumpeta, may Isa na paparating! Tumingin siya! Hallelujah! Trumpeta:

> *Nagsasabi, Ako ang Alpha at ang Omega, ang una at ang huli*:. . .(hindi pag-aanunsyo para sa pangalawang parating o pangatlong parating, kundi nag-iisang Parating). . .*Ako* kapwa ang *Alpha at Omega*,. . . ("Bago Ko ipakita sa iyo ang anumang bagay, nais Kong ipaalam sa iyo kung sino Ako!")

132 Ang pinaka dakila sa lahat ng mga kapahayagan ay ang pagka-Diyos, ang Kataas-taasang pagka-Diyos ng ating Panginoong Jesus Cristo. Hindi ka nga makaaabot sa unang beys hanggang sa paniwalaan mo 'yan, lalakad. . . Yun ang bagay na sinabi ni Pedro, "Magsisi, at pagkatapos ay makikita n'yo ang pagka-Diyos. Magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapapatawad ng inyong mga kasalanan, at pagkatapos nun ay handa na kayong tumungo't mapasa Espiritu." Ang unang bagay na kailangan mong mapagkilala ay ang pagka-Diyos ni Cristo. "Ako ang Alpha at Omega! Ako ang A hanggang Z, wala nang iba pa kundi Ako. Ako'y nasa pasimula, Ako'y pasasa huli. Ako Siya noon, ang ngayon, at ang parating, ang Pinaka Makapangyarihan sa lahat." Bulayin n'yo Yun! Yun ang sinabi ng trumpeta.

133 Magmatyag ka lang Juan! Pumasok ka na sa Espiritu, may bagay na ihahayag sa iyo. Ano 'yun? Tumunog ang isang trumpeta, unang-una, "Ako ang Alpha at Omega." Ang pinaka una sa lahat ng mga kapahayagan. (Oh, makasalanan, yumuko ka, magsisi ka na ngayon bago pa mahuli ang lahat.) "Ako ang Alpha at Omega." Yun ang pinaka unang bagay na ipinaalam Niya sa kanya, kung sino Siya. (Sino itong paparating? Ito ba'y si Haring Jesus? Haring Diyos? Haring Espiritu Santo?) Ang sabi Niya, "Ako ang lahat ng Ito! Ako'y ang A hanggang Z. Ako ang pasimula at ang wakas. Ako ang Imortal, ang Isa na yaon na Walang Hanggan!"

134 Maya-maya makikita natin Siya sa pitong-luping personahe, masdan n'yo lang kung ano Siya rito. "Ako ang pasimula at ang wakas. Ako ang Alpha at Omega, ang una't ang huli. Ako'y naroon na bago magkaroon ng pinaka una; at pagkatapos na magkaroon ng pinaka huli, Ako'y mananatiling naroon," sa madaling salita. "Ang una't ang huli!"

> . . .*at, Ang iyong nakikita, ay isulat mo sa isang aklat, at iyong ipadala*. . .sa *pitong iglesia na nasa Asia; sa Efeso,*. . .*Smirna,*. . .*Pergamo,*. . .*Tiatira,*. . . *Sardis,*. . .*Filadelfia, at* sa *Laodicea.*

135 Buweno, ang pinaka una sa lahat ng mga kapahayagan ay ang Kataas-taasang pagka-Diyos ni Jesus Cristo. Kinakailangan

n'yong makilala kung sino Siya kapag pakikinggan n'yo ang Tinig. Buweno, ang siya ring Tinig na umalingawngaw noon sa Bundok ng Sinai, ay siya ring Tinig na narinig sa Bundok ng Pagbabagong Anyo, ang siya ring Isa na 'yun, "Isa na tulad sa Anak ng tao."

136 Ngayon masdan n'yo ang kasunod na talata. Sige:

> *At ako'y lumingon* . . . (Ika-12 talata na ngayon.)

137 Isasantabi muna natin itong mga kaiglesyahan na ito pansumandali, dahil ang buong sanlinggo'y ilalaan naman sa mga iglesyang ito. Kita n'yo, lalampasan lang muna natin 'yan.

138 Haya't sinabi Niya, "Ang mga ito . . . Aatasan Kita na ipadala ang Mensaheng ito na ipakikita Ko sa iyo." Sino Ito? "Ako ang una't ang huli. Ako ang Kataas-taasang Isa. Ako Ang Pinaka Makapangyarihan. At Ako'y dumating para sabihin sa iyo na Ako'y magbibigay sa iyo ng isang Mensahe para sa pitong iglesya. Nais Kong isulat mo Ito, ihanda mo Ito." Kita n'yo? "At sa pitong iglesya na nasa Asya." Ngayon, naroon noon ang mga kaiglesyahang ito na may kalikasan sa kanila na inirerepresenta ang mga kapanahunan ng iglesyang parating.

139 Ngayon:

> *At ako'y lumingon upang makita ang tinig na nagsasalita* sa *akin. At nang ako'y lumingon, ay nakita ko ang pitong kandelerong ginto;*

140 "Pitong kandelerong ginto." Ngayon, ito'y ang . . . Bersyong King James, na ang mayroon kayo marahil ay Scofield o—o marahil Thompson Chain, o alinmang iba, na hindi tama 'yung pagkakalagay dun. Hindi kandila ang pagkakasabi, kundi mga lalagyan ng ilaw; mga lampara, sa palagay ko, ang tama, tumpak mismong salita na nakasaad doon sa orihinal na salin. Kita n'yo, sa madaling sabi, ang pitong gintong kandelero'y ang pitong iglesya. Sinabi Niya maya-maya, sa ika- . . . sa ika-20 talata rito, "Ang pitong kandelero na iyong nakita ay ang pitong iglesya." Kaya, kita n'yo, kung ito'y kandila, ito'y matutupok at mauupos, agad. Pero hindi kandila ang mga ito, ito'y isang—isang kandelero. Ang pagkakasaad diyan ay lampara. "At nang ako'y mapalingon ay nakita ko ang isa na katulad sa Anak ng tao na nakatayo sa gitna ng . . . gitna ng pitong kandelero."

141 Ngayon—ngayon tingnan n'yo. Kung kandila'y mauupos lang agad, matutupok lang, mauubos lang, na kaunting oras lang ay tupok na ito. Pero ang isang lampara, ang isang lampara na gaya nito, . . .

142 Heto, sige't—sige't kunin nating Kasulatan dito, sige't—sige't kunin natin ang Zacarias 4:1, pagkatapos marahil makukuha natin mula sa Zacarias ang bagay na hinahanap natin. Zacarias 4:1, at naniniwala ako na marahil pagkatapos dito magagawa natin—magagawa nating mapaglakip 'yung bagay na hinahanap

natin. Hindi ko makita ang Zacarias sa Zefanias, siyanga? Sige. Sige. Ang lumang Biblia ko po'y halos pudpod na. Zacarias 4:1, pakinggan n'yo pong maigi ngayon, makikita n'yo rito ang isang magandang larawan:

*At ang anghel . . .*

143 Ang propeta, dito, limang daan at labing-siyan na raang taon 'yun bago si Cristo:

*At ang anghel na nakipagusap sa akin ay bumalik, at* ginising *ako, na gaya ng tao na nagigising sa* isang *pagkakatulog,* (Ngayon ang propeta'y nasa isang pangitain.)

*At sinabi* niya *sa akin, Ano ang iyong nakikita? At aking sinabi, Ako'y tumingin, at narito isang kandelero* (Ngayon, 'yan din 'yung siya ring salita na kung isasalin ay "lampara.") *na taganas na ginto, na may taza sa . . . ibabaw niyaon,* ('yun po 'yung ilawan.) *at ang pitong ilawan niyaon sa ibabaw, at pitong tubo sa bawa't isa sa mga ilawan, na nasa ibabaw niyaon:* (Kita n yo, ang siya ring mga kapanahunan ng iglesya'y isinasaad dun. Kita n'yo?)

*At may dalawang puno ng olibo sa siping niyaon*, . . . (Ngayon, anong klase ng . . . Ano ba ang sinusunog nila sa mga ilawan na 'yun noong panahon ng Biblia? Mayroon po bang nakakaalam? Langis. Anong klase ng langis? Langis ng olibo.) . . . *dalawang puno ng olibo* . . . (Ano 'yun? Ang Bago at Lumang Tipan; 'yun ang dalawang nakatayo sa tabi nun.) . . . *isa* sa *dakong kanan ng taza, at ang isa'y sa dakong kaliwa niyaon*.

At *ako'y sumagot at nagsalita sa anghel na nakikipagusap sa akin, na aking sinabi, Anong mga bagay ito, panginoon ko?*

At *ang anghel na nakikipagusap sa akin ay sumagot na nagsabi sa akin, Hindi mo baga nalalaman kung ano ang mga ito—ang mga ito? At aking sinabi, Hindi, panginoon ko.*

At *siya'y sumagot at nagsalita sa akin, na nagsasabi, Ito ang salita ng* P*ANGINOON* kay *Zorobabel, na sinasabi, Hindi sa pamamagitan ng* kalakasan, ni *ng* kapangyarihan, *kundi sa pamamagitan ng aking Espiritu, sabi ng* P*ANGINOON ng mga hukbo*. (Kanyang ipanunumbalik ang Jerusalem.)

144 Ngayon, ano yaong kandelero? Isa 'yung lampara. At pansinin n'yo kung gaanong kaganda. Dito, noong bumaling siya, nakita niya ang Isa na katulad sa Anak ng tao rito na nakatayo sa gitna ng pitong gintong kandelero, na ang ibig sabihin ay pitong kapanahunan ng iglesya na parating.

At bawat tubo, o—o kandelero, ay nakadugtong sa isang pinaka pangunahin at malaking insensaryo ng langis. At dito'y nanggagaling ang langis na umaakyat sa isang ilawan na kakaiba ang hugis na may nakalagay na mitsa at 'yung mitsa'y nakalaylay pababa doon sa langis. At hangga't. . .Sila nga'y nagbubuhos ng langis sa ibabaw nung kandelero, na pinupuno 'yung pangunahing malaking tubo, at doon sa pinaka katawan, at nakadugtong 'yun sa mga sanga-sanga, na parang ganito. At 'yung ilawa'y nakababa 'yung mitsa, dito—dito sa tubo diretso sa. . .patuloy na nagliliwanag, araw at gabi. Hindi n'yo kailangang sindihan, hindi 'yun nauupos; ang ginagawa lang nila'y pinupuno 'yung pinaka pangunahing tubo. At itong mga kandelerong ito na nakasanga na parang ganito, haya't may ilawan sa ibabaw ng mga ito. Yung mitsa mula sa ilawan ay tumutugaygay hanggang dito, kinukuha 'yung buhay nito mula rito. Oh, ibang-iba nga sa isang kandila. Ibang-iba! Isa itong kandelero, at ito'y humihigop ng langis.

145 Ngayon, ang mga kandelerong ito, 'yung apoy na naroon sa mga kandelero sa Lumang Tipan. Kapag magsisindi sila ng isang ilawan, hindi nila sisindihan 'yung kasunod na ilawan gamit 'yung apoy na nasa kamay nila. Sisindihan nila 'yung isang ilawan, pagkatapos itataas 'yun at sisindihan 'yung isa pang ilawan, pagkatapos ay ilalapag na. At pagkasindi sa ilawan na ito, haya't gagamitin 'yun na ipangsisindi dun sa isa na namang ilawan gamit ang siya ring apoy na mayroon sila sa pasimula. Oh, umaasa ako na hindi ito lalampas lang sa ibabaw ng ulo n'yo. "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," ang siya ring apoy (ang Espiritu Santo) ang nagsisindi sa bawat isa sa mga kaiglesyahan na 'yun sa pagtugaygay ng mga kapanahunan.

146 Hindi ba't sinabi ni Jesus sa San Juan 15, "Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga"? Ngayon, Siya ang pangunahing Puno ng Ubas, tayo ang mga sanga. Ngayon, ang puno ng ubas ay hindi mamumunga. . .

147 [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]. . .na magagawa n'yong kumuha ng isang bungangkahoy ng citro, katulad ng dalandan, at magagawa n'yong pumutol ng—ng sanga mula—mula roon, buweno, sabihin ko na lang, na isang puno ng lukban, at magbibiyak ng kaunting puwang doon sa puno ng dalandan at ihuhugpong 'yung lukban dun, haya't tutubo 'yun. Dadako ka rito at puputol ng sanga ng limon at ihuhugpong 'yun sa puno ng dalandan, tutubo 'yun, o kukuha kayo ng sanga ng granada, at kukunin 'yun, o alinmang bunga ng citro, mandarina o lukbanita, o alinman sa mga bunga ng citro, at ihuhugpong doon sa puno, at mabubuhay 'yun sa pamamagitan ng buhay na galing doon sa puno ng dalandan; pero hindi 'yun mamumunga ng mga dalandan. Mga lukban ang ibubunga nun, mga lukbanita ang ibubunga nun, mga limon ang ibubunga nun, pero nabubuhay

nga 'yun mula sa buhay nung tunay na puno, pero kung ang puno na 'yun ay mag-uusbong ng panibagong puno. . . panibagong sanga, siya ring buhay ang mapapasaloob nun, 'yun nga'y magbubunga ng dalandan. Dahil, sa pasimula, sa ugat mismo nun ay buhay ng puno ng dalandan, pero 'yung iba'y nabubuhay rin naman basta't nasa kalikasan sila ng bungang citro. Pero hindi nun maibubunga 'yung bunga nung orihinal, dahil hindi naman 'yun orihinal.

148 Ganyan ang mga kaiglesyahan. May biniyak sila sa Puno ng Ubas at ihinugpong ang Presbyterian, Methodist, Baptist, at iba pa. Ang ibinubunga tuloy ay bunga ng Baptist, bunga ng Presbyterian, bunga ng Methodist, pero kung ito nga'y. . . kung ang puno na 'yun ay mag-uusbong ng panibagong sanga niya mismo, magiging siya ring uri ng puno ito na pinagbunga Nito noong Araw ng Pentecostes: ang orihinal na Puno ng Ubas! Ito'y magsasalita sa iba't ibang wika at tataglayin ang kapangyarihan at mga tanda ng nagbangong mag-uli na Cristo. Bakit? Dahil ito'y nabubuhay mula sa natural mismo na pinagkukunan kung saan ito itinanim. Kung tutuusin, hindi ito itinanim, ito'y ipinanganak na roon! Purihin ang Panginoon! Oh, ang ganda! Hindi ko naisip ang isa na 'yun noon.

149 Kita n'yo, itong iba'y ihinugpong lang; ihinugpong sila sa puno, kaya ang ipinamumunga nila'y sarili nilang uri ng bunga. Hindi nila magawang tanggapin *Ito*. Hindi sila nananampalataya sa *Ganoon*, dahil wala silang nalalaman kailanman tungkol Dito. Pero kung sila'y ipanganganak sa siya ring Buhay na nanggagaling mula mismo sa puno na 'yun, 'yun 'yung tanging bagay na maipapamunga nila, yaong Buhay ng orihinal na sanga mismo.

150 Itong mga sanga ng kandelero'y nakalapat mismo sa isang malaking mangkok, isang malaking hawakan, at siyam na iba't ibang. . . o pitong iba't ibang lampara ang nakausli mula roon. At sa pagkakausli ng mga ito, bawat isa sa ilawan na 'yun ay humihigop mula sa pinaka pangunahing pinagkukunan ng buhay nito. At ang liwanag nito'y ang dahilan ay nakasawsaw ang mitsa nun sa pinaka pangunahing lalagyan. Oh, napakagandang larawan ng isa sa pitong bituwin na 'yun (na inirerepresenta nga nito) na ang buhay nito'y nag-aapoy rito sa Espiritu Santo. At ito. . . Sa pamamagitan ng pananampalataya ay nag-aapoy ito sa Espiritu Santo, at ang buhay nito'y isang kandila, o hindi isang kandila, kundi isang mitsa na nakababad sa Espiritu Santo (kay Cristo), at sa pamamagitan ng mitsa na 'yun ay humihigop siya ng Buhay ng Diyos para magbigay ng Liwanag sa kanyang iglesya. Oh, isang kahanga-hangang larawan nga ng isang tunay na mananampalataya! Anong klase ng Liwanag at pinagliliwanag niya? Ang siya ring uri ng Liwanag mismo noong inilawan ang unang kandelero.

151 Noong ang unang kapanahunan ng iglesya'y nagpasimula, 'yun ay Efeso. Si Pablo, ang anghel ng iglesyang 'yun, na isa sa mga bituwin. May pitong bituwin na ang ibig sabihin ay pitong mga anghel, pitong "mensahero." Sa sanlinggong ito ay tatalakayin ko ang Kasulatan at ang kasaysayan at patutunayan sa inyo na bawat isa nun ay lapat na lapat sa bawat anghel, at ang bawat anghel ay nagtagtaglay ng siya ring Liwanag. Ganoon nga. At pagkatapos sa gitna ng mga kapanahunan na ito, naroon ang dakilang Isa na 'yun.

152 Pansinin, ngayon sila'y humihigop mula sa pinaka lalagyan ng Langis, ng Liwanag. . . buhay na ibinabad kay Cristo. Kayo'y patay na, at ang buhay n'yo ay nakakubli kay Cristo sa pamamagitan. . . o nakakubli sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo, at naseselyuhan ng Espiritu Santo. Walang anumang paraan para ilayo kayo mula roon. Papaano n'yo 'yun magagawa? Walang maaaring makialam sa inyo. Yung dulo ng buhay n'yo ay nag-aapoy sa Espiritu Santo; oh, nag-aapoy, nagbibigay Liwanag. Saan naman nakababad 'yung kabilang dulo ng buhay n'yo? Kay Cristo. Kayo'y patay na't nakakubli kay Cristo, ang Espiritu Santo, ay hinaharangan 'yun na baka inyong. . . hindi kayo masasaling ng diyablo. Amen! Suminghal man siya't umingit-ingit. Maski kamatayan ay hindi kayo masasaling, "Oh kamatayan, saan naroon ang iyong tibo? Saan naroon ang iyong tagumpay? Salamat sa Diyos na nagbigay sa atin ng katagumpayan sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesus Cristo."

153 Ang dulo ng talatang ito, sige't basahin natin:

> *At nang ako'y lumingon, ay nakita ko ang pitong kandelerong ginto;*
>
> *At sa gitna ng pitong* gintong *kandelero ay may isang katulad. . . ng Anak ng tao, . . .*

154 Grabe! Napansin n'yo ba? Mga bituwin, mga kandelero, mga ilawan. Anong ibig sabihin nun? Anong ibig sabihin nun? Na ang dispensasyon na kinabubuhayan natin ay panahon na ng gabi, ang ibig sabihin ng mga kandelero't mga ilawan at mga bituwin ay gabi. At anong ginagawa ng bituwin? Pinapaaninag nito ang liwanag ng araw hanggang sa ang araw ay bumalik. Purihin ang Pangalan ng Panginoon! At ang isang tunay na ministro ng Diyos ay hindi magpapaaninag ng kung anong flashlight, kung anong palito ng posporo, kung anong ipa na nasusunog; ipinapaaninag niya ang ginintuang mga sinag ni Cristo sa Iglesya, na "Siya'y siya pa rin, at Siya'y buhay, at nagliliwanag Siya sa akin." Amen! Yun 'yung Liwanag na pinapaaninag niya. Pinapaaninag ng bituwin ang liwanag ng araw, kita n'yo, kaya pinapaaninag natin ang Liwanag ng Anak ng Diyos. Ginagawa ang siya ring bagay na ginawa Niya noon, nagbibigay Liwanag. Anong uri ng Liwanag? Liwanag ng Ebanghelyo para sa kanila.

155 Ngayon masdan pa natin Siya nang kaunti, habang binabasa natin ang natitira pa sa ika-13 talata:

> *At sa gitna* (’yan po’y gitna) *ng* gintong *mga kandelero ay may isang katulad sa . . . Anak ng tao, na may suot na damit hanggang sa paa, at* nabibigkisan *ang dibdib ng isang pamigkis na ginto*.

156 Ngayon heto ang dagdag pang patunay na ang turo’t aral na ito tungkol sa araw ng Panginoon ay tama. Napansin n’yo ba Siya? Hindi siya saserdote sa panahon na ito, hindi rin Siya isang hari, Siya’y isang tagahatol. Pansinin, kapag ang isang saserdote, isang punong saserdote, kapag magtutungo siya sa loob ng isang santuwaryo o papasok doon para magministeryo, para gumanap ng gawain, nagtatali siya ng pamigkis sa bandang baywang. Nagbibigkis sa bandang baywang, na ang ibig sabihin ay naglilingkod siya; hindi ’yun itinatali sa kanyang balikat. Pero heto nga Siya sa paglabas dun, lumalantad na ang pamigkis ay nasa bandang ibabaw, na may sintas sa ibabaw ng Kanyang balikat; may bigkis sa ibabaw ng dibdib, sa dibdib, may gintong pamigkis, na mataas ang pagkakabigkis. Ano ’yun? Isang abogado, isang tagahatol. Ang tagahatol nga’y may sintas sa ibabaw ng kanyang balikat, mataas ang pagkakabigkis, hindi mababa gaya sa saserdote. Kita n’yo, na ipinapakita na hindi na Siya nasa Kanyang pagkasaserdote sa panahon na ’yan, napunta si Juan doon mismo sa araw ng Panginoon at nakita niya Siya na dumarating bilang isang tagahatol.

157 Naniniwala ba kayo na Siya’y isang tagahatol? Basahin natin ang San Juan 5:22, nang madali, makikita natin kung Siya ba’y isang tagahatol o hindi. San Juan 5:22:

> *Sapagka’t ang Ama’y hindi* humahatol *sa kanino mang tao, kundi* ay *ipinagkaloob niya sa Anak ang buong paghatol:*

158 Tama po ba? Siya ang tagahatol, ang Kataas-taasang Tagahatol. At ipinapakita ni Juan na Siya’y wala na roon sa araw ng Kanyang pagpropropesiya, bilang isang propeta, hindi rin Siya naroon sa mga araw ng Kanyang pagiging hari, kundi naroon na Siya sa araw ng Panginoon bilang isang Tagahatol. Ngayon, ilan ang nakakaalam na ang pagkakalagay ng saserdote sa kanyang pamigkis, ang ibig sabihin ng pamigkis niyang nakatali sa kanyang baywang ay naroon siya sa gawain? Sinumang nagbabasa ng Mga Tipan, na nalalaman ang Lumang Tipan, ay nalalaman ’yan. Kapag ang isang saserdote’y nabibigkisan sa palibot dito, siya’y nasa gawain, siya’y isang lingkod. Pero kapag Siya’y nabibigkisan sa itaas dito, isa siyang Tagahatol.

159 Basahin pa natin nang kaunti:

> *. . . isang pamigkis na ginto . . .* na *. . . nasa may dibdib . . .*

160 Tama, sa banda mismo *rito*, Siya'y ang Tagahatol.

Ngayon babasahin natin ang pitong-luping kaluwalhatian ng Kanyang Persona. Oh, grabe! Ibinubunsod nga nito na ako'y mapahiyaw bago pa ako makadako rito. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Pansinin! Oh, ito'y isang kahanga-hangang bagay mismo. Pakinggan po:

> At *ang Kaniyang ulo* . . .

161 Ngayon masdan, Siya'y pitong bagay, dito ay binanggit niya: Kanyang ulo, Kanyang buhok, Kanyang mga mata, Kanyang mga paa, Kanyang tinig, pitong bagay ang nabanggit Niya rito, ang pitong-luping kaluwalhatian ni Jesus Cristo. Sige't babasahin ko Ito:

> *At ang kaniyang ulo at ang kaniyang* buhok ay *mapuputing gaya ng balahibong maputi ng tupa, gaya ng niebe;. . . ang kaniyang mga mata ay . . . mga* ningas *ng apoy;*
>
> . . . *ang kaniyang mga paa ay katulad . . . ng tansong binuli, na gaya ng* dinalisay *sa* isang *lutuang-bakal; at ang kaniyang tinig . . . lagaslas ng maraming tubig.*
>
> *At* sa . . . *At sa kaniyang kanang kamay ay may pitong bituin: at sa kaniyang bibig ay* lumalabas *ang isang matalas na tabak na may dalawang talim: at ang kaniyang mukha ay* gaya *ng araw na* sumisikat *ng matindi.*

162 Grabeng pangitain! Anong nakita niya rito? Ang niluwalhating Anak ng Diyos, at isang simbolo. Ngayon, tayo po'y—tayo po'y maghanda na ngayon.

163 Oh, grabe, ang akala ko'y siyam, walo lang po pala. Hindi pa po ako nakakapagsimula sa totoo lang. Sige po. Napaka inam po nito. Ngayon, pasensya na po sa mga kapatid na nakatayo, ako po'y naliligalig na makita silang nakatayo, kita n'yo, dahil alam ko na namimintig na ang mga binti nila. Kung mayroon lang sana ako mga kapatid, na magagawa na anuman, ay gagawin ko po. Ngayon, gustung-gusto ko po talagang makuha n'yo ito. At kaya tumayo lang po nang kaunti pa at bibiyayaan kayo ng Diyos, 'yan ang panalangin ko.

164 Ngayon—ngayon pansinin, unang-una, ngayon mapapansin natin, ang Kanyang ulo at Kanyang buhok ay maputi gaya ng balahibo ng tupa. Ang Kanyang ulo at Kanyang buhok ay maputi gaya ng balahibo ng tupa. Ngayon, hindi ibig sabihin nun ay matanda Siya, na 'yun ang dahilan ng pagkaputi. Hindi 'yun ang dahilan nun. Hindi Siya tumanda at pagkatapos nagkaganoon. Siya ay . . . Dahil 'yun sa Kanyang karanasan at kuwalipikasyon at Kanyang karunungan. Mangyari kasi na Siya'y Walang Hanggan, at ang Walang Hanggan ay hindi tumatanda. Nauunawaan n'yo po ba?

165 Bumuklat muna tayo, at ating—ating isasalarawan Siya rito bilang ganito, at titingnan natin kung ano Siya. Ngayon, bumuklat tayo sa Daniel 7:9, pansumandali, makikita n'yo ang siya ring larawan sa Daniel kung saan Siya'y dumating bilang. . .dito sa Matanda ng panahon. At halos lahat, iskolar ng Biblia'y, nalalaman kung saan tayo eksaktong patugaygay na ngayon. Daniel 7, at sa ika-9 na talata; sisimulan ko sa ika-8:

> At *aking pinagdilidili ang* sungay, *at, narito, sumibol. . .ang ibang munting sungay, sa harap—sa harap niyao'y tatlo sa mga unang sungay ay nabunot sa mga ugat: at, narito, sa sungay na ito ay* may *mga mata na parang. . .*sa *isang tao, at isang bibig na nagsasalita ng mga dakilang bagay.*
>
> At *aking minasdan* hanggang *sa ang mga luklukan ay nangaglagay,. . .*

166 Ngayon pakinggan n'yo. Pakinggan n'yong maigi, ngayon. Naririnig n'yo ba akong maigi diyan sa likod? Sabihin n'yo "Amen," kung naririnig n'yo. Tinanong ko ang maybahay ko riyan sa likod. Sa tingin ko itong mike dito ay. . .mas malakas ang dating dito, di po ba? Ngayon, napapalakas ako ng pagsigaw, sa palagay ko, sa isang ito.

167 Buweno, ngayon Daniel 7:9:

> At *aking minasdan* hanggang *sa ang mga luklukan ay nangaglagay, at isa na Matanda sa mga araw ay nakaupo, na ang kaniyang* mga suot *ay maputing parang niebe, at ang buhok ng kaniyang ulo* ay *parang. . .taganas na lana:* (Matanda sa mga araw.) *ang kaniyang luklukan ay gaya sa* isang *liyab na apoy, at ang mga gulong niyaon* ay *nagniningas na apoy.*
>
> At *mabangis—mabangis na* mga sigalbo *ay lumabas at nagmula sa harap niya:* at mga libo *libo ang naglilingkod sa kaniya, at makasangpung. . .sangpung libo ang nagsitayo sa harap niya:* at *ang kahatulan ay nalagda, at ang mga aklat ay nangabuksan.*

168 "Puting buhok!" Lahat. . .Alam ng lahat na ang matatandang mga huwes noong lumang panahon. Katulad ng mga huwes sa Inglatera na nagsusuot sila dati ng isang mala-niyebe na puting peluka. Ilan po ang nakakaalala n'yan? Ang matatandang huwes noong araw ay nagsusuot ng puting peluka dahil sila'y. . .At heto nga Siya, ipinapakita muli na si Juan ay naroon sa araw ng Panginoon, nakita niya Siya bilang isang tagahatol. Amen! Hindi bilang saserdote, hindi bilang hari, hindi bilang propeta, kundi bilang tagahatol. Ang Ama (Sa San Juan 5:22) ay ipinagkaloob ang lahat na paghatol sa Kanya. At Siya'y tagahatol sa panahon na 'yun, dumarating para hatulan ang mga bansa. Oh para sa araw na 'yun kapag nakita n'yo Siya na maging ganoon! Ang Kanyang buhok ay simputi ng

niyebe, nakita Siya ni Daniel na dumarating sa Matanda sa mga araw. Masdan n'yo Siya na pinaglalakip ang dalawang ito. Buweno:

> . . . at *ang kahatulan ay nalagda, at ang mga aklat ay nangabuksan.*
>
> At *ako'y tumingin nang oras na yaon dahil* . . . At *ako'y tumingin nang oras na yaon dahil sa tinig ng mga dakilang—dakilang salita na sinalita ng sungay* . . . (Hindi po, mali po ako ng dako na binabasa, siyanga ba?)

169 Daniel 7:9, oo, dito nga:

> . . . *at ang kaniyang mga gulong* . . .
>
> At *isang mabangis na sigalbo ay* lumabas *at nagmula* . . . *sa* . . . *kaniya:* at makasangpung *libo libo* ang dumating at *naglilingkod sa harap niya,* . . .
>
> At *ako'y tumingin nang oras na yaon dahil sa tinig ng mga dakilang salita na sinalita ng sungay:* at *ako'y tumingin* hanggang sa *ang hayop ay napatay, at ang kaniyang katawan* ay *nagiba, at siya'y nabigay* upang *sunugin sa* mga apoy. (Uhm!)
>
> *At tungkol sa nalabi sa mga hayop, ang* lahat *ng kanilang kapangyarihan ay naalis:* ('yan po'y ang lahat ng Gentil na mga kapangyarihan at mga kaharian ay babagsak) *gayon ma'y ang kanilang mga buhay ay humaba sa isang kapanahunan at isang panahon.*
>
> At *ako'y nakakita sa gabi* ng pangitain, *at, narito, isa na gaya ng Anak ng tao* na lumabas sa . . . *mga alapaap sa langit,* . . . (Papaano natin Siya nakita na dumarating kaninang umaga, sa ika-3 talata? Dumarating nga sa mga alapaap ng langit, ang Anak ng tao.) . . . *isa na gaya* ng *Anak ng tao* na dumarating *sa mga alapaap ng langit, at* siya'y *naparoon sa Matanda sa mga araw, at inilapit nila siya sa* malapit sa *harap niya.*
>
> *At binigyan siya ng* isang *kapangyarihan, at kaluwalhatian, at isang kaharian,* at *lahat ng mga bayan, bansa,* . . . *mga wika, ay mangaglingkod sa kaniya:* itong *kapangyarihan ay walang hanggang kapangyarihan, na hindi lilipas, at ang kaniyang kaharian* ay . . . *ang kanyang kaharian ay hindi magigiba.*

170 Pumaroon sa Matanda sa mga araw na ang buhok ay simputi ng balahibo ng tupa. At bumaling si Juan at nakita niya ang isa na gaya ng Anak ng tao na nakatayo sa gitna ng pitong gintong kandelero, na ang buhok ay simputi ng niyebe, ang Tagahatol! Hindi sa baywang nakalagay ang bigkis, kundi nakabigkis sa dibdib, sa itaas dito, isa ngang tagahatol! May sintas ng tagahatol sa ibabaw ng Kanyang balikat, nakatayo Siya na may

gintong, dalisay, banal, nilinang, na pamigkis na humahawak sa Kanyang katuwiran. Ang Kanyang suot! Abot hanggang sa Kanyang mga paa ang Kanyang suot. Masdan n'yo ang pitong-lupi na kahayagan ng Kanyang persona at kaluwalhatian.

171 Ngayon, sa tingin ko, sa ika-14 na talata na:

> *Ang kaniyang* buhok. . .*Kaniyang ulo at kaniyang* buhok ay *mapuputing* gaya *ng balahibong maputi ng tupa, gaya ng niebe; at ang kaniyang mga mata ay*. . . *isang* ningas *ng apoy;*

172 Ulo, buhok; "ang mga mata'y gaya ng mga ningas ng apoy." Bulayin n'yo 'yun! Yung mga mata na 'yun na dati'y nanlalabo dahil sa pantaong mga luha, ngayon ay naging mga ningas ng apoy. Sa galit ay tumatayo Siya roon bilang isang galit na tagahatol. Bakit n'yo Siya tinatanggihan? Oh, makasalanan, isipin n'yo ito! Bulayin n'yo ito, sala-sa-init sala-sa-lamig na miyembro ng iglesya! Bulayin n'yo 'yun, Katoliko, Baptist, Presbyterian, Pentecostal! Isipin n'yo 'yun, Katoliko! Ang inyo ngang birheng Maria ay nagtungo mismo noong pentecostes at tinanggap ang Espiritu Santo, at nagpagiray-giray at umaktong parang isang lasing na babae. Ang mismong nanay ni Cristo'y kinailangan na makamtan 'yun bago siya mapahintulutan patungo sa Langit. Papaano kayong mga kababaihan makatutungo roon nang mas kulang doon? Isipin n'yo 'yun, mga kalalakihan, bawat isa sa inyo!

173 Ang Kanyang buhok, at Kanyang mga mata ay nanlabo noon sa pantaong mga luha, pero nais kong pansinin n'yo ang isang bagay tungkol sa mga mata na 'yun. Noong narito pa Siya sa lupa, ang mga 'yun ay pinanlalabo ng mga luha na gaya sa isang tao, noong Siya'y umiyak sa may libingan ni Lazaro. Tama! Punung-puno ng simpatiya; sa Kanyang pagkatao. Siya'y nadadamitan, Siya'y ang Diyos na nagdamit ng pagkatao, upang alisin ang kasalanan. Pero sa kabila nun sa likod ng pagiging tao, may bagay Siya sa likuran Niya na makatititig sa puso ng isang tao at malalaman ang lahat tungkol sa tao na 'yun. Bakit? May kung anong bagay sa likuran Niya, gayong Siya'y nadadamitan ng mortal na laman.

174 Pero di nila nakilala kung sino ito. "Kung hindi kayo sumasampalataya," ang sabi Niya, "na Ako Siya, kayo'y mamamatay sa inyong mga kasalanan." Tama. "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung ganoon ay huwag ninyo Akong sampalatayanan; ngunit kung ginagawa Ko ang mga gawa ng Aking Ama, kung ganoon ay sampalatayanan ninyo ang mga gawa kung hindi ninyo Ako masampalatayanan." Oh, ganoon na lamang Siyang nagtiyaga para maihatid ang Mensahe sa kanila, ang kapahayagan! Makatititig nga sa puso ng isang tao, malalaman ang lahat ng tungkol sa taong 'yun. Ganito ko 'yun nakikinita! Ang mga mata na 'yun na minsang bumutas

sa mga bundok, ay tumitig sa mukha mismo ng pagdurusa, at makatatangis na gaya ng isang tao, pero sa kabila nun ay magagawa ring gamitin ang Espiritu ng Diyos sa likod ng pantaong pananaw na 'yun at makikita ang lahat ng mga bagay; mga bagay ng nakaraan, mga bagay sa kasalukuyan—kasalukuyan, at mga bagay na parating. Paunang masasabi ang dulo mula sa pasimula pa lang, dahil ang Diyos ang nasa likod ng mga pantaong mata na 'yun. Hayaan n'yong ang Diyos ay makadako sa inyong buhay at hawakan kayo, at ipakikita Niya sa inyo ang mga bagay na parating. Dahil hindi na kayo ito, ang Espiritu Santo na ito sa inyong buhay na naroon na tumitingin sa pamamagitan ng mortal na mga mata na 'yun para alamin ang mga bagay-bagay.

175 Oh, maluwalhati ang Diyos! "Ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman, at ang inyong mga anak na lalaki at mga anak na babae ay magpropropesiya, ang mga kabataan n'yong lalaki ay makakakita ng mga pangitain, ang matatanda n'yong lalaki ay makakapanaginip ng mga panaginip." Hallelujah! Kung minsan ay kinakailangan Niya kayong patulugin para Siya'y makatingin sa pamamagitan n'yo, anupa't tunay na ipakikita Niya sa inyo nang maraming beses. "Ang inyong mga kabataang lalaki'y makakakita ng mga pangitain, ang inyong matatandang lalaki'y makakapanaginip ng mga panaginip; sa Aking mga lingkod na babae at lingkod na lalaki ay ibubuhos Ko ang Aking Espiritu." Hindi, "Sa Aking mga diyakono at mga pastor, at sa Aking. . . " "Sa kanila na may nais, sa lahat ng laman, ibubuhos Ko ang Aking Espiritu." Iniisip n'yo siguro bakit ako napasigaw nang ganoon, anupa't papatugaygay na tayo rito sa mga kapanahunan ng iglesya.

176 Oh, hayun Siya, ang mga mata na 'yun. At, alalahanin n'yo, isang araw, ang mga mata na 'yun na pinalabo ng mga luha, ang mga mata na 'yun ay titindig dun sa paghatol. Ngayon ang mga ito'y parang nag-aalab na apoy na paroo't parito sa buong mundo, at walang nangyayari na hindi Niya mismo nalalaman. Oh, grabe, ito po'y nakarekord. Paroo't parito sa lupa na minamatyagan ang bawat galaw, tinatalos ang bawat kaisipan, nalalaman ang lahat ng inyong ginagawa, ang mga haka mismo ng puso, kung ano ang binabalak n'yong gawin. Nalalaman Niya ang lahat ng tungkol dito. Nalalaman Niya kung minamahal n'yo Siya. Nalalaman Niya kung ang mga binabalak n'yo ay tama, para maglingkod sa Kanya. Nalalaman Niya ang lahat ng tungkol dito. At ano kaya ang mangyayari kapag tatayo na kayo sa araw na 'yun kung kailan ang bawat kasalanan ay lantad mismo sa harap Niya, at tatayo Siya roon sa Puting Luklukan ng Paghatol?

177 Diyos, Iyong sagipin ako mula sa lugar na 'yun! Ayaw ko pong masaksihan 'yun. Kapag ang isang galit na Diyos ay lalakad na doon palabas na may apoy na sumisiklab sa Kanyang

mga mata, taglay ang katuwiran, ang puting peluka sa ulo Niya na gaya nun, at ang Kanyang mga mata'y kumikislap mismo sa apoy at nakatatalos ng bawat iniisip ng inyong puso, at maski lahat ng binabalak n'yong gawin. Iyo pong ikubli ako sa Bato ng mga Kapanahunan na tinagpas para sa akin! May inaawit-awit dati ang isang matanda, "Kapag ang buong mundong ito'y sa apoy matupok, tumindig Ka sa tabi ko. Tumindig Ka sa tabi ko, at itulot na ang Iyong dibdib ay maging aking unan. Ikubli Mo ako sa Bato ng mga kapanahunan." Diyos, ayaw ko po ng Iyong kahatulan. Ayaw ko po ng Iyong. . .Ang nais ko po'y ang Iyong kaawaan, Panginoon. Iyo pong ibigay sa akin ang Iyong kaawaan, hindi ang Iyong Makatarungang hustisya. Iyo pong ibigay lamang sa akin ang Iyong kaawaan. Hindi po ang Iyong mga batas, hindi ang alinmang. . .Iyo pong ibigay lamang sa akin ang kaawaan, Panginoon, 'yan po ang tangi kong pagsusumamo. Wala akong sukat maihahandog mula sa aking mga bisig (walang anumang kabutihan sa akin, walang pakinabang), sa Iyong krus lamang ako nakakapit nananalig. Panginoon, 'yan lamang po ang nalalaman ko: na may Isa na humalili sa lugar ko.

178 Masdan n'yo ang Kanyang pitong-lupi na personahe ngayon ng Kanyang persona, at makikita n'yo kung anong ginawa Niya.

> *Ang kaniyang ulo*. . .ay *mapuputing gaya ng niebe;* gaya ng balahibo ng tupa, puting buhok; *at ang kaniyang mga mata ay*. . .(tingnan natin). . .*Kaniyang ulo. . .ay mapuputing gaya ng. . .niebe; at ang kaniyang mga mata*. . .mga ningas ng apoy;
>
> *At ang kaniyang mga paa* ay *gaya ng. . .tansong binuli, na gaya ng* dinalisay sa isang lutuang-bakal;

179 Masdan n'yo ngayon. Napansin natin ngayon kung saan Siya nababalot, alam n'yo. Ngayon masdan. Ang Kanyang ulo, ang Kanyang mga mata, ngayon Siya'y bumaba sa Kanyang mga paa na gaya ng tanso. Masdan n'yo 'yung kaibahan nung larawan na nakita ni Juan patungkol kay Jesus, at dun sa nakita ni Daniel na ukol naman sa imperyo ng daigdig, na ang ulo ay ginto at kung ano pa.

180 Tingnan n'yo kung ano ito na narito, na nakatayo roon, tanso. Ano ba ang ipinapahiwatig ng tanso? Ang ipinapahiwatig ng tanso'y paghatol, paghatol ng Diyos. Ipinapakita nito na ang Kanyang ganap na layunin ay ang pumarito sa lupa bilang Diyos, magsalaman, at namatay Siya para sa atin at kinuha ang mga kahatulan ng Diyos, ang paghatol ng Diyos, at tumanggap ng isang Kaharian na tanso, at solido, at hindi mauuga. Wala nang mas titigas pa sa tanso, at wala rin kailanman na natuklasan na makapagpapalambot nun.

181 Paghatol! Ang ipinapahiwatig ng tanso'y ang kahatulan ng Diyos na ipinataw. Tingnan n'yo yaong ahas na tanso sa

ilang. Ano ba ang inirerepresenta ng ahas na 'yun na tanso? Ang inirerepresenta ng ahas ay kasalanan; pero, yamang tanso, ipinataw na ang kahatulan sa kasalanan.

182 Ngayon, pansinin n'yo rin sa mga araw ni Elias, noong tanggihan nila si Elias bilang propeta, 'yaong munting kurdon, yaong sinaunang kapanahunan ng iglesya. Isa sa mga araw na ito ay tatalakayin ko 'yun at ipakikita sa inyo na ang Israel ay may pitong kapanahunan ng iglesya, rin, at eksaktong tumitipo sa mga ito. At sa kapanahunan nila ng iglesya, sa mga araw noon ni Elias, tinanggihan nila siya at nagkaroon ng tatlong taon at anim na buwan doon na walang ulan. At sinabi ng sinaunang propeta na "ang himpapawid ay animo'y tanso," kahatulan ng Diyos ang ipinataw sa mga bansa dahil sa pagtanggi sa Diyos at dahil sa pinakinggan nila si Jesebel.

183 Inirerepresenta rin ng tanso ang kahatulan ng Diyos sa may dambana kung saan pinapaslang ang hain, sa tansong dambana, pinapaslang. Ang pinaka pundasyon nun ay tanso, kahatulan. Kanyang niyurakan ang pisaan ng ubas ng kabangisan ng kagalitan ng Diyos at kinuha ang kahatulan na para sa atin sa Sarili Niya. Bumuklat kayo sa Apocalipsis 19:15, pansumandali, tingnan natin kung ano ang ginawa Niya. Sa Apocalipsis 19:15, atin lang basahin pansumandali kung makikita ko. Sige, simulan natin sa bandang . . . tingnan natin, sa bandang ika-12 talata:

> *Ang kaniyang mga mata . . . ay* mga ningas *ng apoy, at sa kaniyang ulo* ay diyadema, *maraming diadema; at siya'y may isang pangalang nakasulat, na sinoman ay di nakaaalam, kundi . . . siya rin.*
>
> *At siya'y nararamtan* ng *damit na winisikan ng dugo: at ang kaniyang pangalan* ay *tinatawag na Ang Salita ng Dios*. (Ngayon, alalahanin n'yo, ang Kanyang Pangalan ay hindi Salita ng Diyos, haya't ang Kanyang Pangalan ay tinawag na ganoon. Kita n'yo?) . . . *ang kaniyang pangalan* ay *tinatawag na Ang Salita ng Dios*.
>
> *At ang mga hukbo . . .* ng *langit . . . ang mga hukbong nasa langit ay sumusunod sa kaniya na mga nakasakay sa mga kabayong puti, at nangararamtan ng mahalagang linong, maputi at dalisay.*
>
> *At sa kaniyang bibig ay lumalabas ang isang tabak na matalas, upang sa pamamagitan nito'y sugatan niya ang* bansa: *at kaniyang paghaharian ng tungkod na bakal: at kaniyang* yuyurakan . . . (Ano raw?) . . . yuyurakan *ang pisaan ng ubas ng kabangisan* ng *kagalitan ng Dios na Makapangyarihan sa lahat.*

184 Ano ang Kanyang ginawa? Ang galit ng Diyos ay ipinataw sa atin na mga makasalanan. Tama po ba? Walang sinuman ang makaliligtas sa kanyang sarili. Wala tayong magagawa na kahit na ano, lahat tayo'y "Ipinanganak sa kasalanan,

inanyuan sa kasamaan, pumarito sa mundo na nagsasalita ng kasinungalingan." At ano ang Kanyang ginawa? Dumating Siya sa lupa, Hallelujah, at niyurakan ang mga pisaan ng ubas! Ang buong kagalitan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat ay ibinuhos sa Kanya. "Ikaw ay karapat-dapat, Oh Cordero ng Diyos, sapagkat Ikaw ay pinatay." Inako ang mga kasalanan ng sanlibutan sa Kanyang Sarili, at pinasan Niya ang ating kasalanan, nang sa gayon ay ibuhos ng Diyos ang kabangisan ng Kanyang kagalitan sa Kanya. "At Siya'y nasugatan dahil sa ating pagsalangsang, nabugbog dahil sa ating kasamaan, ang parusa na ukol sa ating kapayapaan ay nasa Kanya, at sa Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo." Walang taong namatay na gaya ng Lalaking 'yun! Naghirap Siyang lubos hanggang sa ang dugo at ang tubig ay humiwalay sa Kanyang katawan. At mga patak ng dugo'y pumatak sa Kanyang noo bago Siya namatay.

> *. . . ang pisaan ng . . . kagalitan . . . kabangisan . . . ng Dios na Makapangyarihan sa lahat.*

185 Balang araw ang mga tansong paa na 'yun ng kahatulan (Maluwalhati!), kapag Siya'y dumating na bilang tagahatol, Kanyang yuyurakan ang anticristo, at lahat ng Kanyang mga kaaway. Hallelujah! Lalakad Siya sa lupa na may tungkod na bakal sa Kanyang kamay. Amen! Oh, magsisi ka na, kaibigang makasalanan, habang may pagkakataon ka pa na makapagsisi. Anupa't, kung babalewalain n'yo at iisipin n'yo na munting kuwento lang ito na hindi mangyayari. Mangyayari talaga ito! "Hindi naman ito mangyayari sa akin." Mangyayari sa inyo!

186 Mga paa ng tanso, na yuyurakan ang Kanyang mga kaaway. Dahil Siya'y naghirap na lubos at niyurakan ang pisaan ng kabangisan ng Diyos para bayaran ang ating mga pagkakasala. At pagkatapos tayong, mga may sala, aba, miserableng mga uod kung papaano nga tayo, magmamataas ng ilong at nakabasa lang ng kung anong uri ng ateistang aklat at iisipin na na "walang Diyos," at sasabihin "walang bagay na *ganito*, at hindi maaaring dumating ang kahatulan." Gagamitin Niya ang mga paa na 'yun na tanso at dudurugin ang Kanyang kaaway. Lulusong Siya roon mismo sa ibabaw ng anticrito. Kukunin Niya ang mga tumalikod na iglesya't ihahagis sila sa Walang Hanggan sa ibayo, sa isang dako na may tumutupok na apoy kung saan sila'y tutupukin at paglalahuin. At Siya'y maghahari sa lupa, Siya at ang Kanyang Iglesya nang magpakailanman. Maluwalhati!

187 "Ang ulo, simputi ng balahibo ng tupa," katuwiran, karanasan, kahusayan, kasapatan, karunungan. Subok ng edad, maputi, karunungan ang ipinapangusap, matanda. Alam na alam mismo ang Kanyang ginagawa. Siya'y ang—Siya'y ang Bukal ng karunungan. Siya'y ang Bukal ng karanasan. Siya'y ang bukal ng bawat bagay na mabuti, kaya naman inirerepresenta Siya sa isa na ito na gaya ng Anak ng tao, na

nadaramtan na ang puti niyang buhok ay nakalugay. Nakita Siya ni Daniel maraming daang taon, pitong daang taon, at ang sabi, "Siya ang Matanda sa mga araw. At isa na gaya ng Anak ng tao na sumapit sa kapangyarihan at lumakip sa Matanda na ito sa mga araw, at inihanda ang paghahatol."

188 Ngayon nais ko kayong tanungin ng isang bagay. Nangungusap nga ako sa inyo na iglesyang sala-sa-init sala-sa-lamig. Sampung birhen ang lumabas para katagpuin ang Panginoon, lima sa kanila ang matatalino, lima ang hangal; gaya ng tinalakay natin kaninang umaga, yaong ihinugpong na puno. Ngayon, alalahanin n'yo, noong lumabas sila para katagpuin ang Diyos. . . Ngayon masdan n'yo, ang sabi ng Biblia, "Ang mga aklat ay binuksan." Daniel 7:9, "Ang mga aklat ay binuksan." Yun ang aklat ng makasalanan. "At isa pang aklat ang binuksan." Sino ang dumating kasama Niya? Ang Iglesya mula sa Pag-agaw. Oh! "Sampung makalibo na makalibo na makalibo na makalibo-libo ang dumating kasama Siya at naglingkod sa Kanya," Ang Kanyang asawa, ang Nobya. Oh, maluwalhati! Ang Kanyang asawa'y dumating kasama Siya, ang Iglesya.

189 Inihanda ang paghahatol, at ang mga aklat ay binuksan. At may isa pang aklat na binuksan, na ang natutulog na birhen, at bawat tao'y anupa't hinatulan mula sa aklat na 'yun. Iuutos sa inyo na magbigay ng rason kung bakit di n'yo ginawa, at pagkatapos ano na? Alam n'yo na ngayon ang mas nakabubuti, mas maalam na kayo. Marahil di n'yo Ito nalalaman noon, pero ngayon alam n'yo na. Kita n'yo? Kung saan nga't ang matuwid ay bahagyang makaliligtas, saan kaya haharap ang makasalanan at masasama? Yaong tao nga na tumatanggi, mas maalam na't tatanggihan pa rin Ito. Saan sila haharap? Sa Kanyang mga paa na gaya ng tanso, sa kahatulan ng Diyos.

190 Ngayon, tingnan natin, malapit na nating. . . nasa dulo na tayo ng pahina ngayon:

> . . . ang buhok *ay gaya ng balahibong maputi ng tupa, . . . at ang kaniyang mga mata ay* . . . mga ningas *ng apoy;*
>
> *At ang kaniyang mga paa ay katulad—mga paa ay katulad ng . . . tanso, . . . dinalisay sa isang lutuang-bakal; at ang kaniyang tinig . . . lagaslas ng maraming* tubig.

191 "Tinig ng maraming tubig." Ano ang kinakatawan ng *mga tubig*? Kung gusto n'yo pong markahan, bumuklat kayo sa Apocalipsis 17:15, at makikita n'yo na sinabi ng Biblia, "Ang mga tubig na iyong nakita ay ang kakapalan ng tao, at karamihan, at mga bayan, at mga wika."

Buweno, *Tinig*. Grabeng kalunus-lunos na bagay para sa isang tinatangay na kaluluwa sa dagat ng buhay, walang piloto

para gabayan siya, naaanod, palutang-lutang sa mga alon, habang naririnig ang ungol ng naglalakihang mga padausdos, mga talon! Grabeng kalunus-lunos na bagay nga 'yun sa isang kaluluwa na natatangay! "Tinig ng maraming mga tubig." Ano ang Kanyang *Tinig*? Ang kahatulan nga, ang tinig ng mga ministro, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na sumisigaw sa mga tao sa bawat kapanahunan, sa pagkakatayo roon, ang Tinig ng maraming tubig na sumisigaw, kakapalan ng tao't karamihan, ang tinig ng pitong bituwin na 'yun na nasa kamay Niya, sa bawat kapanahunan ng iglesya, na nangangaral ng bautismo ng Espiritu Santo, ng bautismo sa Pangalan ni Jesus, ng pagsasalita sa iba't ibang wika, ng kapangyarihan ng Diyos, ng pagkabuhay na mag-uli ni Cristo, ng Ikalawang Pagparito, ng kahatulan ng Diyos. Ang Tinig ng maraming mga tubig ay nagmumula sa isa na ito na katulad ng Anak ng tao, maraming mga tubig.

192 Ano kaya kung nakauupo kayo sa mga pagtitipon at nakakapakinig na dapat kayong maituwid sa Diyos at dapat tanggapin ang Espiritu Santo, at isa kayong tinatangay na kaluluwang naririnig ang tinig na 'yun na nangungusap doon sa pagtitipon kung saan kayo nakadalo, at napapakinggan ang tungkol sa mga kahatulan ng Diyos na ipinapangaral, at tatanggihan naman Ito. Ang malaking talon nga'y nasa ibaba n'yo lang, ang malalaking padausdos na maghahatid sa inyo sa Walang Hanggan n'yong katapusan.

193 Tinig ng maraming mga tubig, ang ikaapat na personahe Niya. Tinig ng maraming mga tubig. Papaano n'yo tatanggihan 'yun samantalang nakarekord 'yun mismo sa Kaluwalhatian, hayan nga't nakarekord ang tinig na 'yun ngayong gabi? Ang tinig n'yo ay nakarekord. Ang mga pag-iisip n'yo ay nakarekord. "Sapagkat kung ano ang iniisip ng isang tao sa loob niya, ay gayon siya." Pansinin n'yo, ang tinig n'yo ay mas malakas sa Langit kaysa sa inyong. . . Ang ibig kong sabihin, ang mga pag-iisip n'yo ay mas malakas sa Langit kaysa sa tinig n'yo sa lupa. Tunay, hayan nga. Nalalaman ng Diyos ang mga kaisipan at mga haka ng puso, nalalaman Niya ang lahat ng tungkol dito.

194 Sinabi Niya noon sa Fariseo, "Kayo na mga ipokrito, papaano kayo nakapagsasalita ng mabubuting bagay, samantalang sa kasaganaan ng puso'y nagsasalita ang bibig? Na tatawagin Akong, 'Guro, mabuti,' at yamang nalalaman Ko, tumatagos ang tingin Ko sa inyo at nakikita na kayo nga'y mga ipokrito. Hindi kayo tapat sa mga sinasabi n'yo."

195 Oh, ano kaya ang mangyayari sa araw na 'yun kapag ang tinig na 'yun ay dumagundong mula sa maraming mga tubig, na nagmumula sa maraming kapanahunan ng iglesya?

196 Ngayon mayroon naman akong gustong sabihin na iba. Hayaan n'yong sabihin ko ang isang bagay sa inyo na mga ligtas na, hayaan n'yong sabihin ko ito sa inyo.

197 Ngayon, kayo na mga natatangay na kaluluwa, kayo na kaawa-awang natatangay na palutang-lutang at papalapit na sa malaking talon na 'yun, mag-ingat kayo. Kalunus-lunos na bagay nga 'yun kapag napagtanto n'yo na wala nang anumang pagsagip dun para sa inyo sa oras na 'yan. Hindi na kayo masasagip sa panahon na 'yan, mapagtatanto n'yo na ang inyong katapusan ay nasa harapan n'yo na mismo. Sa oras na mapagtatanto n'yo mismo na sa loob lang ng ilang minuto ay maririnig n'yo ang Tinig na magwiwika, "Lumayo kayo sa Akin, mga manggagawa ng katampalasan, patungo sa panghabang-panahon na apoy na inihanda para sa diyablo at kanyang mga anghel." Mapagtatanto n'yo kapag narinig n'yo na ang malaking talon na 'yun na dumadagundong na mga tinig sa mga pagtitipon na 'yun, habang dumadaan din kayo rito. Oh, grabeng kalunus-lunos na bagay, nakakatakot na bangungot! Huwag na huwag n'yong hahayaan na mangyari ito sa inyo, mga kaibigan. Magsisi kayo, magpakatuwid na kayo sa Diyos ngayon, habang magagawa n'yo pang magpakatuwid.

198 Ngayon nais kong tanungin kayo ng isa pang bagay. Ano pang mas tatamis sa isang tao na nakaangkla, na nakahimlay na lang sa ilalim ng palagiang-luntian na punongkahoy, na pinapakinggan ang lumalagaslas na batis? Oh! Ang Iglesya nga 'yun na nauupo sa makalangit na mga dako na ang Tinig ng Diyos ay matimyas na lumalagaslas at nakikipag-usap sa kanila sa panahon na 'yan. Nakikita n'yo ba kung ano ito? Isa itong kahatulan para sa makasalanan, at isang pagpapala sa mga ligtas. Ang isang tao na matiwasay na nakaangkla ang kanyang bangka sa ibabaw ng Batong Cristo Jesus, at sadyang nakahimlay lang doon at nakikinig, ganoon nga mismo na siya'y nakapapahinga! Nakapasok na sa kapahingahan na 'yun.

199 Ganoon na lamang ang pagnanais ko na makatungo sa mga tubig na 'yan na dumadaloy. Kapag nagpupunta kami para mangisda o kung ano, kadalasan ay naghahanap ako ng isang dako kung saan ang mga tubig ay lumalagaslas, dahil sadyang nagbubunsod 'yun sa iyo ng kapahingahan. Maririnig n'yo 'yun buong gabi. Oh, grabe!

200 Hindi ba't napaka inam kung tunay na maiaangkla n'yo ang inyong kaluluwa kay Cristo, sa isang lugar na anupa't makapapayapa kayo sa harapan Niya? At mapapakinggan ang Kanyang Tinig na nagsasalita sa inyo, "Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa iyo. Ako ang Panginoon na nagbibigay sa iyo ng Buhay na Walang Hanggan. Iniibig Kita. Kilala na Kita bago pa itatag ang mundo. Inilagay Ko ang iyong pangalan sa aklat, ikaw ay Akin. Huwag kang matakot, ito Ako. Huwag kang matakot, Ako'y sasaiyo." Pagkatapos aawit ako:

Aking iniaangkla ang aking kaluluwa sa kanlungan ng kapahingahan,
Ako'y hindi na maglalayag sa ligaw na karagatan kahit kailan;
Marahil ang unos ay mananangay sa mabangis, na mabagyong kalaliman;
Pero kay Jesus ako'y ligtas magpakailanman.

201 Tandaan n'yo, ang mismong Tinig na matimyas na nangungusap sa inyo, ay kokondenahin ang makasalanan. Ang mismong baha na nagligtas kay Noe, ay pinuksa ang makasalanan. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? "Ang Tinig ng maraming mga tubig."

202 Masdan n'yo ngayon, "Buhok na gaya ng balahibo ng tupa, at mga mata na gaya ng mga ningas ng apoy, mga paa na gaya ng tanso, at Tinig ng maraming mga tubig."

*At sa kaniyang kanang kamay ay may pitong bituin:*. . .

203 "Pitong bituwin." Ngayon kunin natin ang ika-20 talata rito:

At *ang hiwaga ng pitong bituin na iyong nakita sa aking kanang kamay, at ng pitong kandelerong ginto. Ang pitong bituin ay ang* pitong *anghel* (o pitong mensahero, pitong ministro) *ng pitong iglesia: at ang pitong kandelero* na *iyong nakita ay ang pitong iglesia.*

204 Kanyang ibinibigay ang kahulugan nun para sa kanya para masigurado na walang pagkakamali. Isang anghel para sa bawat kapanahunan ng iglesya. Oh, magiging mainam po, para sa sanlinggong ito, kapag magbabalik-tanaw tayo sa kasaysayan at tatalakayin ang mga anghel na 'yun at titingnan ang mismong pagmiministeryo na nagkaroon sila. Sila nga'y may siya ring pagmiministeryo. Eksaktong ganoon mismo sa lahat ng kapanahunan sa munting Iglesya na 'yun.

205 Medyo may katagalan na, may nagsabi, "Alam mo ba, ang iglesyang Katoliko, may isang mainam na kasabihan, na, 'Yun ang tunay na iglesya dahil nanatiling matatag 'yun sa pagdaan ng mga kapanahunan.'"

206 Sabi ko, "Hindi na hiwaga 'yan, dahil hayan nga't nasa likuran naman nito ang gobyerno't lahat na, at ganoon nga ito tumayong matatag at sinuong ang mga unos. Pero ang hiwaga nga sa akin ay kung papaanong ang munti't, kakaunti't maliit na kawan ay nakasuong nang matatag sa unos, na mga pinaglalagari, at ipinatapon sa mga leon, at inilagay sa mga haltakan, at nilapa, at sinunog, at pinakain sa mga leon . . . at pinatay at lahat na, at kung papaano nga na nalagpasan nila ito." Ipinapakita lang n'yan na ang kamay ng Diyos ay nasa kanila. Ganoon nga mismo. At mapasa hanggang ngayon ang kanyang Ilaw ay nagliliwanag pa rin. Amen! Siyanga, po!

207 Ngayon, "Ang pitong mga bituwin ay nasa Kanyang kanang kamay." May pitong bituwin Siya sa Kanyang kanang kamay, na ang ibig sabihin ay ang pitong ministro ng pitong kapanahunan. Oh, haya't—haya't ang ganda. Na magbabalik-tanaw tayo at tatalakayin ang—ang ministro na naghatid ng Mensahe sa iglesya ng Efeso. At ang ministro na 'yun na naghatid ng Mensahe at nanghawakan Rito hanggang sa kamatayan, maging sa iglesya ng Smirna, at sa iglesya ng Pergamo, sa Tiatira, at tumugaygay sa kapanahunan, maging hanggang sa kapanahunan na ito ngayon. Ang mga ministro na pinanatili't dinala ang Liwanag, at pinanghawakan Ito roon gaya ng orihinal sa pasimula, at dinala ang Liwanag sa pamamagitan niya.

208 "Hawak Niya sila sa kanan Niyang kamay." Isipin n'yo 'yun! Hindi ibig sabihin mismo ng kanang kamay ay kagaya ni Cristo na nakaupo sa kanang kamay ng Diyos. Hindi ibig sabihin nun na ang Diyos ay may kanang kamay, dahil ang Diyos ay isang Espiritu. Pero si Cristo ay ang kanang kamay ng kapangyarihan. Ang kanang kamay mong tao, ay ang tao—ang tao na nakatayo sa tabi mo, ang pinaka malapit sa iyo.

209 At, alalahanin n'yo, ang pitong bituwin ay nasa kanan Niyang kamay. Isipin n'yo 'yun, hinuhugot nila ang kanilang lakas, ang kanilang Liwanag mula sa Kanya. Ganap silang nasa ilalim ng Kanyang kontrol, sa Kanyang kanang kamay. Oh! Bawat totoong lingkod ng Diyos ay gayon din. Hawak-hawak . . . Sino ang makahahamak sa kanila? Sino ang makahahamak sa kanila? Kagaya ng isinigaw ng isa sa mga anghel doon sa pasimula. Alalahanin n'yo na ang ibig sabihin ng isang *anghel* ay "mensahero." Dadako tayo sa malalalim na bagay na 'yan sa sanlinggong ito. Ang ibig sabihin ng *anghel* ay "mensahero." At ang sabi niya, "Ano ang makapaghihiwalay sa atin mula sa pag-ibig ng Diyos na nakay Cristo? Ang sakit ba? Ang panganib? Ang kahubaran? Ang tabak? Ang kamatayan? Nakatitiyak ako" sabi ni Pablo, "na walang makapaghihiwalay sa atin mula sa pag-ibig ng Diyos na nakay Cristo," dahil ganap na nakasuko tayo sa Kanyang kanang kamay.

210 May magsasabi, "Holy-roller! Holy-roller!" Hindi nga n'yan sila maliligalig kahit kaunti. "Isa kang relihiyosong panatiko!" Hindi nila 'yun pakikinggan. Ganap silang isinuko at humuhugot ng kanilang Buhay mula sa Kanyang kanang kamay ng kapangyarihan, na ipinapaaninag ang Kanyang Liwanag sa kaamuhan, at kabutihan, at kagandahang-loob, at pagtitiis; mga tanda, at mga kababalaghan, at mga himala. Bansagan man Ito ng mundo na "pangkukulam," anuman ang gusto nila, walang anuman 'yun, dahil alam natin na tayo'y nakasuko at nasa Kanyang kanang kamay. Hindi po ba't kahanga-hanga 'yun? Grabe!

211 Ngayon bilisan na natin, dahil ayaw naman nating pagurin kayo nang husto. "Sa Kanyang kanang kamay, pitong bituwin."

212 Ngayon ang ikapito at huling representasyon ng Kanyang persona:

> *. . . at sa kaniyang bibig ay* lumalabas *ang isang matalas na tabak na may dalawang talim: . . .*

Ang ibig kong sabihin, ito 'yung pang-anim.

> *. . . at sa kaniyang bibig ay* lumalabas *ang isang matalas na tabak na may dalawang talim: . . .*

213 Ngayon, Tinig ng maraming tubig, at sa Kanyang bibig . . . Sa Kanyang kanang kamay ay tangan Niya ang mga bituwin.

> *. . . at sa kaniyang bibig ay* lumalabas *ang isang matalas na tabak na may dalawang talim: . . .*

214 Ngayon, alam n'yo ba kung ano ang matalas na tabak na may dalawang talim ng Biblia? Sige't saluhin lang natin para malaman n'yo. Kunin n'yo ang Mga Hebreo 4:2, atras lang ng isang pahina o dalawa at makadadako kayo roon, kita n'yo. Nasa atras lang ang Mga Hebreo ng Apocalipsis dito; Jude, at pagkatapos ang Mga Hebreo. Ngayon, kunin n'yo itong maigi ngayon. O . . . Mga Hebreo, ika-4 na kabanata ng Mga Hebreo, heto po tayo. Sige po, Mga Hebreo ika-4 na kabanata at sa ika-12 talata:

> *Sapagka't ang salita ng Dios ay* mas buhay, *at* mas *mabisa, at matalas kay sa alin mang tabak na may dalawang talim, na bumabaon hanggang sa paghihiwalay* ng *kaluluwa at* ng *espiritu, ng mga kasukasuan at* ng *utak, at madaling kumilala ng mga pagiisip at mga haka ng puso.*

215 At pagkatapos babansagan nila kayo na "nagbabasa ng isip." Ang Salita ng Diyos ito na nahahayag sa Kanyang Iglesya! Mas matalas kaysa sa alinmang tabak na may dalawang talim. Heto po, mangyari nga na may nabulay ako na isa na namang bagay riyan. Hindi ko po alam kung nailista ko ang isang Kasul- . . . Dumako po kayo sa Apocalipsis 19, pansumandali. Kunin lang natin ito uli, sa palagay ko po tama 'yun. Marahil ako . . . Apocalipsis 19, bandang 11:

> *At nakita kong bukas ang* mga langit, *at narito ang isang kabayong maputi*; . . . (Heto po muli ang puti, kahatulan.) . . . *at yaong nakasakay* doon *ay tinatawag na Tapat at Totoo, at sa katuwiran* ay *siya'y . . . humahatol at nakikipagbaka.* (Alam n'yo na kung sino 'yan, di po ba? Sige.)
>
> *At ang kaniyang mga mata . . . ay* mga ningas *ng apoy*, . . . (Sino Siya?) . . . *at sa kaniyang ulo* ay . . . *mga diadema*; . . . (Uh-oh. Tapos na Siyang pumaroon sa kaharian sa panahon na 'yan.) . . . *at siya'y may . . . at— at siya'y may isang pangalang nakasulat, na sinoman ay di nakaaalam, kundi . . . siya rin.*

> *At siya'y nararamtan ng damit na winisikan ng dugo: at ang kaniyang pangalan ay tinatawag na Ang Salita ng Dios.*

216 Ano ang lumabas sa Kanyang bibig? Ano ang lumabas? Ang mangangabayo ng puting kabayo. At sa Apocalipsis, din, sa 7, noong. . .sa tingin ko po sa 8. Noong ang puting kabayo. . .hindi po pala, sa 6 pala. Noong lumabas ang mangangabayo ng puting kabayo, Siya'y binigyan ng isang—isang busog, para humayong lumulupig at upang manlupig.

217 At isang tabak ang lumabas sa Kanyang bibig. Ano Siya? Ang mangangabayo ng puting kabayo ng Apocalipsis. Pansinin n'yo ang tabak. "Sa Kanyang bibig ay lumalabas ang matalas na tabak na may dalawang talim," ang Salita. At, sa wakas, sa pamamagitan ng Kanyang Salita, noong Ito'y mahayag sa lahat ng mga anak ng Diyos, yuyurakan Niya ang bawat bansa sa pamamagitan ng Kanyang Salita, sa pamamagitan ng matalas na tabak na ito. Tingnan n'yo rito kung anong nangyari, habang binabasa natin:

> *At. . .sa kaniyang kanang kamay. . .at sa kaniyang bibig ay lumabas ang isang matalas na tabak na may dalawang talim: at ang kaniyang* mukha *ay* gaya *ng araw na* sumisikat *ng matindi.*

218 "Isang tabak na may dalawang talim." Ano ang lumalabas mula sa bibig ng taong ito? Ang Salita ng Diyos. Isa 'yung tabak na may dalawang talim. Anong ginagawa nun? Tinatalos ang pag-iisip ng puso, ang mga haka; tumitimo nang mas malalim sa laman, sa laman, sa selyulang dugo, umaabot sa buto, hanggang sa utak ng buto, tumitimo nang mas malalim pa riyan, na anupa't kinikilala ang mga pag-iisip at mga haka ng puso. Yan ang ginagawa ng Salita ng Diyos.

219 "At nagkatawang-tao ang Salita at tumahan sa gitna natin." At ngayon ang Salita'y nagsalaman sa Kanyang Iglesya, nananahan sa kalagitnaan natin. Kanyang mga anghel na nasa Kanyang kamay, na nagmiministeryo. Umaasa ang Diyos sa Kanyang Iglesya. Umaasa sa atin ang Diyos sa kapanahunang ito na dalhin ang Liwanag na ito ng Ebanghelyo patungo sa isang naghihingalong, mundo na taling-tali sa paganong, tradisyon. Iniaatang ng Diyos ang pasanin sa akin at sa inyo. Sa aba natin kung may pagano na mamamatay na hindi makakaalam. Oh, nagsasagawa sila ng mga pagbasa, pagsulat, at aritmetiko, at ilang relihiyosong babasahin, at nakapag-akay nga sila ng sangkumpol lang na mga proselita. Ang ibig kong sabihi'y ang Ebanghelyo dapat! Ang Ebanghelyo'y hindi lang yaong Salita. Yan mismo ang sinabi ni Pablo. Sabi ni Pablo, "Hindi dumarating ang Ebanghelyo sa atin sa pamamagitan ng Salita lamang, bagkus ay Salita na nahayag." Kapag ang Salita, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ay. . .Ang maitanim ang Salita

sa puso na may Espiritu Santo haya't magbubunga mismo ng kung ano ang sinasabi ng Salita na gagawin Nito. At ang Salita'y nakatatalos ng mga pag-iisip ng puso! Maluwalhati! Oh, grabe! Oh! Isang kumikilala ng pag-iisip at haka ng puso, 'yan ang ginagawa ng Salita.

220 Lumalabas sa Kanyang bibig, isang matalas na tabak na may dalawang talim, na gigising sa mga hetano. May bagay na kailangang mangyari isa sa mga araw na ito. Oo! Ang Salita ng Diyos, ang Kanyang Pangalan ay Salita ng Diyos, ang Salita na nahayag. Tingnan n'yo, sabi ni Jesus, "Humayo kayo sa buong mundo," Marcos 16, Ang huling habilin Niya sa iglesya bago Siya bumalik at ihayag ang Kanyang Sarili sa kapanahunan ng iglesya. Inatasan Niya ang Iglesya, "Humayo kayo sa buong mundo at ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang." Ano? Ipangaral ang Ebanghelyo. Marcos 16, "Ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang." Ano 'yun? Sa madaling salita, "ipamalas ang kapangyarihan ng Espiritu Santo," ganoon mismo.

221 Ngayon masdan, "sa bawat . . . " hindi lang ituro ang Salita; hindi Niya sinabi, "Humayo at ituro ang Salita." Ang sabi Niya, "Humayo ipangaral ang Ebanghelyo." Hindi na ituro ang Salita, ipangaral ang Ebanghelyo. "At ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na nananampalataya sa Ebanghelyong ito; sa Aking Pangalan sila'y magpapalayas ng mga diyablo, magsasalita sila ng bagong mga wika, kung hahawak sila ng ahas o makaiinom ng bagay na nakamamatay hindi sila mapapahamak nito; kung sila'y magpapatong ng kanilang mga kamay sa maysakit, sila'y magsisigaling."

222 "At sila'y humayo," sabi ng Kasulatan, "na nangangaral sa lahat ng dako; ang Panginoon ay kumikilos sa kanila, na pinapatunayan ang Salita sa pamamagitan ng mga tanda na lumalakip." Yan ang Ebanghelyo, ang Ebanghelyo na ipinamamalas.

223 Ang mga tandang ito ay lalakip sa gaanong karami? Hanggang sa dulo ng mundo, sa bawat kapanahunan. May munting minorya na nagpapatuloy, na hawak-hawak ang Liwanag na 'yun. Kaya hindi na nakapagtataka na sinabi ni Jesus, "Huwag kayong matakot, munting kawan, sapagkat nakalulugod nang mainam sa inyong Ama ang sa inyo'y ibigay ang Kaharian." Ang munting kawan na 'yun; ang minorya sa tuwina, at hindi ang nakararami.

224 Buweno, ngayon isa pa pong sipi. At dumako na tayo sa ika-20, kaya ngayon tingnan natin dito sa talatang ito rito. Ngayon ang ika-16:

> *At sa kaniyang kanang kamay ay may pitong bituin:. . .*

225 Ngayon kunin naman natin ang. . .at ang. . .Kanyang mukha:

> *. . .at sa kaniyang bibig ay* lumalabas *ang isang matalas na tabak na may dalawang talim: at ang kaniyang* mukha *ay* gaya *ng araw na* sumisikat *ng matindi.*

226 Kung bubuklat kayo sa. . .sige't tingnan natin, Mateo 17. Kunin lang natin ito rito habang narito tayo; heto po't dadaanan natin, at marami sa mga tao na inililista ito, atin pong. . . o isinusulat ito, ipababasa lang natin ito sa kanila para malaman natin.

227 Mateo 17, sige po:

> *. . .pagkaraan ng anim na araw ay* isinama *ni Jesus si Pedro, at si Santiago, at si Juan. . .dinalang bukod sa isang mataas na bundok,*
>
> *At nagbagong-anyo siya sa harap nila: at nagliwanag ang kaniyang mukha na katulad ng araw, at pumuting tulad sa ilaw ang kaniyang mga damit.*

228 Siya'y nagbagong-anyo. Ano ang Kanyang ginawa? Ibinunsod ang Kanyang Sarili na magbagong-anyo, doon sa araw ng Kanyang pagparito. Ngayon masdan, mga ilang oras lang bago 'yun, binanggit ni Jesus ang bagay na ito rito sa kasunod na kabanata, "Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, na may ilan na nakatayo rito. . ." Ilan po ang nakakaalam na sa sasabihin ko? "May ilan dito na hindi na yayao, hindi mamamatay, hanggang sa makita nila ang Anak ng tao na dumarating sa Kaluwalhatian." Tama po ba? At dinala Niya si Pedro, Santiago, at Juan, ang tatlong saksi, dahil sa Lumang Tipan ang lahat-lahat, munti mang bawat salita, ay pinapatotohanang matatag ng tatlong saksi, at sila'y dinala sa ibabaw ng bundok.

229 Pansinin n'yo kung anong nauna. Oh, hindi nga ako puwedeng huminto lang dito, kailangan kong ipangusap ito. Tingnan! Ano ang unang bagay na nakita nila? Dinala nila si Jesus sa ibabaw ng bundok. . .o dinala sila ni Jesus, at Siya'y nagbagong-anyo sa harapan nila, nagbagong-anyo. Ang damit Niya'y suminag na parang araw sa katindihan nito, at doon ay lumitaw sa Kanya sina Moises at Elias. Sa ano bang anyo dumarating ang Anak ng tao ngayon? At sa una, ay lilitaw, sina Moises at Elias.

230 Ngayon, pansinin n'yo, bago magbalik si Jesus sa lupa. . . Ngayon, ito po'y medyo paunang panahon, pero ang Espiritu ni Elias ay babalik muli sa lupa at pagbabaliking-loob ang puso ng mga anak pabalik sa magulang. Yan mismo ang sinabi ng Biblia. Nakita siya rito ni Jesus, nakita siya ng mga alagad dito, sa pagkakasunud-sunod na pangyayari ukol sa pagparito ng Anak ng taong niluwalhati. Kinakailangan na

Siya'y maluwalhati at babalik. Ang unang bagay, bago nila Siya nakita, ay ano? Si Elias. Pagkatapos ano? Si Moises; ang Israel na bumabalik na roon, ang mga tumutupad-sa-utos. At pagkatapos ang niluwalhating Anak ng tao na. Hallelujah! Nakikita n'yo ba ang pagkakasunud-sunod ng pangyayari ukol sa Kanyang pagdating? Ang Espiritu ni Elias, o ang saksi ng huling kapanahunan ng iglesya. Kita n'yo, dumarating sa kapangyarihan para ihayag Siya.

231 Pagkatapos ang sandaan at apatnapu't apat na libong Judio ay magtitipon sa Bundok ng Sinai, kung saan ang Israel ay naging sariling bansa na; ang pinaka matandang bansa sa mundo, ang pinaka matandang watawat sa mundo; mayroon na silang sariling bansa, sariling watawat, sariling hukbong sundalo, sariling pera, at lahat na. Isa na sila sa mga miyembro ng liga ng mga bansa dahil sila'y isang bansa na. Sinabi ni Jesus na hindi sila kailanman itatakuwil hanggang sa ang lahat ng mga bagay ay matupad.

232 Ang kahiwagahan mismo kung papaanong ang grupo na yaon ng mga Judio, na inuusig kahit saan, at itinataboy, at pinalalayas at inaapi, katulad ng Iglesya sa pagtugaygay sa mga kapanahunan na ito ng pagtanggi, at sa kabila nun ay sinabi ni Jesus, "Kapag nakita n'yo ang puno ng igos na nagsusupling na ng kanyang usbong, na ang bansa na 'yun ay bumabalik na para maging isang bansa muli, ang panahon ay nalalapit na, anupa't napipinto na. Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, ang henerasyong Ito ay hindi lilipas hanggang sa ang lahat ng mga bagay ay matupad." Ang salinlahing ito . . . Ang mga taong ito ay hindi lilipas. Sinbukan silang patayin lahat ni Hitler, sinubukan silang patayin ni Mussolini, sinubukan silang patayin ni Stalin, lahat ng iba pa, pero hindi sila kailanman malilipol, o mapaglalaho sa lupa, sila'y magiging isang bayan mismo at isang bansa na tatayo roon. Amen!

233 Darating sina Moises at Elias. Oh! Umaasa ako na nakukuha n'yo ito.

234 Buweno, "Ang araw na sumisikat sa katindihan nito," ang Kanyang mukha, napagbago, napagbagong-anyo. Ngayon isa pang bagay, sa Apocalipsis 21:23, kung gusto n'yong ilista. Sa Bagong Jerusalem, 21:23, Siya'y ang Cordero na naroon sa Siyudad, 'yun ang Liwanag niyaon, na nagliliwanag; kaya hindi nila kailangan ng liwanag sa Siyudad, ang araw ay hindi sisikat doon, dahil ang Cordero na naroon sa gitna ng Siyudad ay ang magiging Liwanag niyaon. At ang mga bansa na naligtas ay lalakad sa Liwanag ng Cordero! Amen! Siya ang Liwanag ng Cordero. Oh, hindi ba't nagagalak kayo tungkol dito?

235 Hindi lang 'yun, pero Siya rin, sa pagdating Niya (nakita Siya ni Juan sa araw ng Panginoon), ang Araw ng katuwiran.

Dumako tayo sa Malakias. Si Malakias, ang huling propeta ng Lumang Tipan. Malakias, sa ika-4 na kabanata.

236 May munti lamang po akong kuwento na sasabihin tungkol sa kalugud-lugod kong maybahay na nakaupo riyan sa likod. Nabagabag ko siya nang husto bago kami ikinasal, sinusubukan ko ngang bumawi sa kanya pagkatapos naming maikasal. At hindi ko alam noon kung gusto ko pa bang mag-asawa o hindi, at kaya naman nalungkot siya nang husto. At naisip ko noon na napakabuti niyang dalaga na basta na lang ipauubaya, hahayaan ang kung sinong mabuting ginoo na pakakasalan siya't aalagaan siya. At naisip ko nga rin noon na ako nga'y di naman karapat-dapat; at hindi nga po, sa kanyang kabutihan, ano't anuman. Kaya nalungkot siya nang husto't hindi alam kung anong gagawin. Ito po'y mga taon na ang nagdaan, mga dalawampung taon na ang nakararaan. Nalungkot siya nang husto, nagsimula siyang umiyak araw at gabi. At sinusubukan ko nga noon na makipaghiwalay sa kanya, hindi dahil sa hindi ko siya mahal, pero dahil ayaw kong sayangin ang oras niya; dahil, makakahanap din naman siya ng iba, ibang mabuting tao, dahil siya talaga'y napakabuting dalaga na mananatili na lang ganoon, at ako'y kukuha . . . na sasama sa kanya at mga bagay na tulad nun. At iniisip ko—iniisip ko na mahal niya ako, at alam ko na mahal ko rin siya. Kaya mangyari na naisip ko, "Buweno, susubukan ko na lang . . . makikipagtipan na lang ako sa ibang babae at lalabas, at pasasamain ang loob niya sa akin." Para ngang pinapatay ko siya noon, galit na galit nga ako sa ginawa ko noon pagkatapos; siya'y nalungkot nang husto. Ang sabi ko sa kanya, sabi ko, "Napakabuti mong dalaga, ayaw kong—ayaw kong sayangin ang oras mo na tulad n'yan."

237 At sabi niya, "Pero mahal ko—mahal *kita*, Bill, at 'yun lang ang tangi kong maiibig." Sabi, "Mahal kita—mahal kita noon pa man sa tuwina."

Sabi ko, "Kinalulugod ko—kinalulugod ko 'yan. Pero," sabi ko, "alam mo," sabi ko, "isa kasi akong ermitanyo." Sabi ko, "Ako'y—ako'y mamumuhay na lang na parang isang ermintanyo. Kita mo, hindi na ako—hindi na ako mag-aasawa."

238 At siya'y talagang nakatuon na dun, alam n'yo, kaawa-awa siya. At lumabas siya't nagtungo sa—sa silungan. At nagtungo siya roon, at lumuhod siya, at sabi niya, "Panginoon, hindi ko na po alam ang gagawin ko. Ayaw ko—ayaw ko pong suwayin Ka, at ganoon pa man ay mahal ko si Bill, at hindi ko na po talaga alam kung anong gagawin ko. Panginoon, makapagkakaloob Ka ba sa akin ng kahit kaunting kaaliwan? Iyo po bang tutulungan ako kahit kaunti? Hindi pa po ako nakahihiling sa Iyo nang ganito dati sa buhay ko, Panginoon, at sana po'y hindi na ako hihiling pang muli ng ganito sa Iyo kailanman," sabi niya, "pero kung Iyo pong tutulungan ako, at bubuklatin ko ang Bibliang ito, at magkakaloob Ka po sa akin ng isang Kasulatan. Narinig ko po

na sinasabi ng ibang mga tao na Iyo nang ginawa ito." At nung buklatin na niya, napunta 'yun sa Malakias 4:

> *Narito, aking* ibibigay. . . o *susuguin* sa *inyo si Elias na propeta bago* ang—ang kakilakilabot *na kaarawan ng* P*ANGINOON:*

239 Sabi niya, "Tumayo ako roon na sadyang kampante nang lubos na tayo'y ikakasal ano't anuman." Kita n'yo?

> *Sapagka't, narito, ang araw ay dumarating, na nagniningas na parang hurno; at ang lahat na palalo, oo,. . . lahat* sila *na nagsisigawa ng* kasamaan, *ay magiging parang dayami: at ang araw na dumarating ay susunog sa kanila, sabi ng* P*ANGINOON ng mga hukbo,* at *hindi magiiwan sa kanila ng kahit ugat ni sanga man.*
>
> *Nguni't sa inyo na nangatatakot sa aking pangalan . . . ang Araw* (A-r-a-w) *Araw ng katuwiran* ay sisikat *na may kagalingan sa kaniyang mga pakpak*;. . .

240 "Ang araw ay sumisinag sa kanyang katindihan." Oh! Ang katindihan mismo ng Anak ng Diyos ay sumisinag sa kalagitnaan natin ngayong gabi. Nakatayo sa gitna ng pitong gintong kandelero sa Kanyang pitong-luping personahe rito bilang isang tagahatol. Bilang Isa mismo na nagdusa nang lubos at namatay para sa atin, at inako ang kahatulan ng Diyos sa Kanyang Sarili, at niyurakan ang pisaan ng ubas, ang kabangisan ng Diyos. Sa isang makasalanan Siya'y isang kalunus-lunos na talon, sa inyo na natatangay ang kaluluwa sa dagat ng buhay. At para sa Iglesya, Siya'y isang kalugud-lugod na Tagapagligtas, kung saan kayo'y nakaangkla sa kapahingahan, at pinakikinggan ang lumalagaslas na batis habang kayo'y nakahimlay at nagpapahinga na ganap na kontento kay Cristo. Napakagandang sandali! Na sumisinag sa atin ang Kanyang mainit na mga sinag, "Huwag kayong matakot, Ako Siya na noon, ang ngayon, at ang parating. Ako ang Pinakamakapangyarihan sa lahat, maliban sa Akin ay wala na. Ako ang Alpha at ang Omega, at ipagkakaloob ko sa kanya na nauuhaw ang mga bukal ng tubig ng Buhay nang walang bayad." Oh, grabeng pangako at grabeng pagsinta! At ang Cordero sa gitna ng Siyudad na hindi na kailangan ng liwanag, at Siya ang Araw ng katuwiran na may kagalingan sa Kanyang mga pakpak.

Siya ang Lila ng Lambak, ang Maliwanag at
Tala sa Umaga,
Siya'y pinaka maganda sa laksa-laksa sa aking
kaluluwa.
Sa kalungkutan Siya ang aking kaaliwan, sa
kaguluhan Siya ang aking pamalagian,
Sa aki'y sinasaysay Niya ang bawat kalinga na
malaladlad.
Hallelujah!

Siya ang Lila ng Lambak, ang Maliwanag at Tala sa Umaga,
Siya'y pinaka maganda sa laksa-laksa sa aking kaluluwa.

241 Siyanga, po! Oh, ang dakilang Tala sa Umaga habang ito'y papasikat para magliwanag, na inaanunsyo ang araw na parating, pinatatambad ito, sinasabi, "Ang araw ay malapit nang magliwayway, ang Anak ay napipinto nang dumating," at ibubunsod Niya ang Kanyang Sarili na pumailanlang mula sa likod ng lahat ng iba pang mga bituwin (Oh, ang ganda.) na may kagalingan sa Kanyang mga pakpak.

242 Ngayon balik na po sa ating mensahe. At papatapos na tayo ngayon, para paghandaan ang bukas ng gabi, dahil ang oras po'y sangkapat na oras na lang bago mag-alas nuwebe, ayaw po nating papanatilihin ang sinuman nang matagal, para tayo po'y makadalo pa rito.

243 Buweno, ang Araw ng katuwiran na may kagalingan sa Kanyang mga pakpak. Ngayon ang Kanyang mukha. Siya'y isang tagahatol, o isa pa nga itong bagay para ipakita na si Juan ay dinala roon sa araw ng Panginoon. Naniniwala ba kayo riyan? Dinala siya roon sa araw ng Panginoon at nakita ang Panginoon bilang isang tagahatol; hindi bilang saserdote, hindi bilang hari, kundi bilang isang tagahatol. Siya'y isang Tagahatol. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan? Sinasabi ng Biblia Siya'y isang Tagahatol. At heto Siya'y nadaramtang ganap bilang Tagahatol, ipinapakita ang bagay na Kanyang ginawa; kung ano Siya noon: kung ano Siya sa makasalanan, kung ano Siya sa Cristiano. At heto Siya na nakatayo ngayon na may tinig ng maraming tubig, at ang Kanyang mukha ay tulad sa araw na sumisinag sa katindihan nito.

244 Ngayon ang mga resulta, sa ika-16 na talata. "At. . . " Hindi po, pasensya na, sa ika-17 talata po pala:

*At nang siya'y aking makita, ay nasubasob akong waring patay sa kaniyang paanan.*

245 Grabe! Hindi nga makatayo pa ang propeta, sa pagkakita nang ganoong katinding pangitain. Kanya mismong—Kanya mismong sinaid ang kanyang lakas, at siya'y nasubasob sa Kanyang paanan na waring patay. Ngayon masdan:

*At ipinatong niya sa akin ang kaniyang kanang kamay, na sinasabi, Huwag kang matakot; ako'y ang una at ang huli:*

246 Oh, grabe! Hindi isang propeta, Diyos! "Ako'y ang una't ang huli. Ako ang una ng Apocalipsis, ang huli ng Apocalipsis. Ako Siya noon, Ako Siya ngayon, Ako Siya na parating." Sige't tingnan natin:

*Ako ay. . . Ako. . .*

*At ipinatong niya sa akin ang kaniyang kanang kamay, na sinasabi, Huwag kang matakot; ako'y ang una at ang huli:*

*Ako siya na nabubuhay, at namatay; at, narito, ako'y nabubuhay magpakailan man,* (Noong sandali na 'yun mismo. At pagkatapos siya'y napahiyaw:) *Amen; at nasa akin ang mga susi ng impyerno at . . . kamatayan.*

247 Ngayon, huwag kayong matakot. Bakit tayo matatakot? Bakit papalya ang Iglesya na tuparin ang Kanyang . . . na bulayin ang Kanyang Salita? Tayo po'y huminto muna rito pansumandali, dahil tayo'y papatapos na. Bakit matatakot pa ang Iglesyang ito? Ano bang bagay ang ipinangako Niya kailanman na hindi Niya pinaging-realidad sa harap natin? Bakit n'yo katatakutan ang isang pagpaparusa o ang isang kabilang buhay? "Huwag kayong matakot! Ako Siya noon, Siya ngayon, at ang parating. Ako ang una't ang huli. Nasa Akin ang mga susi ng impyerno't kamatayan dito." Bakit? "Ako'y nagtagumpay at pinagtagumpayan ang parehong impyerno at kamatayan (Parehong ang libingan at hades; ang kamatayan mismo, ang hades mismo.) para sa inyo. Pinagtagumpayan Kong lahat ito. Pinagtagumpayan Ko ang impyerno, kamatayan, libingan." Noong Siya'y narito sa lupa, Siya ang tanging daki- . . .

248 Maraming kalalakihan ang nagtungo para manlupig. Alam n'yo ba 'yan? Si Napoleon ay humayo mismo para lupigin ang mundo, at ginawa niya 'yun sa edad na trenta y tres. Sa edad na disi siyete hanggang beinte singko, si Napoleon ay isang tagapagtaguyod ng mga pagbabawal, hindi siya naniniwala sa pag-iinom ng alak o kung ano. Pumunta siya ng Pransya. Hindi siya isang Pranses, nanggaling siya sa isang isla, nagpunta siya roon para makipagtuos sa Pransya dahil hindi niya 'yun gusto, di niya gusto ang Pransya. Pero natalo siya. At humayo siya at pinagtagumpayan ang Pransya, at tinipon niya ang mga kalalakihang Pranses at nilupig ang mundo. At sa edad na trenta y tres naupo siya roon at umiyak dahil wala nang natitira pa para lupigin, at namatay siya na isang lango sa alak. Talunan, ni hindi niya nalupig ang sarili niya. Kita n'yo? At pagkatapos kinaharap niya ang kanyang sukdulang balakid sa Waterloo, kinaharap niya ang kanyang wakas sa Waterloo. Ako nga'y nakabisita na roon at nasilayan ang matatandang sinaunang sagisag ng mga reliko at mga bagay-bagay sa dako roon, noong nakapunta kami roon sa lupaing 'yun. Ngayon, kunin nating halimbawa ang manlulupig na 'yun, nagpasimula siya bilang kabataang lalaki at pumanig siya sa maling panig na lulupigin, at namatay siya, na isang kahihiyan.

249 Pero may isa pang kabataang Lalaki na dumating sa mundo minsan. Namatay Siya sa edad na trenta y tres at ginapi Niya ang lahat na magagapi. Noong Siya'y nasa

lupa pinagtagumpayan Niya ang simbuyo ng damdamin, kapalaluan, Kanyang pinagtagumpayan ang karamdaman, Kanyang pinagtagumpayan ang mga diyablo. Noong Siya'y mamatay, pinagtagumpayan Niya ang kamatayan. Noong Siya'y bumangon, Kanyang pinagtagumpayan ang impyerno. Umakyat Siya at pinagtagumpayan ang lahat ng mga bagay mismo na laban sa sangkatauhan, inilagay ang lahat ng 'yun sa pisaan ng ubas ng Diyos at niyurakan 'yun at pinagtagumpayan ang kamatayan, impyerno, libingan, karamdaman, pagkapormal, at lahat ng iba pa, at pinagtagumpayan ang lahat ng 'yun, at bumangon sa ikatlong araw at pinagtagumpayan ang lahat ng kapaligiran sa itaas, at hinapak ang ulap na 'yun sa pagitan ng Diyos at ng tao, at dinugtong ang Langit at lupa na maglakip. Maluwalhati! Oh, grabe! Whew!

250 Doon Siya'y nakatayo bilang Makapangyarihang Mananagumpay mula nang hapakin Niya ang tabing sa dalawa, hayun nga Siya. Kamit ang mga susi ng kamatayan at impyerno na nakasabit sa Kanyang tagiliran, "Huwag kayong matakot." Ipinatong ang Kanyang kanang kamay (Kanyang kapangyarihan) kay Juan, at iniangat siya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang kanang kamay, ang sabi, "Huwag kang matakot, Ako Siya noon, at Siya ngayon, at ang parating. Ako ang una't ang huli. Ako Siya na nabuhay, at namatay, at nabuhay muli nang magpakailanman. Amen!" Oh!

Narito! Masdan ang Dakilang Mananagumpay,
Narito! Masdan Siya na hayag ang pagtunghay,
Hayan Siya na nakatindig, ang Dakilang Mananagumpay,
Dahil hinapak Niya ang tabing na magwalay.

251 Amen! Hinapak ang bawat sagabal mula sa sangkatauhan, para sila'y maidugtong uli gaya noon sa halamanan ng Eden. Ngayon, ang tao. . . Di ko pa sana sasabihin ito, pero sasabihin ko na. Ang tao'y pinaka makapangyarihan. Hindi man kayo naniniwala riyan, pero ang tao nga. Ang isang tao na ganap na nakasuko sa Diyos ay pinaka makapangyarihan. Hindi ba't ang sabi Niya, sa Marcos 11:22, "Anumang mga bagay ang sabihin n'yo, at hindi mag-aalinlangan sa inyong puso, ito'y mangyayari. Makakamit n'yo ang bagay na sinabi n'yo"?

252 Anong mangyayari kapag ang dalawang pinaka makapangyarihan ay nagtagpo? Kapag ang Diyos at tao'y nagtagpo na maglalakip, dalawang pinaka makapangyarihan, siguradong may bagay nga na mauuga. Anu-. . . Anuman ang sabihin n'yo sa pamamagitan ng kapangyarihan na 'yun ng paglalang ng pinaka makapangyarihan ng Diyos, yamang nalalaman na ipinangako Niya ito, at sinabi Niya ito sa Kanyang Salita, nagbubunsod 'yun ng kapangyarihan na lumalabas doon at ipinangyayari ang mga bagay, mga bagay na hindi umiiral,

ibinubunsod, ang mga ito na umiral, dahil ang dalawang pinaka makapangyarihan ay nagtagpo. Hayun nga Siya na nakatayo! Oh, hindi ba't kahanga-hanga Siya!

253 Sige't tingnan pa natin kung may ilan pa tayong maiinam na bagay. Sa ika-18 talata, ngayon sa ika-19 na talata. Si Juan; anong nangyari nung makita niya ang Kanyang mukha? Ang resulta? Siya'y nasubasob sa paanan ni Jesus; hindi nga siya makatayo, ang pantaong buhay niya ay naubos, sadyang hindi niya 'yun magawa. Si Jesus ay isang mananagumpay, Siya'y nakapanagumpay na.

254 Ngayon nagbigay Siya ng isang utos, at pagkatapos malapit na tayong magtapos sa kabanata, dito sa ika-19 na talata:

> *Isulat mo ang mga bagay na nakita mo, at ang mga bagay ngayon, at ang mga bagay na mangyayari sa darating;*

255 Nabasa na natin ang ika-20 talata:

> *Ang hiwaga ng pitong bituin na iyong nakita* sa *kanang kamay*,...ay *pitong kandelerong ginto*. *Ang pitong bituin ay* pitong *anghel ng pitong iglesia: at ang pitong kandelero na iyong nakita ay ang pitong iglesia*.

256 Oh! Nakakapigil hininga, kaibigan. Ang makita Siya na nakatayo roon sa kataasan...sa kataas-taasan ng Kanyang pagka-Diyos. Siya ang Tagahatol, ang Saserdote, ang Hari, ang Agila, ang Cordero, ang Leon, ang Alpha, ang Omega, ang Ama, Anak, Espiritu Santo; Siya noon, ang ngayon, at ang parating. Niyuyurakan ang mga pisaan ng ubas ng kabangisan ng Diyos, at nalugod nang lubos, hanggang ang Diyos (Kanyang sabihin sa krus), noong Siya'y magbangon, (Ang sabi Niya, "Ito'y tapos na."), nalugod nang *lubos* ang Diyos, hanggang sa ang Espiritu na lumisan sa Kanya'y bumalik noong umaga ng Pagkabuhay at hinango Siya at ibinangon Siyang mag-uli para sa ating pag-aaring ganap.

257 Doon ay tumingala si Juan at nakita Siya na nakatayo roon na ang mga paa'y tanso, ang mga mata'y parang ningas ng apoy na paroo't parito sa lupa. Nakita na Siya ni Daniel pitong daang taon bago 'yun, sa siya ring kalagayan, sa siya ring uri, siya ring tao na nakatayo roon, ang Matanda sa mga araw, at isa na kagaya ng Anak ng tao na lumakip sa Kanya, at ang lahat ng kahatulan ay ipinataw sa Kanya, nakatayo sa Puting Luklukan ng Paghatol.

258 Yamang nakikita na natin ang mga bagay na ito, anong uri ba dapat tayo na mga tao, mga kaibigan? Pagpalain kayo ng Diyos haya't 'yan ang aking panalangin. Kita n'yo? Iniibig n'yo ba Siya? Sinasampalatayanan n'yo ba Siya? Naiangkla n'yo na ba ang inyong kaluluwa sa Kanya?

259 Iyuko natin ang ating mga ulo pansumandali.

260 Sige't nang taimtim at marahan, habang aawitin natin nang taimtim, *I've Anchored My Soul In The Haven Of Rest*, "Hindi ko na kailanman maririnig ang dumadagundong na talon para ilayo ang aking kaluluwa, bagkus Ito'y mangungusap nang matimyas na kapayapaan sa aking kaluluwa." Nang taimtim po ngayon, na may pagpipitagan, ang lahat po.

> I've anchored my soul in a haven of rest,
> I'll sail the wild sea no more;
> The tempest may sweep o'er the wild, stormy deep,
> In Jesus I'm safe evermore.
>
> I've anchored my soul in the haven of rest,
> I'll sail the wild sea no more;
> The tempest may sweep o'er the wild, stormy deep,
> In Jesus I'm safe evermore.
>
> Shine on me, (Iyong itulot ang mga Sinag ng Kaluwalhatian, Panginoon,) Lord, shine on me,
> Let the Light from the Lighthouse shine on me;
> Oh, shine on me, Lord, shine on me,

Atin pong itaas ang ating mga kamay sa Kanya.

> Let the Light from the Lighthouse shine on me.
>
> To be like Jesus, (Siyanga po, Panginoon.) to be like Jesus,
> On earth I long to be like Him;
> All through life's journey from earth to Glory,
> I only ask to be like Him.
>
> . . . Oh wondrous Saviour,
> On earth I long to be like Him;
> All through life's journey from earth to Glory,

261 Nagnanais ba kayo na ang Kanyang Buhay ay mananahan mismo sa inyo, na pinapaaninag ang Kanyang Presensya? Kung nais n'yo, at hindi n'yo pa ito kamit, maaari po ba kayong tumayo para sa pananalangin? kayo po na nagnanais na maalaala sa pananalangin. Pagpalain kayo ng Diyos.

> From Bethlehem's manger . . .

Manatili lang pong nakatayo, manatili lang.

> . . . came forth a Stranger, (Kayo'y magiging dayuhan sa mundo.)
> On earth I long to be like Him;
> All through life's journey, from earth to Glory,
> I only ask to be like Him.

Just to be like Jesus, to be like Jesus, (Yan ang aking mithi.)
On earth I long just to be like Him;
All through life's journey, from earth to Glory,
I only ask to be like Him.

. . . lowly, humble and lowly.

262 Ngayon, Makalangit na Ama, nakatayo ang marami na nagnanais na tanggapin Ka. Sila'y pagod na sa pagpaparoo't parito, nang hindi nalalaman kung saan sila patungo, doon sa alon ng buhay; at nalalaman na marahil bago mag-umaga ay hihinto na sa pagtibok ang puso, pagkatapos naroon ang malaking padausdos, mga talon, na nasa unahan nila, isang naliligaw na kaluluwa. Sila'y nagpakasasa sa sarili nila, sa pagiging waring sanlibutan, pero nagnanais sila na maging katulad Mo ngayon, Panginoon. Iyo pong tanggapin sila sa Iyong Kaharian, sila'y sa Iyo, Ama, dahil nalalaman Mo ang kanilang mga puso't mga haka ng kanilang puso. At Iyo po mismong isinulat 'yun, at sinaysay mismo ng Iyong sariling mga labi, "Ang dumirinig ng Aking mga Salita, at sasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan." Iyo rin pong sinabi, Panginoon, "Mapalad ang nagbabasa at ang nakakapakinig sa mga salita ng propesiya ng Aklat na ito, dahil ang oras ay napipinto na." Napagtatanto nila na ang oras ay napipinto na. Hindi na nila maaatim na magpatangay-tangay pa, Panginoon. Iyo pong ihagis ang panagip na lubid, hilahin sila papunta sa Iyong Sarili, Panginoon. Nawa'y humayo sila mula sa gabing ito, na pinapaaninag ang Liwanag ni Jesus Cristo. Itinatagubilin ko sila sa Iyo, Diyos Ama, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Nawa'y mapagpakumbabang sumunod sila sa Panginoon sa pagbabautismo rito sa simbahan; ilagay ang Espiritu Santo sa kanilang buhay nang sa gayon ay maging kagaya sila ni Jesus sa nalalabi pang mga araw ng kanilang buhay. Amin pong hinihiling ito sa Kanyang Pangalan.

Just to be like Jesus, to be like . . .

263 Ang ilan sa inyo na nakatayo malapit o nakaupo malapit sa mga taong ito, na mga Cristiano, sige't umabot lang at hawakan ang kanilang kamay at makipagkamay. Ipatong n'yo ang inyong kamay sa kanila, "Purihin ang Diyos para sa iyong kaluluwa." Ang atin pong altar ay punung-puno na hanggang dito ng mga bata't lahat, hindi na natin sila mapalapit dito.

. . . through life's journey from earth to Glory,
I only ask to be like Him.

Shine on me, Oh, shine on me,
Oh, let the Light from the Lighthouse, shine on me;

Oh, shine on me, Lord, shine on me,
Let the Light from the Lighthouse, shine on me.

264 Napakainam po ba ng pakiramdam n'yo? Hindi po ba't napakainam ng pakiramdam n'yo? Hindi ba't natutuwa kayo na kayo'y Cristiano? Makipagkamay lang po sa mga nakaupo malapit sa inyo ngayon, habang aawitin natin ang isang himno na ito, "Maglalakad tayo sa liwanag, sa magandang Liwanag," sa Liwanag ng Panginoong Jesus Cristo na nahayag sa laman.

We'll walk in the Light, such a beautiful Light,
Come where the dewdrops of mercy are bright;
Shine all around us, by day and by night,
Jesus, the Light of the world.

Awitin po, nang lahat!

We'll walk in this Light, it's a beautiful Light,
Come where the dewdrops, of mercy are bright;
Shine all around us, by day and by night,
Jesus, the Light of the world.

Come, all ye saints of Light proclaim,
Jesus, the Light of the world;
Then the bells of Heaven will ring,
Oh Jesus, the Light of the world.

Itaas n'yo po ang kamay n'yo ngayon.

We'll walk in this Light, beautiful Light,
Come where the dewdrops of mercy are bright;
Shine all around us, by day and by night,
Jesus, the Light of the world.

We'll keep walking in this Light, It's such a beautiful Light,
It comes where the dewdrops of mercy shines bright;
Just shine all around us, by day and by night,
Jesus, He's the Light of the world.

We'll walk in this Light (Liwanag ng Ebanghelyo), beautiful Light,
Comes where the dewdrops of mercy are bright;
Shine all around us, by day and by night,
Jesus, the Light of the world.

265 Doon sa pasimula, sa Pentecostes noong ang Espiritu Santo'y bumuhos sa Iglesya. Ang Mensahe'y nagpatuloy hanggang Smirna; doon nga'y nakatayo si Ireneo, ang dakilang banal ng Diyos, na nagsasalita sa iba't ibang wika, sa kapangyarihan ng Diyos, nagbabangon ng mga patay, nagpapagaling ng maysakit, Siya'y lumalakad sa Liwanag. Pagkatapos niya'y dumating si Columba, ang dakila't makapangyarihang banal ng Diyos. Marami sa iba pang dakilang mga banal na dinadala

ang Mensahe, lumalakad mismo sa Liwanag, sa Liwanag ng Ebanghelyo, ang siya ring Liwanag na suminag noong Araw ng Pentecostes; si Cristo'y nakatayo sa kalagitnaan ng Kanyang mga hirang, at ang pitong gintong kandelero na 'yun ay pinapaaninag ang Kanyang ningning na gaya ng araw sa gitna ng init nito.

266 Heto tayo sa 1961:

> We're walk in this Light, It's such a beautiful Light,
> It comes where the dewdrops of mercies are bright;
> Oh, shine all around us by day and by night,
> Oh Jesus, the Light of the world.

Tayo po'y tumayo.

> We'll keep walking in this Light, It's such a beautiful Light,
> It comes where the dewdrops of mercy are bright;
> Shine all around us by day and by night,
> Jesus, the Light of the world.

Iniibig n'yo ba Siya?

> I love Him, I love Him,
> Because (sadya ngang dahil) He first loved me,
> And purchased my salvation
> On Calvary's tree.

267 Hindi na kailanman babaling pa sa mga bagay ng sanlibutan. Ako'y patay na sa sanlibutan at ang sanlibutan ay patay na sa akin. Ako'y lalakad na lamang kay Cristo, sa pangunguna ng Espiritu Santo. Iniibig ko Siya dahil iniibig Niya ako, at pinasisinag ang Kanyang mga pagpapala sa akin, na ibinibigay sa akin ang kanang kamay ng pakikipagkaisa patungo sa Kanyang Kaharian. Ngayon tayo'y mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos, at hindi pa lumilitaw kung magiging ano tayo sa huli; pero nalalaman natin na tayo'y magkakaroon ng isang katawan na gaya ng Kanyang sariling maluwalhating katawan, dahil makikita natin Siya bilang Siya mismo.

> Pagkatapos tayo'y lalakad sa Liwanag, sa isang magandang Liwanag,
> Na dumarating sa dako na ang mga patak ng hamog ng kahabagan ay nagliliwanag;
> Suminag nawang buo sa aming paligid sa araw at gabi,
> Si Jesus, ang Liwanag ng mundo.

268 Iniibig n'yo ba Siya? Alam n'yo, matapos nitong mensahe na humihiwa talaga at lahat, gustung-gusto ko ngang napapakinggan ang mga tao na bumabaling sa mga himno

at sumasamba mismo't umaawit sa Espiritu. Wala na ngang mas kaaya-aya pa kaysa sa mainam na lumang pag-awit. Tama po. Gustung-gusto ko nitong makalumang mga pentecostal na pag-awit; hindi yaong hinapit nang husto na mga boses na walang hingahan hanggang sa pumiyok at mag-asul na ang mukha, at di naman alam kung ano yaong inaawit nila. Ang gusto ko nga'y isang tao na marahil kahit sentunado umawit pero kamit naman niya ang isang Pentecostal na Pagpapala, na ngayon nga'y inaawit niya ang tungkol dun. Oh, grabeng—grabeng kaluwalhati nga ng mga mahimig na mga awitin na 'yun ukol sa krus! Oh, grabe!

Ang pagtatapos na awitin natin ngayon:

Take the Name of Jesus with you,
Child of sorrow and of woe;
It will joy and comfort give you,
Take It everywhere you go.

Bukas ng gabi nang alas siyete, eksaktong alas siyete, ang mga gawain po'y magsisimula.

At the Name of Jesus bowing,
Falling prostrate at His feet,
King of kings in Heaven we'll crown Him,
When our journey is complete.

Awitin nating lahat ngayon.

Take the Name of Jesus with you,
Child of sorrow and of woe;
It will joy and comfort give you,
Oh, take It everywhere you go.

Precious Name, Oh how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, Oh how sweet! (How sweet!)
Hope of earth and joy of Heaven.

269 Ngayon, natapos natin ito ngayong gabi. Ang. . .may nagtanong sa akin ngayon, "Kung mayroon bang gawain bukas ng umaga?" Wala po, wala po bukas, magpahinga kayo nang maigi bukas. Siguro po'y bukas na ng gabi, hindi ko na maipapatuloy pa 'yung mensahe, kaya gagawin ko na lang ito sa kasunod na araw. Sa tuwing hindi ko magagawang. . .hindi ko makukumpleto ang buong mensahe, ipagpapatuloy ko nang kasunod na araw. Pero naiskedyul na natin ito, sa palagay ko ay handa na kayo para sa Kapanahunan ng Iglesya. Siyanga po ba?

Sige po't, iyuko na natin ang ating mga ulo habang umaawit tayo nang taimtim ngayon:

At the Name of Jesus bowing, (Bawat dila'y maghahayag Nito mismo.)
Falling prostrate at His feet,
King of kings in Heaven we'll crown Him,
When our journey is complete

Precious Name, Oh how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, Oh how sweet! (How sweet!)
Hope of earth and joy of Heaven.

*Ang Pangitain Sa Patmos* TAG60-1204E
(The Patmos Vision)
Serye ng Ang Kapahayagan Ukol Kay Jesus Cristo

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Disyembre 4, 1960, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org